


Ang panahon ng Mga Hari ang ikatlong yugto sa kasaysayan ng Israel. Kasunod ito ng panahon ng **Mga Patriyarka** (si Abram sa taong 1750 bago dumating si Kristo) at ng panahon ng **Exodo at Pananakop** (si Moises sa taong 1250 bago kay Kristo).

Nakuha ni David ang Jerusalem mga taong 1000 bago kay Kristo. Mahahati naman ang kaharian ni David at ng kanyang anak na si Solomon pagkamatay ni Solomon sa taong 932 bago kay Kristo. At pagkaraan ng dalawang dantaon, mawawala bilang bansa ang hilagang bahagi na tinatawag na kaharian ng Israel. Mananatili naman ang bahaging timog na tinatawag na kaharian ng Juda hanggang sa taong 587, ang taon ng pagkawasak ng Jerusalem at ng Templo pati na ng **Pagkatapon** sa Babilonia.

Apat na dantaon ito sa kabuuan. At ang apat na dantaong ito ng Mga Hari ang pinaka-importante sa banal na kasaysayan. Sapagkat ito humigit-kumulang ang panahon nang palitawin ng Diyos ang **mga propeta** mula sa bayang iyon.

Sa apat na dantaong ito nasulat ang malaking bahagi ng Biblia. Hindi lamang ang mga dakilang propeta ang nag-iwan ng kanilang mga gawa: Isaias, Jeremias… kundi ang mga pangkat ng mga propeta na di masyadong mahalaga ang silang sumulat sa malaking bahagi ng kasaysayan ng Israel: ang mas maraming bahagi sa mga pahina ng Genesis at ng Exodo, ang mga libro ng Deuteronomio, Josue, Mga Hukom, Samuel at Mga Hari.

Kaya masasabi nating ang panahon ng Mga Hari ang pinakaimportante sa banal na kasaysayan, at ito ang panahong alam natin nang may higit na katiyakan.

Magiging pagbagsak at kabulukan nga lamang ng Kaharian ng Israel ang apat na dantaong ito kung ang kasaganaan lamang at kapangyarihan nito ang pagtutuunan natin ng pansin. Pero sa apat na dantaong ito lumago ang pananampalataya ng Israel na nahaharap sa lahat ng klase ng tukso, pag-uusig at kahirapan, hanggang marating ang kadakilaan at kaliwanagan sa mga dakilang propeta na tanging si Kristo lamang ang mas makapagsusulong.

### *Ang Aklat ng Mga Hari*

Sa simula'y iisang aklat lamang ang dalawang libro ng Mga Hari. Bunga ng pagninilay ng mga propeta ang librong ito na binuo at tinipon sa panahon ng Pagkatapon sa Babilonia.

Isa itong kasaysayang **panrelihiyon** kaya naman kusang di isinasama ang mga bagay-bagay na maaaring importante para sa iba: halos wala itong sinasabi tungkol sa mahalagang paghahari nina Omri at Yeroboam II sa Samaria. Laging di maganda ang paghuhusga nito sa mga hari ng Israel (Kaharian ng Samaria), at isinisisi sa kanila ang pagkakahati ng matandang Kaharian ni David. Ilang hari lamang ng Juda ang pinupuri nito dahil sa kanilang katapatan kay Yawe.

**Mga huling taon ni David**

**1** 1 Matandang-matanda na si Haring
David, at giniginaw pa rin kahit na
makapal ang kumot. 2 Kaya sinabi sa
kanya ng kanyang mga lingkod: "Haha-
nap kami para sa panginoong hari ng
isang dalagitang mag-aasikaso at mag-
aalaga sa kanya. Matutulog siyang ka-
sama ninyo, aking panginoong hari, at
maiinitan kayo."
3 At naghanap nga sila ng isang ma-
gandang dalagita sa buong lupain ng Is-
rael. Natagpuan nila si Abisag ng Sunam,
at iniharap siya sa hari. Napakaganda ng
dalaga. 4 Inalagaan niya't pinaglingkuran
ang hari ngunit hindi nakipagtalik sa
kanya ang hari.
5 Samantala, nagpumilit manguna si
Adonias na anak ni Hagit kayat nagpa-
handa siya ng isang karwaheng may mga
mangangabayo at limampung tauhang
tatakbo sa unahan niya. 6 Hindi siya kai-
lanman pinakialaman ng kanyang ama sa
pagsasabing "Ba't ganito ang ginawa
mo?" Napakaguwapo ni Adonias at ipina-
nganak siyang kasunod ni Absalom.
7 Kinausap ni Adonias si Yoab na anak ni
Sarvia at ang paring si Abiatar, at ku-
mampi sila sa kanya. 8 Ngunit hindi
sumama sa kanya ang paring si Sadok at
si Benayang anak ni Yehoyada at ang
propetang si Natan, pati sina Simei at Rei
at ang magigiting na mga bantay ni
David.
9 Naghandog si Adonias ng mga tupa,
baka at pinatabang guya sa may Bato ng
Zohelet na malapit sa En-Rogel. Inany-
ayahan niya ang lahat niyang kapatid,
ang mga anak ng hari, at lahat ng taga-
Juda na mga opisyal ng hari. 10 Ngunit
hindi niya kinumbida ang propetang si
Natan at si Benaya at ang magigiting na
mga bantay, pati si Solomon na kanyang
kapatid.
11 Kinausap naman ni Natan si Batseba
na ina ni Solomon: "Hindi mo ba naba-
litaan na si Adonias na anak ni Hagit na
ang naghahari? At walang kamuwang-
muwang ang ating panginoong si David.
12 Kaya ito ang payo ko para mailigtas mo
ang iyong sarili at ang iyong anak na si
Solomon. 13 Humayo ka't pasukin si
Haring David, at sabihin sa kanyang:
Aking panginoong hari, hindi ba't isi-
numpa mo sa iyong alipin na si Solomon
na aking anak ang siya ngang hahalili sa
iyo at uupo sa iyong trono? Pero bakit si
Adonias ang naghahari ngayon? 14 At
habang nakikipag-usap ka pa sa hari,
papasok naman ako at sisigundahan ko
ang iyong mga salita."
15 Pinuntahan ni Batseba ang hari sa
kuwarto nito. Matandang-matanda na ang
hari at si Abisag na Sunamita ang nag-
aalaga rito.

16 Yumuko si Batseba at lumuhod sa harap ng
hari. Sinabi sa kanya ng hari: "Ano ang gusto
mo?" 17 Sumagot si Batseba: "Aking panginoon,
isinumpa mo sa iyong alipin sa ngalan ni
Yaweng iyong Diyos na ang aking anak na si
Solomon ang siya ngang hahalili sa iyo at uupo
sa iyong trono. 18 Ngunit ngayon, aking pangi-
noong hari, si Adonias na ang naghahari nang
hindi ninyo namamalayan. 19 Naghandog na
siya ng napakaraming baka, mga pinatabang
guya at mga tupa, at inanyayahan niya ang lahat
ng anak ng hari, pati ang paring si Abiatar at si

---

**Tatlong bahagi** ang mapapansin:

– ang karilagan ng paghahari ni Solomon at ng Templo;

– ang kasaysayan ng dalawang kaharian ng Israel at Juda matapos mahati;

– matapos maglaho ang kaharian ng Israel, nagpapatuloy ang kasaysayan ng Juda hanggang sa pagkawasak nito sa taong 587.

Bumubuo ng isang hiwalay na bahagi ang mga kabanata tungkol kina **Elias** at **Eliseo**: 1 Hari kab. 17-19 at 2 Hari kab. 2 hanggang 8.

Yoab na heneral ng hukbo; pero hindi niya
inanyayahan ang iyong lingkod na si Solomon.
20 At ngayon, O panginoon kong hari, nakatuon
sa iyo ang mata ng buong Israel para malaman
kung sino ang kahalili mong luluklok sa iyong
trono. 21 Kung hindi ito mahahayag bago yumao
sa piling ng kanyang mga ninuno ang aking
panginoong hari, ako at ang aking anak na si
Solomon ay ituturing na mga kriminal."

22 Nagsasalita pa siya sa hari nang dumating
ang propetang si Natan. 23 At inihayag sa hari:
"Narito ang propetang si Natan!" Pumasok si
Natan at humarap sa hari, yumuko na halos abot
sa lupa ang mukha, 24 at sinabi: "Panginoon
kong hari, nakapagpasya na ba kayong si
Adonias ang siyang hahalili sa inyo at uupo sa
inyong trono? 25 Sapagkat lumusong siya nga-
yon at naghandog ng napakaraming baka, pina-
tabang guya at tupa. Inanyayahan niya ang
lahat ng anak ng hari, ang mga pinuno ng hukbo
at ang paring si Abiatar. Kasalo niya sila nga-
yong kumakain at umiinom at sinasabing:
Mabuhay si Haring Adonias! 26 Ngunit ako na
inyong lingkod, ang paring si Sadok at si Bena-
yang anak ni Yehoyada pati ang inyong lingkod
na si Solomon ay di niya inanyayahan. 27 Gawa
nga kaya ito ng aking panginoong hari nang
hindi ipinaaalam sa inyong mga lingkod kung
sino ang mauupong kahalili ninyo sa inyong
trono?"

**Humalili si Solomon kay David**

28 Sumagot si Haring David: "Tawagin
mo si Batseba." Kayat pumasok si Bat-
seba at humarap sa hari. 29 Sumumpa ang
hari at sinabi: "Buhay si Yawe na sumagip
sa akin sa lahat ng kagipitan, 30 at tutu-
parin ko ngayon ang isinumpa ko noon sa
iyo sa ngalan ni Yaweng Diyos ng Israel
nang sabihin kong ang anak mong si
Solomon ang maghaharing kahalili ko at
siyang mauupo sa aking trono bilang ka-
palit ko."

31 Yumuko pagkatapos si Batseba na
abot sa lupa ang mukha at nagpugay sa
hari, at sinabing: "Mabuhay si Haring
David magpakailanman!"

32 Sinabi ni Haring David: "Tawagin ang
paring si Sadok, ang propetang si Natan
at si Benayang anak ni Yehoyada." At
pumasok sila't humarap sa hari. 33 Sinabi
naman sa kanila ng hari: "Isama ninyo
ang mga lingkod ng inyong panginoon at
isakay ninyo ang aking anak na si
Solomon sa aking mola. Ilusong ninyo
siya sa Gihon, 34 at doon siya papahiran
ng langis ng paring si Sadok at ng pro-
petang si Natan bilang hari ng Israel. At
hipan ninyo ang trumpeta at sabihing:
Mabuhay si Haring Solomon! 35 At saka
kayo umahong kasunod niya, pupunta
siya at luluklok sa aking trono. Siya ang
maghaharing kahalili ko sapagkat siya
ang inilagay kong pinuno ng Israel at
Juda."

36 Sumagot sa hari si Benayang anak ni
Yehoyada: "Amen! Totohanin nawa ito ni
Yaweng Diyos ng aking panginoong hari.
37 Kung paanong sumainyo si Yawe, aking
panginoong hari, gayundin naman sana
kay Solomon at gawing mas masagana
ang kanyang paghahari kaysa paghahari
ng aking panginoong Haring David."

38 Lumusong nga ang paring si Sadok,
ang propetang si Natan at si Benayang
anak ni Yehoyada, kasama ang mga
Kereteo at mga Peleteo, at pinasakay si
Solomon sa mola ni Haring David at si-
namahan sa Gihon. 39 Kinuha ng paring si
Sadok ang sungay na sisidlan ng langis
mula sa Banal na Tolda at pinahiran si
Solomon. Hinipan nila ang trumpeta at
nagsigawan ang buong bayan: "Mabuhay
si Haring Solomon!" 40 At saka umahong
kasunod niya ang buong bayan sa saliw
ng mga plauta at malakas na sigawan sa
galak. At nayanig ang lupa sa kanilang
ingay.

41 Narinig ito ni Adonias at ng lahat
niyang bisita habang patapos na sila sa
pagkain. Pagkarinig sa tunog ng trum-
peta, itinanong ni Yoab: "Ano ang ibig
sabihin ng ingay at gulo sa lunsod?"
42 Nagsasalita pa siya nang dumating si
Yonatang anak ng paring si Abiatar at
sinabi ni Adonias sa kanya: "Tuloy ka,
dahil tiyak na magandang balita ang dala
ng isang marangal na taong tulad mo."

43 Sumagot si Yonatan kay Adonias:

"Hindi gayon, sapagkat ginawa nang hari
si Solomon ng ating panginoong Haring
David. 44 Pinasama sa kanya ng hari ang
paring si Sadok, ang propetang si Natan,
si Benayang anak ni Yehoyada at ang mga
Kereteo at mga Peleteo, at pinasakay
naman nila siya sa mola ng hari. 45 At sa
Gihon, pinahiran siya bilang hari ng pa-
ring si Sadok at ng propetang si Natan.
Mula roo'y umahon silang nagbubunyi, at
nagsigawan naman ang buong siyudad.
Iyon ang ingay na narinig ninyo. 46 Naka-
luklok na rin si Solomon sa trono ng hari,
47 at nagsidating ang mga opisyal para
batiin ang ating panginoong Haring David
sa pagsasabing: Higit nawang patanyagin
ng inyong Diyos ang pangalan ni Solomon
kaysa inyong pangalan, at gawing mas
dakila ang kanyang paghahari kaysa
inyong paghahari. Yumuko sa kanyang
higaan ang hari, 48 at sinabi: "Purihin si
Yaweng Diyos ng Israel sapagkat niloob
niyang isa sa aking lahi ang lumuklok sa
aking trono at makita ito ng aking mga
mata."

49 Nanginig sa takot ang lahat ng bisita
ni Adonias at nagsialis, at nagkanya-
kanyang lakad ang bawat isa. 50 Sa takot
ni Adonias kay Solomon, lumapit siya sa
altar at kumapit sa mga sungay nito.
51 Iniulat kay Solomon na takot si Adonias
sa kanya kaya kumapit ito sa mga sungay
ng altar, at sinabing: "Isumpa sa akin
ngayon ni Haring Solomon na hindi niya
ako ipapapatay sa tabak ng kanyang mga
tauhan."

52 Sumagot si Solomon: "Kung mapatu-
tunayan niyang siya'y marangal na tao,
hindi malalaglag sa lupa isa man sa kan-
yang buhok. Ngunit mamamatay siya
kung may kasamaang matagpuan sa
kanya." 53 Ipinatawag siya ni Haring Solo-
mon at ibinaba siya mula sa altar. Huma-
rap siya at yumuko kay Haring Solomon,
at sinabi sa kanya ni Solomon: "Hala,
umuwi ka na."

**Mga huling habilin ni David**

2 • 1 Nang malapit nang mamatay si David,
tinagubilinan niya ang kanyang anak na si
Solomon: 2 "Papunta na ako sa hantungan ng
sangkalupaan. Magpakatatag ka't magpaka-
lalaki. 3 Tuparin mo ang mga utos ni Yaweng
iyong Diyos, lumakad sa kanyang mga daan at
isabuhay ang kanyang mga tuntunin, mga utos,
mga batas at mga deklarasyon, gaya ng na-
susulat sa Batas ni Moises. At magtatagumpay
ka sa lahat mong gagawin at saan ka man

---

• **2.1** Isinasalaysay ng unang dalawang kabanata ang paghalili kay Haring David.

Sa pagwawakas ng kanyang buhay, dalawang anak na niya ang naghahangad ng kapangyarihan (tingnan 2 S 3:2), kaya hinihirang niya ang asawa na ang anak ay tagapagmana ng trono. Kaya itinatalaga si Betsabe na inang-reyna at ang kanyang anak namang si Solomon ang maghaharing kahalili ng kanyang amang si David. Mula sa araw na ito, mababatid ng aklat ng Mga Hari ang kahalagahan ng dinastiya ni David sa kasaysayan ng pagliligtas kaya babanggitin nito sa bawat paghahari ang asawang itatalagang inang-reyna na ang anak ay aakyat sa trono sa Jerusalem (hindi ito gagawin para sa hari ng Israel sa rebeldeng kaharian). At pagdating ni Jesus na tunay na inapo ni David, sasabihin naman sa atin kung sino ang babaeng hinirang sa lahat, ang inang itinalaga ng Diyos sa kanyang kataas-taasang kapangyarihan, na magsilang sa Anak at Tagapagmana (Lc 1:31; 1:42; Heb 1:2).

*Tuparin mo ang mga utos ni Yaweng iyong Diyos.* Ito ang karunungan ng mga propeta: mananagana ang hari at ang kanyang bayan kung tinutupad nila ang mga batas na ito.

*Yoab... Semei...* (5 at 8) Pinatawad na sila ni David, pero bakit hinihingi niya ngayon kay Solomon na patayin sila? Wala itong kinalaman sa pagkakaroon ng sama ng loob ni David kundi sa paniniwala niya sa pamahiin tulad ng mga tao ng kanyang panahon. Para sa kanila, ang sumpang binigkas ni Semei (2 S 16:6) o ng sino pa man ay nananatiling nakabitin sa ere at maaaring biglang *bumagsak* na lamang sa mga inapo ni David. Ang pagliligpit kay Semei ang pinakamabisang paraan upang *sa kanya mismo bumagsak* ang sumpa at maligtas ang mga inapo ni David. Gayundin naman, ang dugong pinadanak ni Yoab (2 S 3:28) ay *sumisigaw sa langit* at mas mabuting iligpit siya upang sa kanya ibunton ang *katarungan ng Diyos* at hindi sa mga anak ni David.

Si Solomon ang magiging halimbawa ng taong pinagkalooban ng Diyos ng lahat ng puwede nitong naisin. Isang malakas na bayan ang iniwan ni David dahil sa kanyang mga tagumpay. Maayos ang ekonomiya at buhay ang sambayanan. Wawaldasin namang lahat ni *Solomong Kahanga-hanga*. At pagdating sa bagay na ito, siya ang pinakasalamin ng kanyang bayan: abut-abot sa kanya ang pagpapala ng Diyos, "nagpakabusog siya, nagpatabang gaya ng toro at pagkatapos nama'y tinalikuran at itinakwil ang kanyang Diyos" (Dt 32:15).

pumunta. 4 At tutuparin ni Yawe ang pangakong
binitiwan niya sa akin: Kung pakakaingatan ng
iyong mga anak na lumakad sa harap ko sa
katapatan at nang buo nilang puso't kaluluwa,
hindi ka mawawalan ng inapo sa trono ng Israel.

5 Alam mo na rin ang ginawa sa akin ni Yoab
na anak ni Sarvia, kung ano ang ginawa niya sa
dalawang pinuno ng mga hukbo ng Israel na sina
Abner na anak ni Ner at Amasang anak ni Yeter.
Pinatay niya sila at pinadanak ang dugo ng
digmaan sa panahon ng kapayapaan. Kaya
binahiran niya ng dugong ito ang sinturon sa
kanyang baywang at mga sandalyas sa kan-
yang mga paa. 6 Kayat kumilos ka ayon sa iyong
karunungan ngunit huwag mo siyang pababa-
yaang mamatay nang mapayapa sa kanyang
katandaan. 7 Pagmagandahang-loob mo naman
ang mga anak ni Barzilay na taga-Galaad, at
isalo mo sila sa iyong hapag sapagkat inalala-
yan nila ako nang tumakas ako kay Absalom na
iyong kapatid.

8 Alalahanin mo si Simei na anak ni Gerang
Benjaminita ng Bahurim. Minura niya ako't
sinumpa nang araw na nagpunta ako sa Maha-
naim. Bumaba siya para salubungin ako sa
Jordan, at isinumpa ko sa kanya sa ngalan ni
Yawe na hindi ko siya papatayin sa tabak.
9 Ngunit huwag mo siyang pawalang-sala nga-
yon sapagkat isa kang taong marunong. Alam
mo na ang gagawin mo sa kanya. Madugo ang
magiging pagkamatay niya sa kanyang katan-
daan.

10 Nahimlay si David sa piling ng kanyang
mga ninuno, at inilibing sa lunsod ni David.
11 Apatnapung taong naghari si David sa Israel,
pitong taon sa Hebron at tatlumpu't tatlong taon
sa Jerusalem. 12 At lumuklok si Solomon sa
trono ni David na kanyang ama, at naging
matatag ang kanyang paghahari.

**Mga unang gawa ni Solomon**

13 Pinuntahan naman ni Adonias na anak ni
Hagit si Batsebang ina ni Solomon. Tinanong
siya ni Batseba: "Naparito ka ba sa kapaya-
paan?" Sumagot siya: "Kapayapaan," 14 at idi-
nagdag, "May sasabihin ako sa inyo." Sinabi ni
Batseba: "Magsalita ka." 15 At sinabi ni Adonias:
"Alam ninyo na akin ang kaharian, at inaasahan
ng buong Israel na ako ang maghahari. Ngunit
nagbago ang lahat at nauwi sa aking kapatid
ang kaharian sapagkat sa kanya ito ibinigay ni
Yawe.

16 Isang bagay lamang ang aking hinihingi sa
inyo at huwag sana ninyong tanggihan." Sinabi
ni Batseba: "Sabihin mo." 17 At nagpatuloy si
Adonias: "Pakisabi ninyo sana kay Haring Solo-
mon, dahil hindi niya kayo tatanggihan, na
ibigay niya sa akin bilang asawa si Abisag na
Sunamita." 18 At sumagot si Batseba: "Bayaan
mo't kakausapin ko ang hari para sa iyo."

19 Pinuntahan ni Batseba si Haring Solomon
para kausapin ito tungkol kay Adonias. Tumin-
dig ang hari para salubungin siya, yumuko sa
kanya at saka naupo sa trono at nagpalagay ng
upuan sa kanyang kanan para sa ina ng hari.

20 Naupo si Batseba at sinabi: "May maliit na
kahilingan ako sa iyo. Huwag mo sana akong
bibiguin." At sinabi sa kanya ng hari: "Sabihin
ninyo, aking ina, at hindi ko kayo tatanggihan."
21 Kaya sinabi niya: "Bayaan mong maging
asawa ni Adonias na iyong kapatid si Abisag na
Sunamita." 22 Sumagot si Haring Solomon sa
kanyang ina: "Bakit ninyo hinihingi si Abisag na
Sunamita para kay Adonias? Hingin na ninyo
pati ang kaharian para sa kanya, sapagkat
panganay siya sa akin at kakampi pa niya ang
paring si Abiatar at si Yoab na anak ni Sarvia."

23 Sumumpa si Haring Solomon sa ngalan ni
Yawe: "Gawin ito sa akin ng Diyos at higit pa
kung hindi pagbabayaran ni Adonias ng kan-
yang buhay ang kahilingang ito. 24 Buhay si
Yaweng naglagay at nagluklok sa akin sa trono
ni David na aking ama at pati sa aking inapo
gaya ng kanyang ipinangako – tiyak na mama-
matay si Adonias ngayon!"

25 Inutusan ni Haring Solomon si Benayang
anak ni Yehoyada na patayin si Adonias.

26 Sinabi ng hari sa paring si Abiatar: "Umuwi
ka sa iyong lupain sa Anatot. Dapat ka sanang
mamatay pero hindi kita ipapapatay sa araw na
ito sapagkat ikaw ang bumuhat sa Kaban ni
Yaweng Panginoon sa unahan ni David na aking
ama, at nakiramay ka sa lahat ng paghihirap ng
aking ama." 27 Tinanggal ni Solomon si Abiatar
sa pagiging pari ni Yawe at nagkatotoo ang
salitang binitiwan ni Yawe sa Silo tungkol sa
angkan ni Eli.

28 Dumating ang balita kay Yoab na pumanig
kay Adonias pero hindi kay Absalom. Nagtago
siya sa tolda ni Yawe at kumapit sa mga sungay
ng altar. 29 Nang iulat kay Haring Solomon na
nagtago si Yoab sa tolda ni Yawe at nasa tabi ng
altar, isinugo ng hari si Benayang anak ni Yeho-
yada at inutusan: "Humayo ka't patayin siya!"

30 Kaya pumasok si Benaya sa tolda ni Yawe
at sinabi kay Yoab: "Iniuutos ng hari: Lumabas
ka!" Ngunit sinabi ni Yoab: "Hindi! Dito ako ma-
mamatay."

Inihatid ni Benaya sa hari ang sagot at sina-
bing "Ito ang sabi ni Yoab at sagot niya sa akin."
31 Sumagot ang hari: "Gawin mo ang sinabi niya.
Patayin mo siya at ilibing. Sa gayo'y mailalayo

mo sa akin at sa sambahayan ng aking ama ang
sala para sa dugong pinadanak ni Yoab. 32 Sa
kanya sisingilin ni Yawe ang sarili niyang dugo
sapagkat dalawang lalaking matuwid at mas
mabuti kaysa kanya ang sinalakay niya't pina-
tay sa tabak nang hindi alam ni David na aking
ama: sina Abner na anak ni Ner at heneral ng
hukbo ng Israel at si Amasang anak ni Yeter at
heneral ng hukbo ng Juda.
33 Kay Yoab at sa kanyang lahi magpa-
kailanman sisingilin ang kanilang dugo. Ngunit
magkakaroon ng kapayapaan mula kay Yawe
magpakailanman si David at ang kanyang lahi
at sambahayan at trono."
34 Nilapitan nga si Yoab ni Benayang anak ni
Yehoyada at sinaksak at pinatay. Inilibing siya
sa sarili niyang bahay sa disyerto. 35 Inilagay ng
hari si Benayang anak ni Yehoyada na pinuno ng
hukbo bilang kapalit ni Yoab. Ang paring si
Sadok naman ang ipinalit niya kay Abiatar.
36 Ipinatawag ng hari si Simei at sinabi sa
kanya: "Magtayo ka ng iyong bahay sa Jerusa-
lem at doon ka tumira, at huwag kang aalis doon
para pumunta kahit saan. 37 Sa araw na umalis
ka't tumawid sa lambak ng Kidron, tiyak na
mamamatay ka. At ikaw na rin ang maysala sa
iyong kamatayan." 38 Sinabi ni Simei sa hari:
"Mabuti ang inyong sinabi. Gagawin ng inyong
lingkod ang utos ng aking panginoong hari."
Kaya mahabampanahong tumira si Simei sa
Jerusalem.
39 Makaraan ang tatlong taon, dalawa sa mga
alipin ni Simei ang tumakas at nagpunta kay
Akis na anak ni Maaka at hari ng Gat. Nang
ibalita kay Simei na nasa Gat ang kanyang mga
alipin, 40 sumakay siya sa kanyang asno at
pinuntahan si Akis sa Gat para hanapin ang
kanyang mga alipin. 41 Nalaman ni Solomon na
umalis si Simei sa Jerusalem at nakabalik na
galing Gat.
42 Ipinatawag ng hari si Simei at sinabi sa
kanya: "Di ba't pinasumpa kita kay Yawe at
binalaang mamamatay ka sa oras na umalis ka
at magpunta kahit saan? At sinabi mo naman sa
aking: Mabuti ang inyong sinabi; susunod ako!
43 Ba't di mo tinupad ngayon ang sumpa kay
Yawe at ang utos ko sa iyo?" 44 Sinabi pa ng hari
kay Simei: "Alam mo sa iyong puso ang lahat ng
kasamaang ginawa mo kay David na aking
ama. Sisingilin ka ngayon ni Yawe sa iyong
kasamaan. 45 Ngunit pagpapalain si Haring So-
lomon, at matatatag ang trono ni David sa harap
ni Yawe magpakailanman."
46 Inutusan ng hari si Benayang anak ni Yeho-
yada, at lumabas ito at pinatay si Simei.
At ngayo'y naging mas matatag ang pag-
hahari ni Solomon.

3 • 1 Nakipagkasunduan si Solomon kay Pa-
raong hari ng Ehipto sa pamamagitan ng
kasal. Pinakasalan niya ang anak na babae ni
Paraon at dinala ito sa lunsod ni David hanggang
matapos ang pagpapatayo niya sa kanyang
palasyo, sa Bahay ni Yawe at sa pader sa palibot
ng Jerusalem.
2 Nang panahong iyon, nag-aalay ng mga
hain sa mga altar sa burol ang sambayanan
dahil hindi pa naitatayo ang Bahay para sa
Ngalan ni Yawe. 3 Mahal ni Solomon si Yawe at
lumakad siya sa mga tuntunin ni David na
kanyang ama, ngunit nag-alay din siya ng mga
hain at nagsunog ng insenso sa mga altar sa
burol.

**Ang panaginip ni Solomon**

• 4 Nagpunta ang hari sa Gibeon para
mag-alay ng mga handog sapagkat ito
ang pinakapangunahing Santuwaryo sa
mga Burol noon. Nag-alay si Solomon ng
sanlibong sinunog na handog sa altar na
iyon. 5 At kinagabihan, napakita si Yawe
kay Solomon sa Gibeon sa isang pana-
ginip at sinabi ng Diyos: "Hingin mo ang
gusto mong ibigay ko sa iyo."

---

• **3.**1 *Ipinakikita ng librong ito si Solomon sa tatlong gawain nito na nagpatanyag sa kanya bilang hari:*
- *ang kanyang karunungan, kab. 3-5;*
- *ang kanyang mga pagpapatayo, kab. 6-8;*
- *ang kanyang mga pinagkakaabalahan, kab. 9-10.*

Nagtatapos ang salaysay sa kab. 11 sa hatol ng Diyos sa kahariang ito: handa na ang pagkakahati at pagbaligtad ng mga pangyayari.

Alam na natin na kabilang sa mga asawa ni Solomon ang anak ng Paraon: patunay ng katanyagan ng maliit na bansa ng Israel dahil hindi ibinibigay na asawa nang basta na lamang kung kanino ang mga anak ng Paraon.

*Sinasabing pumupunta pa rin siya sa mga Altar sa Burol para sumamba. Nang sumunod na mga dantaon, mahigpit itong ipinagbawal nang ang Templo ng Jerusalem ang naging tanging kalugud-lugod kay Yawe. Nang mga sandali namang iyon, wala pang panuntunan kayat pumupunta si Solomon sa Gibeon kung saan naroon ang isang napakatandang santuwaryo. Siya mismo ang nag-aalay ng mga hayop na handog, na magiging pribilehiyo ng mga pari sa tribu ng Levi.*

• 4. Tanyag na tanyag ang "panaginip" ni Solomon. Talinhaga lang marahil ng sumulat ang panaginip na ito para maipaliwanag sa atin ang mga saloobin ni Solomon nang magsimula siyang maghari.

6 Sumagot si Solomon: "Ipinakita mo sa
iyong lingkod na si David na aking ama
ang dakilang pag-ibig sapagkat matapat
siyang naglingkod sa iyo, at naging matu-
wid at totoo sa iyo. Ipinagpatuloy mo ang
dakilang pag-ibig na ito sa kanya at binig-
yan mo siya ng isang anak na luluklok sa
kanyang trono gaya sa araw na ito. 7 At
ngayon, O Yaweng aking Diyos, pagpa-
lain mo ang iyong lingkod bilang kahalili
ni David na aking ama, bagamat ako'y
maliit na bata lamang at walang alam
gawin. 8 Ang iyong lingkod ay nasa piling
ng iyong bayang pinili, isang bayang da-
kila at hindi mabilang sa dami. 9 Kaya
pagkalooban mo ang iyong lingkod ng
pusong maunawain para pamunuan ang
iyong bayan at para mapagpasyahan ko
ang mabuti at masama. Sapagkat sino
ang makapamumuno sa ganito kalaking
bayan mo?"

10 Nasiyahan ang Panginoon at ang
bagay na ito ang hiniling ni Solomon. 11 At
sinabi sa kanya ng Diyos: "Dahil ito ang
iyong hiniling at hindi mahabang buhay o
mga kayamanan para sa iyong sarili, o
kamatayan ng iyong mga kaaway, kundi
pagkaunawa ang hiningi mo para mapag-
pasyahan kung alin ang tama, 12 ipagka-
kaloob ko ang iyong hinihiling. Binibigyan
kita ngayon ng isang pusong marunong at
mapagsuri kaya wala kang makakatulad sa
mga nauna sa iyo at wala nang lilitaw pang
tulad mo sa mga susunod sa iyo. 13 Ibini-
bigay ko rin sa iyo ang hindi mo hiningi, ang
yaman at katanyagan kayat wala kang
makakapantay sa mga hari habang ika'y
nabubuhay. 14 At kung lalakad ka sa aking
mga daan, at tutuparin mo ang aking mga
tuntunin at mga utos tulad ng ginawa ni
David na iyong ama, pahahabain ko ang
iyong buhay."

15 Nagising si Solomon – panaginip la-
mang pala! Kaya umuwi siya sa Jeru-
salem at tumayo sa harap ng Kaban ng
Tipan ni Yawe at nag-alay ng mga sinunog
na handog at mga hain sa mabuting pag-
sasamahan. At naghanda siya nang ma-
laki para sa lahat ng kanyang mga opis-
yal.

**Ang hatol ni Solomon**

• 16 Pagkatapos, dalawang babaeng ba-
yaran ang lumapit sa hari at tumayo sa
harap niya. 17 Isa sa mga babae ang nag-
salita: "O aking panginoon, magkasama
kaming nakatira ng babaeng ito sa iisang
bahay at nanganak ako samantalang ka-

---

*Hingin mo ang gusto mo*. Ito ang handog ng Diyos sa batang Solomon na kanyang mahal. Ito ang handog ng Diyos sa sinumang kabataang nahaharap sa kanyang mga responsabilidad sa unang pagkakataon. Hindi isang kapalarang ipapataw sa kanya ang kanyang buhay, kundi sa paano't paano ma'y ibibigay sa kanya ng Diyos ang kanyang hinahangad. "Ano ang hinahanap ninyo?" (Juan 1:38).

*Ipinakita mo kay David na aking ama ang dakilang pag-ibig*. Hindi nagsimula sa wala ang batang hari. Utang niya ang lahat sa kanyang mga ninuno, at galing naman sa Diyos ang lahat ng ipinagkakautang niya sa kanyang mga ninuno. Alam ni Solomon na nakipagsumpaan si Yawe kay David magpakailanman: "Hindi ko kailanman tatanggihan ang iyong mga anak."

*Pagkalooban mo ako ng pusong maunawain para pamunuan ang iyong bayan*. Mahalaga kay Solomon na maisagawa niya ang kanyang mga responsabilidad. At ayaw niyang sirain ang pag-asa ng kanyang bayan.

Ngunit ibang mga anyo ng "karunungan" ang nasa isip ni Solomon, mga paraang lubos na pinahahalagahan nang panahong iyon:

– ang iorganisa ang kanyang buhay para mabuhay siya nang matagal. Huwag magkaproblema ni mabalisa, manatiling malayo sa mga sakripisyong hinihingi ng isang maharlikang pamumuhay;

– ang mga yaman, kasiyahan sa buhay, ang maglibang, maging komportable, "maggudtaym";

– ang pagkamatay ng mga kaaway, ibig sabihi'y ang matagumpay na kapangyarihan, ang kasiyahan ng personal na kayabangan.

*Binibigyan kita ngayon ng isang pusong marunong; at ibinibigay ko rin sa iyo ang hindi mo hiningi*. Ito rin ang aral ni Jesus sa Mateo 6:33.

• 16. Pinatototohanan dito ng kilalang-kilalang kaalaman ni Solomon sa paghatol ang karunungang tinanggap niya para sa kapakanan ng kanyang bayan.

Tingnan nating mabuti ang pagkilos ni Solomon. Puwede sana niyang paalisin ang dalawang babae: "Wala namang gana ang mga taong ito. Sila ang umareglo sa kanilang mga problema." Hindi tiningnan ni Solomon na babaeng bayaran ang dalawang ito, kundi hinanap niya kung sino talaga ang ina. Kaya umisip siya ng solusyon na hindi itinatadhana ng batas.

sama ko siya sa bahay. 18 Tatlong araw
pagkapanganak ko, nanganak din naman
ang babaeng ito. Kami lamang ang na-
roon, walang ibang tao sa bahay liban sa
aming dalawa. 19 At namatay ang anak ng
babaeng ito nang gabi ring iyon dahil na-
daganan niya. 20 Kayat bumangon siya
kinahatinggabihan, at kinuha ang aking
anak na katabi ko sa pagtulog, inihiga sa
kanyang kandungan, at inilagay naman
sa aking kandungan ang kanyang patay
na anak. 21 Pagbangon ko kinaumagahan
para pasusuhin ang aking anak, nakita
kong patay na ito. Ngunit nang tingnan ko
itong mabuti nang umagang iyon, nakilala
kong hindi pala iyon ang aking anak."

22 Sinabi naman ng isa pang babae:
"Anak ko ang batang buhay, ang batang
patay ang anak mo." Sumagot ang unang
babae: "Hindi. Ang batang patay ang
anak mo, anak ko ang buhay." At nagtalo
sila sa harap ng hari.

23 Sinabi ng hari: "Sinasabi nito: Anak
ko ang buhay, at ang patay ang anak mo.
At sinasabi naman nito: Hindi; ang patay
ang anak mo, at anak ko ang buhay." 24 At
sinabi ng hari: "Bigyan ninyo 'ko ng ta-
bak." Nang madala sa hari ang tabak,
25 iniutos niya: "Hatiin ang batang buhay:
ibigay ang kalahati sa isang ito at ang
kalahati sa isa pa."

26 Sinabi sa hari ng ina ng buhay na
bata dahil sa awa sa anak ng kanyang
sinapupunan: "O aking panginoon, ibigay
na po ninyo sa kanya ang buhay na bata,
huwag lamang ninyong patayin." Ngunit
sinabi ng isa pa: "Hindi 'yan mauuwi sa
iyo o sa akin, hatiin ang bata."

27 Sumagot ang hari at sinabi: "Ibigay
sa kanya ang buhay na bata, at huwag
patayin. Siya ang ina ng bata."

28 At nabalitaan sa buong Israel ang
hatol na ginawa ng hari, at nagkaroon sila
ng pitagan sa hari sapagkat nakita nilang
sumasakanya ang karunungan ng Diyos
sa paggagawad ng katarungan.

**Ang karangyaan ni Solomon**

**4** 1 Si Haring Solomon ang hari ng buong
Israel 2 at ang mga sumusunod ang kan-
yang matataas na opisyal:
si Azarias na anak ng paring si Sadok, 3 sina
Elihoref at Ahias na mga anak ni Sisa ang mga
kalihim, si Yosafat na anak ni Ahilud ang taga-
pagtala, 4 si Benayang anak ni Yehoyada ang
heneral ng hukbo, sina Sadok at Abiatar ang
mga pari, 5 si Azarias na anak ni Natan ang
tagapamahala ng mga opisyal.

Si Zabud na anak ng paring si Natan ang
personal na tagapayo ng hari, 6 si Ahisar ang
mayordomo sa palasyo, at si Adoniram naman
na anak ni Abda ang namamahala sa sapilitang
pagpapatrabaho.

7 May labindalawang gobernador si Solomon
sa buong Israel, at sila ang sagot sa kailangan ng
hari at ng kanyang sambahayan: tig-isang
buwan ang toka ng bawat isa sa buong santaon.

8 Narito ang kanilang mga pangalan: si Ben-
Hur sa kabundukan ng Efraim, 9 si Ben-Deker sa
Makaz, Saalbim, Bet-semes at Elon-Bethanan,
10 si Ben-Hesed sa Arubot (sa kanya rin ang
Soko at ang buong lupain ng Hefer), 11 si Ben-
Abinadab sa buong rehiyon ng Dor (maybahay
niya si Tafat na anak ni Solomon), 12 si Baana na
anak ni Ahilud sa Taanak, Megiddo at sa buong
Bet-san hanggang Abel-mehola sa kabila pa ng
Yokmeam,

13 si Ben-Geber sa Ramot-Galaad pati ang
rehiyon ng Argob sa Basan, animnapung mala-
laking siyudad na napapaderan at natatrang-
kahan ng mga tanso, 14 si Ahinadab na anak ni
Ido sa Mahanaim, 15 si Ahimaaz sa Neftali (may-
bahay niya si Basemat na anak ni Solomon), 16 si
Baana na anak ni Husai sa Aser at Bealot, 17 si
Yosafat na anak ni Parua sa Isacar, 18 si Simei na
anak ni Ela sa Benjamin, 19 si Geber na anak ni
Uri sa lupain ng Galaad na bayan ni Sihong hari
ng mga Amorreo at ni Og na hari ng Basan.

At may tagapamahala rin sa lupain ng Juda.

27 Ang mga gobernador na ito ang nagpa-
padala ng pagkain kay Haring Solomon at sa
lahat ng dumudulog sa hapag ng hari: bawat isa
sa buwang toka niya. At tiniyak nilang walang
anumang kulang. 28 Nagdadala rin sila ng se-
bada at dayami para sa mga kabayo at mga

---

Ipinakikita ng kanyang pamamaraan na hindi mai-
gagawad ang katarungan sa pamamagitan lamang ng
mga tekstong tungkol sa batas. Ang mga responsable
ang kailangang tumingin sa tao nang may parehong
pang-unawa na ginagawa ng Diyos sa pagsaliksik sa
kaibuturan ng puso ng lahat.

mola saanman naroon ang hari, bawat isa ayon
sa kanyang toka.
22 Ang pagkain ni Solomon ay binubuo ng
tatlumpung sako ng pinong harina, animnapung
sako ng magaspang na harina, 23 sampung ma-
tatabang baka, dalawampung baka sa pastulan,
sandaang tupa, bukod pa sa mga usa at mga
gasela, kambing bundok at matatabang ibon.
24 Naghari siya sa lahat ng nasa kanluran ng
Eufrates mula sa Tipsa hanggang Gaza, pati sa
lahat ng hari. At nagkaroon ng kapayapaan sa
lahat ng dako. 25 Buong buhay ni Solomon na
nabuhay nang matiwasay ang Juda at Israel
mula Dan hanggang Berseba, bawat isa sa lilim
ng kanyang ubasan at puno ng igos.

20 Parang buhangin sa dalampasigan sa dami
ang Juda at Israel: nagkakainan sila, nag-iinu-
man at nagkakasayahan. 21 Naghari si Solomon
sa lahat ng kaharian mula sa Eufrates hanggang
sa lupain ng mga Pilisteo at sa hangganan ng
Ehipto. Nagbuwis ang mga ito at naglingkod kay
Solomon habang nabubuhay siya.

26 May apatnapung libong kuwadra ng kaba-
yo si Solomon para sa kanyang mga karwahe at
labindalawang libong mangangabayo.

29 Pinagkalooban ng Diyos si Solomon ng
natatanging karunungan at kaalaman at pang-
unawang sinlawak ng buhanginan sa dalam-
pasigan. 30 Higit pa ang karunungan ni Solomon
sa karunungan ng lahat ng tao sa silangan, at
higit pa sa lahat ng karunungan ng Ehipto.

31 Pinakamarunong siya sa lahat ng tao –
kaysa kay Etan na Ezraita, at kina Heman,
Kalkol at Darda na mga anak ni Mahol. At
kumalat ang kanyang katanyagan sa lahat ng
karatig-bansa. 32 Gumawa siya ng tatlunlibong
salawikain at sanlibo't lima naman ang kanyang
mga awit.

33 Nangusap siya tungkol sa mga puno mula
sa sedro ng Lebanon hanggang sa isopong
tumutubo sa pader. Tinalakay niya ang tungkol
sa mga hayop at mga ibon, tungkol sa mga
gumagapang at sa mga isda.

34 Dumating sila mula sa lahat ng bansa para
pakinggan ang karunungan ni Solomon: mga
sugo ng lahat ng hari sa daigdig na nakabalita sa
kanyang karunungan.

**5** • 1 Nang mabalitaan ni Hiram na hari ng
Tiro na pinahiran nila si Solomon bilang
haring kahalili ng ama nito, nagpadala siya sa
kanya ng mga sugo. Kaibigan ni David si Hiram
sa lahat ng panahon.

2 Ipinadala naman ni Solomon ang mensa-
heng ito sa kay Hiram: 3 "Alam mong hindi
nakapagtayo si David na aking ama ng Bahay
para sa Ngalan ni Yaweng kanyang Diyos dahil
sa digmaang nakapalibot sa kanya hanggang
ipailalim ni Yawe sa kanyang mga paa ang
kanyang mga kaaway. 4 Ngunit ngayo'y pinag-
kalooban ako ni Yaweng aking Diyos ng kapa-
yapaan sa lahat ng dako at wala nang kaaway o
kapahamakan. 5 Kaya balak kong magtayo ng
Bahay para sa Ngalan ni Yaweng aking Diyos
gaya ng sinabi ni Yawe kay David na aking ama:
Ang iyong anak na paluluklukin ko sa iyong
trono bilang kahalili mo ang siyang magtatayo
ng Bahay para sa Ngalan ko. 6 Iutos mo ngayon
na iputol nila ako ng mga sedro sa Lebanon.
Tutulungan ng aking mga tauhan ang iyong
mga tauhan, at babayaran ko sa iyo ang anu-
mang suweldong itatakda mo para sa iyong mga
tauhan. Sapagkat alam mo namang walang
sinuman sa amin ang makapamumutol ng troso
tulad ng mga taga-Sidon."

7 Nang malaman ni Hiram ang pahatid ni
Solomon, labis siyang nagalak at kanyang si-
nabi: "Purihin si Yawe sa araw na ito sa pagbi-
bigay kay David ng matalinong anak bilang
pinuno ng malaking bayang ito." 8 At ipinasabi ni
Hiram kay Solomon: "Natanggap ko ang men-
saheng ipinaabot mo sa akin at gagawin ko ang
lahat ng gusto mo tungkol sa mga kahoy na
sedro at sipres. 9 Ilulusong sa dagat ng aking
mga tauhan ang mga troso mula sa Lebanon.
Ipagagawa kong balsa ang mga iyon sa dagat at
ihahatid sa lugar na itatakda mo. Doon pag-
hihiwa-hiwalayin ang mga iyon kayat maipaha-
hakot mo na. Mapagbibigyan mo naman ang
kagustuhan mo sa pagbibigay ng pagkain sa
aking sambahayan."

10 Binigyan ni Hiram si Solomon ng lahat ng
trosong sedro at sipres na kailangan nito, 11 at
binigyan naman ni Solomon si Hiram ng dala-
wampunlibong sakong trigo bilang pagkain ng

---

• **5.1** Matalino sa paghuhukom, matalino sa pamumuno sa kanyang nasasakupan, matalino sa paggawa ng mga kasabihan, salawikain at salmo. Sa kanya galing ang pinakaunang maliit na simula ng aklat ng Mga Kasabihan. At pagkatapos ay palalabasin naman ng sumulat ng Aklat ng Karunungan na gawa ito ni Solomon. Kaya sa Biblia, si Solomon ang lumilitaw na sumulat ng Eclesiastes, Awit ng mga Awit, Karunungan gayong iba ang talagang sumulat ng mga ito.

*Tinipon ni Solomon sa kanyang palasyo ang mga manunulat na silang susulat at bubuo sa mga tradisyon ng Israel na hanggang sa mga sandaling iyo'y kalat-kalat o pabukambibig lamang na isinasalin. Sa panahong ito nila isinulat ang pinakamatatandang libro ng Biblia (tingnan ang Introduksyon sa Genesis).*

kanyang sambahayan at dalawampunlibong galon ng dinalisay na langis. Ginawa ito ni Solomon para kay Hiram taun-taon.

12 Binigyan ni Yawe ng karunungan si Solomon gaya ng ipinangako niya sa kanya, at nagkaroon sila ng kapayapaan ni Hiram, at gumawa silang dalawa ng kasunduan.

13 Iniutos ni Haring Solomon ang sapilitang paggawa ng tatlumpunlibong lalaki mula sa buong Israel. 14 Pinapunta niya ang mga iyon sa Lebanon, tigsasampung libo buwan-buwan, kayat tig-isang buwan sila sa Lebanon at dalawang buwan naman sa kani-kanilang mga tahanan. Si Adoniram ang namahala sa sapilitang paggawa. 15 May pitumpung libong pahinante si Solomon at walumpung libong tagatibag ng bato sa bundok 16 di pa kabilang dito ang mga kapatas na inilagay ng mga katiwala ni Solomon para mamahala sa paggawa: mga tatlunlibo't tatlundaang lalaking namamahala sa mga trabahador. 17 Sa utos ng hari, nagtibag sila ng malalaki at mamahaling mga bato para sa pundasyon na sininsel na bato para sa Bahay ni Yawe. 18 Pinutol at inihanda ng mga trabahador nina Solomon at Hiram at ng mga taga-Gebal ang mga troso at mga bato para itayo ang Bahay.

**Itinayo ni Solomon ang templo**

6 • 1 Sa ika-apatnaraa't walumpung taon matapos lumabas ang mga Israelita mula sa lupain ng Ehipto, sa ikapat na taon ng paghahari ni Solomon sa Israel, sa buwan ng Ziv na ikalawang buwan ng taon, sinimulan ni Solomon na itayo ang Bahay ni Yawe.

2 Ang Bahay na ipinatayo ni Haring Solomon para kay Yawe ay siyamnapung talampakan ang haba, tatlumpu ang luwang at apatnapu't lima ang taas. 3 Tatlumpung talampakan ang haba ng patio sa harap ng Santuwaryo ng Bahay na kasinluwang mismo ng Bahay, at labinlimang talampakan naman ang luwang mula sa harap ng Bahay. 4 Gumawa siya ng mga bintanang may rehas sa Bahay.

5 Nagtayo rin siya ng isang balangkas na kadatig ng mga pader na nakapaligid sa Bahay at kumukulong sa Santuwaryo at sa Kabanal-banalang Lugar. Nagpagawa rin siya ng mga silid sa paligid. 6 Pito't kalahating talampakan ang luwang ng pinakasilong, siyam naman ang gitna, at sampu't kalahati ang ikatlo. Gumawa siya ng mga patungan sa palibot sa labas ng pader ng Bahay upang wala nang kailangang ibaon pa sa mga pader ng Bahay.

7 Itinayo ang Bahay mula sa mga batong tinabas na sa tibagan, kayat walang narinig na ingay ng martilyo o palakol o anumang kagamitang bakal habang itinatayo ang Bahay.

8 Nasa dakong kanan naman ng Bahay ang

---

• **6.**1 Ang Bahay ni Yawe o Templo ng Jerusalem ang unang pagpapatayo ni Solomon. Mabibilang ito sa mga kahanga-hangang bagay sa matandang daigdig.

Ang tolda ng Kaban sa disyerto ang naging sentro ng isang pagsambang meron ang mga tribung pagala-gala. Ngunit mula ngayo'y magiging sentro ng isang panlunsod at di palipat-lipat na kultura ang Templo na medyo kahawig ng mga templo ng mga Kananeo. Gaya sa pagsamba ng mga Kananeo ang mga pag-aalay at mga piyestang ipinagdiriwang doon. Sinisimulan ng Israel ang isang bagong yugto ng kanyang kultura at iniaayon din sa bago nitong sitwasyon ang pagsamba.

Hindi nangangailangan ng templo ang Diyos kundi ang mga tao (tingnan 2 S 7:7).

– Naroon ang tapat na pagnanais na parangalan si Yawe sa pagbibigay sa kanya ng isang bahay na pinakamaganda sa lahat. Kaya sa Biblia, ang Templo ang laging tinatawag na Bahay ni Yawe.

– Sa kabilang parte naman, gustong ipahayag ng bayan ang kanilang tagumpay at makapagmamalaki sila sa pagkakaroon ng isang templo na maaaring makipagpaligsahan sa mga templo ng ibang mga bayan.

– Naroon din ang hangaring magkaroon ng isang bagay na maganda bilang isang nakikitang larawan ng luwalhati ng Diyos na di-nakikita. Para sa mga Israelita, ang Templo ng Jerusalem ang pinakapatungan ng dinakikitang Templo na pinananahanan ni Yawe sa kanyang Luwalhati. Siya ang nagbawal sa kanilang ilarawan siya sa anyo ng kanyang mga nilalang. Ngunit madedekorasyunan kahit ang Bahay man lang ng ginto at mamahaling kahoy.

– At naroon din ang pagkabahalang makapiling ang Diyos para pangalagaan nito ang kanyang bayan. Kasabay ng pagsasabi ni Yawe na wala siyang ibang templo kundi ang buong sanlibutan (8:27), gusto rin naman niyang makapiling ang kanyang bayan (Dt 12:5). Kayat nasa Jerusalem si Yawe sa "kanyang banal na tahanan" (Jer 25:30) para ipagtanggol ang kanyang bayan (Is 31:5).

Tulad ni Solomon sa bagay na ito ang mga hari at makapangyarihan ng nagdaang mga dantaon: gusto nilang palamutian ang mga simbahan sa ginto at pilak. Iniisip nilang kailangang maging mas maganda pa ang Bahay ng Diyos kaya sarili nilang mga tahanan. Igalang natin ang kanilang debosyon. Pero nauunawaan natin ngayon na mga magkakaibang kriterya ang namamahala sa siyudad ng Diyos at ng mga tao. Hindi laging nakakatulong sa atin ang kayamanan ng mga templo para madiskubre ang pinakadakila sa Diyos.

pasukan sa pinakasilong. Isang paikot na hag-
dan ang paakyat sa gitnang palapag, at gayun-
din mula sa gitna hanggang sa ikatlo. 9 Itinayo ni
Solomon ang Bahay, at tinapos ito at binubu-
ngan ito ng mga biga at makakapal na tablang
sedro. 10 Gumawa siya ng mga kuwarto sa gilid
sa buong paligid ng Bahay. Pito't kalahating
talampakan ang taas ng bawat isa, at nakadikit
sa Bahay sa pamamagitan ng mga bigang
sedro.

11 Dumating ang salita ni Yawe kay Solomon:
12 "Tungkol naman sa Bahay na ito na iyong
itinatayo, kung susundin mo ang aking tuntunin
at isasagawa ang aking mga batas, tutuparin at
susundin ang aking mga utos, tutuparin ko
naman sa iyo ang salitang binitiwan ko kay
David na iyong ama. 13 Mananahan ako sa piling
ng mga anak ng Israel at hindi ko pababayaan
ang aking bayang Israel."

• 14 Itinayo at tinapos ni Solomon ang
Bahay. 15 Dinindingan niya ng mga tab-
lang sedro ang mga pader sa loob ng
Bahay mula sahig hanggang kisame,
kayat puro kahoy lamang ang buong
loob. At tablang sipres naman ang isi-
nahig sa Bahay. 16 Ibinukod ni Solomon
ang tatlumpung talampakan sa likuran ng
Bahay, balot ng tablang sedro mula sahig
hanggang kisame upang magsilbing
panloob na santuwaryo ang Kabanal-
banalang Lugar. 17 Animnapung talampa-
kan naman ang haba ng harap ng Bahay,
ang Banal na Lugar. 18 Sa buong loob ng
Bahay ay may mga kalabasa at mga
nakabukang bulaklak na inukit sa tablang
sedro at walang makikitang bato.

19 Inihanda niya ang kaloob-looban ng
Bahay na Kabanal-banalang Lugar para
paglagyan ng Kaban ng Tipan ni Yawe.
20 Tatlumpung talampakan ang haba nito,
pati ang luwang at taas, at balot ng lantay
na ginto. Yari din sa sedro ang altar na
balot sa ginto.

21 Binalot ni Solomon sa lantay na ginto
ang loob ng Bahay. Inihiwalay niya ang
santuwaryo sa loob na may gintong tani-
kala, at binalot ito sa ginto. 22 Binalot din
ni Solomon sa ginto ang loob ng buong
Bahay. Binalutan din niya ng ginto pati
ang altar sa kaloob-loobang Santuwaryo.

23 Sa loob ng Kabanal-banalang Lugar, nag-
pagawa si Solomon ng dalawang kerubing yari
sa kahoy na olibo, labinlimang talampakan ang
taas ng bawat isa. 24 Pito't kalahating talampa-
kan ang haba ng bawat pakpak ng kerubin,
kayat labinlimang talampakan ang sukat ng
mga pakpak mula sa magkabilang dulo. 25 Iisa
ang sukat at anyo ng dalawang kerubin, 26 la-
binlimang talampakan ang taas ng bawat isa.

27 Inilagay niya ang mga kerubin na naka-
buka ang mga pakpak sa kaloob-looban ng
Bahay. Nakadikit sa dingding ang pakpak ng
isa, at nakadikit naman sa kabilang dingding
ang pakpak ng isa pang kerubin. Nagsalikop
naman sa kalagitnaan ng Bahay ang tig-isang
pakpak ng dalawa. 28 Binalutan din niya ng ginto
ang mga kerubin.

29 Pinaukitan ni Solomon ng mga kerubin,
punong-palma at nakabukang bulaklak ang
lahat ng pader, sa loob at labas, sa paligid ng
Bahay. 30 Pinabalutan din niya ng ginto ang
sahig sa loob at labas ng Kabanal-banalang
Lugar.

31 Ginawa ni Solomon ang mga pinto sa
Kabanal-banalang Lugar na yari sa kahoy na

• 14. Walang ibang laman ang Kabanal-banalang Lugar na pinakasagradong bahagi ng Templo kundi ang Kabang may mga tinapyas na bato kung saan pinagtibay ang pakikipagtipan ng bayan kay Yawe. Nasa harap ng silid na ito ang Banal na Lugar na kinalalagyan ng mga may sinding sagradong kandila at siyang pinagsusunugan ng insenso. Naroroon din ang labindalawang tinapay na iniaalay linggu-linggo (tingnan 1 S 21:5). Binubuo pa ang bahay ng pasukang bulwagan at sa buong paligid nama'y may malawak at maaliwalas na mga patyo na matatayuan ng mga tao sa kanilang pagdarasal.

Pangkaraniwan na sa maraming matatandang relihiyon ang ayos na ito ng iba't ibang kuwarto patungo sa pinakasagradong lugar. Ipinapaliwanag nito na hindi makalalapit ang tao sa Diyos nang walang kinakailangang paghahanda. Kahit na nasa piling ng kanyang bayan si Yawe, hinding-hindi pa rin maaabot ang kanyang misteryo.

Nasasalamin sa ayos na ito kung ano ang nasa kaloob-looban mismo ng tao na tunay na Templo ng Diyos. May isang natatangi at napakapersonal na lugar sa loob natin kung saan naroon ang Diyos (tingnan Jn 14:23). Sa pagsasabi sa atin ni Jesus na "makipagtagpo sa Ama nang lihim" (Mt 6:6), hindi ito nangangahulugan ng pagdarasal lamang sa isang hiwalay na lugar kundi ang hanapin sa loob natin ang Kabanal-banalang Lugar kung saan ipinadarama ng Espiritu ang kanyang sarili.

olibo. Ikalimang bahagi ng pintuan ang hamba
at mga poste. 32 Inukitan niya ang dalawang
pintong olibo ng mga kerubin, punong-palma at
nakabukang bulaklak. Binalutan niya ng pinukpok na ginto ang mga kerubin at mga punong-palma.

33 Gumawa rin siya ng mga posteng yari sa
olibo para sa pintuan ng Kabanal-banalang
Lugar na bumubuo sa ikapat na bahagi. 34 Ka-
hoy na sipres naman ang dalawang pinto, may
dalawang oha ang bawat pinto na natitiklop sa
pamamagitan ng mga bisagra. 35 Inukitan din ng
kerubin, punong-palma at nakabukang bulaklak ang mga iyon, at binalutan ng gintong dahan-dahang inilatag sa mga ukit.

36 Itinayo niya ang panloob na patyo na may tatlong hilera ng batong tinapyas at isang hanay naman ng mga sedrong biga.

37 Sa buwan ng Ziv ng ikapat na taon, inilatag
ang pundasyon ng Bahay ni Yawe. 38 At sa
buwan ng Bul, ikawalong buwan ng ikalabing-isang taon, nayari ang Bahay at lahat ng bahagi nito ayon sa buong plano. Pitong taon itong itinayo ni Solomon.

**Ang palasyo at ang templo**

7 • 1 Labintatlong taon namang itinayo ni Solomon ang kanyang bahay.

2 Itinayo niya ang palasyo ng "Gubat ng Lebanon": sandaa't limampung talampakan ang haba, pitumpu't lima ang luwang, at apatnapu't lima ang taas, sa apat na hanay ng mga haliging sedro, at sedro rin ang mga bigang nasa mga
haligi. 3 May kisame itong sedro na nakapatong sa apatnapu't limang solera, labinlima sa bawat hanay na nakapatong naman sa mga haligi.

4 May tatlong hanay ng mga bintana sa magkabilang tabi, magkakatapat ang bawat isa.
5 Kuwadrado ang lahat ng pinto at bintana, at magkakatapat.

6 At ang portiko ng mga haligi: pitumpu't limang talampakan ang haba at apatnapu't lima ang luwang. May patyo ito sa harap na mayroon ding mga haligi at bubong.

7 Ang Bulwagan ng Trono kung saan siya naggagawad ng katarungan – ito ang Bulwagan ng Paghuhukom – ay balot ng sedro mula sahig hanggang kisame.

8 Nasa kabilang patyo naman sa likod ng bulwagan ang bahay na kanyang tirahan na pareho rin ang pagkagawa. Nagpatayo rin si Solomon ng isa pang katulad na bahay para sa anak ni Paraon, na kinuha niyang asawa.

9 Yari sa mga piling bato ang lahat ng ito, tinabas ayon sa sukat, nilagari sa magkabilang tabi, mula sa pinakapundasyon hanggang sa tuktok, mula sa patyo sa labas hanggang sa malaking patyo.

10 Yari naman sa mataas na klaseng bato ang pundasyon, malalaking batong tiglalabinlimang talampakan ang bawat isa at tiglalabindalawa
ang iba pa. 11 Nasa itaas ang mga piling batong
tinapyas ayon sa sukat at mga kahoy na sedro.
12 Ang malaking patyo ay naliligid ng pader na tatlong hilera ng tinapyas na bato at isang hilera ng sedrong biga, gaya ng patyo sa loob ng Bahay ni Yawe at ng portiko nito.

13 Ipinasundo ni Haring Solomon si Hiram
mula sa Tiro. 14 Anak siya ng isang biyuda sa
tribu ng Neftali, taga-Tiro ang kanyang ama at manggagawa ng kagamitang tanso. At napakatalino niya, at magaling at sanay sa lahat ng magagawa sa tanso. Nagpunta siya kay Haring Solomon at ginawa niya ang lahat ng ipinagawa nito.

15 Gumawa siya ng dalawang haliging tanso na kapwa dalawampu't pitong talampakan ang taas at labingwalo ang kabilugan. Guwang ang
loob ng mga haligi at apat na daliri ang kapal.
16 Gumawa rin siya ng dalawang tansong pinakaulo ng mga haligi na inilagay sa tuktok, pitu't
kalahating talampakan ang taas ng bawat isa.
17 Gumawa pa siya ng lambat na sala-salang
tanikala para sa mga pinakaulo ng mga haligi,

• **7.**1 Itatayo ni Solomon ang kanyang palasyo sa bundok ng Templo, katabi ng Bahay ng Diyos. Maaaring bale-wala sa atin ang paglipat na ito ng tirahan ng hari sa bundok ng Templo mula sa lungsod sa ibaba. Pero nakatago sa likod nito ang isang bagong pagkaunawa sa kapangyarihan na inihahatid ni Solomon sa Israel. Si David na kanyang ama, ang haring "malapit sa kalooban ng Diyos", ay nagtayo ng kanyang palasyo sa piling ng kanyang bayan (2 S 5:9) at nang magtayo siya ng altar para kay Yawe, itinayo niya iyon sa burol na nakatunghay sa bayan sa hilaga. Pero iniwan ni Solomon ang palasyo ng kanyang ama at itinayo ang kanyang marangyang tirahan sa burol na ito katabi ng Templo. Makahulugan ang asal na ito. Mula ngayon, sa banal na bundok titira ang Diyos at ang hari, at sa ibaba naman ang mga tao. At mariing binalaan ni Samuel si Saul na unang hari, na kapwa saklaw ng mga hinihingi ng Batas ang hari at ang mga tao (2 S 12:14-15).

Pero nagbingi-bingihan si Solomon; gaya ng napakaraming prinsipe at diktador, hangad niyang ipantay ang kanyang kapangyarihan sa walang-takdang kapangyarihan ng Diyos. Inilalayo niya ang kanyang sarili sa mga tao at inilalagay ang sarili sa tabi ng Diyos. Ang paglihis na ito sa kahulugan ng kapangyarihan ay babatikusin ng mga propeta (Jer 22:13-19), at ipakikita ni Jesus sa kanyang halimbawa na lahat ng kapangyarihan ay isang paglilingkod (Mc 10:41-45).

tigpipito para sa bawat isa. 18 Gumawa rin siya ng dalawang hanay ng mga tansong prutas na nakapaligid sa bawat sala-salang tanikala para takpan ang pinakaulo ng bawat haligi. 19 Ang mga pinakaulo sa itaas ng mga haligi sa bulwagan ay korteng asusena na anim na talampakan ang laki. 20 Sa pinakaulo namang nasa itaas ng dalawang haligi, sa tabi ng sala-salang tanikala ay nakapaligid ang dalawandaang tansong prutas na nasa dalawang hanay.

21 Itinayo ni Hiram ang mga haligi sa may portiko ng templo: ang isa sa kanan na tinatawag na Yakin, at isa sa kaliwa na tinatawag na Boaz. 22 Kayat nayari ang mga haligi.

23 Gumawa rin siya ng isang malaking kawang tinunaw na metal na tinatawag na "Dagat" na labinlimang talampakan ang luwang mula sa magkabilang dulo. Pitu't kalahating talampakan ang taas nito at apatnapu't lima naman ang kabilugan.

24 May mga korteng kalabasang nakapalibot sa ibaba ng bunganga nito, sampu sa bawat talampakan at kalahati, at nasa dalawang hanay na minoldeng kasama ng Dagat. 25 Nakapatong ang Dagat sa labindalawang torong tanso, nakaharap ang tatlo sa hilaga, tatlo sa kanluran, tatlo sa timog, at tatlo sa silangan. Nakapatong ang Dagat sa mga ito na magkakatalikuran. 26 Tatlong pulgada ang kapal nito, at tulad sa bibig ng isang kopa ang gilid nito, na parang bulaklak ng liryo, at maaaring sidlan ng mga sampung libong galong tubig.

27 Gumawa rin siya ng sampung patungang tanso, na anim na talampakan ang haba ng bawat isa, at ganito rin ang luwang, at apat at kalahati naman ang taas. 28 Ganito ginawa ang patungan: nakakabit ang mga panel sa balangkas, 29 at may mga leon, toro at kerubim sa bawat panel, at gayundin sa balangkas. At may mga palamuti sa itaas at ibaba ng mga leon at mga toro. 30 May apat na gulong na tanso ang bawat patungan, at tanso rin ang ehe; may mga tukod ang apat na paa nito para salalayan ng mga planggana. Minolde ang mga ito gaya ng mga palamuti. 31 Nakaangat ito nang isa't kalahating talampakan sa ibabaw ng patungan; bilog ang bibig nito at may dalawampu't limang pulgada ang lalim. May mga ukit na parisukat at hindi bilog ang mga panel ng patungan.

32 Nasa ilalim ng mga panel ang mga gulong: kaisang-piyesa ng bawat panel ang ehe ng gulong, at may taas na dalawampu't limang pulgada ang mga gulong. 33 Parang gulong ng karwahe ang mga ito; pawang pinanday na metal ang mga ehe, gilid, rayos at yantas.

34 May apat na tukod naman ang apat na sulok ng bawat patungan. 35 At sa ibabaw ng bawat patunga'y may pabilog na siyam na pulgada ang taas. Dito nakasalalay ang labi ng hugasan. Iisang piyesa lamang ang leeg, ang tukod nito at ang ibabaw ng patungan. 36 May mga ukit itong kerubim, leon, punong-palma at mga palamuti sa paligid. 37 Sa ganitong paraan niya ginawa ang sampung patungang tanso; iisa ang pagkakabubo, iisa ang sukat at iisa ang hugis.

38 Gumawa rin si Hiram ng sampung plangganang tanso, na naglalaman ng apatnapung galong tubig ang bawat isa, at may sukat na anim na talampakan ang luwang. May planggana sa bawat patungan. 39 Inilagay niya ang limang patungan sa gawing timog ng Bahay, at sa hilaga naman ang lima pa. Inilagay niya ang Dagat sa timog-silangang sulok ng Bahay.

40 Gumawa rin si Hiram ng mga sahuran, pala at planggana at tinapos ang lahat ng gawaing iniatang sa kanya ni Haring Solomon sa Bahay ni Yawe. 41 Kabilang dito ang dalawang haligi, dalawang korteng-mangkok na pinakaulo na nasa itaas ng mga haligi, ang dalawang tanikalang palamuti na ikinabit sa dalawang korteng-mangkok sa itaas ng mga haligi, 42 apatnaraang tansong prutas para sa dalawang tanikala, tigalawang hanay para sa bawat tanikala upang balutan ang dalawang parang mangkok sa ulo ng mga haligi, 43 sampung patungan at ang sampung planggana ng mga ito, 44 ang Dagat at ang labindalawang toro sa ilalim nito, 45 ang mga kaldero, pala at planggana. Ginawa ni Hiram ang lahat ng gamit na ito sa Bahay ni Yawe para kay Haring Solomon, at yaring lahat sa makinang na tanso. 46 Ipinamolde ng hari ang mga iyon sa kapatagan ng Jordan sa pagitan ng Sukot at Sartan. 47 Hindi na tinimbang ni Solomon ang lahat ng kagamitan dahil sa dami ng mga ito. Kaya hindi matitiyak ang timbang ng nagamit na tanso.

48 Inilagay ni Solomon sa Bahay ni Yawe ang lahat ng kagamitang ipinagawa niya: ang altar na ginto, ang mesang ginto para sa tinapay ng presensya; 49 ang mga lantay na gintong patungan ng ilawan, lima sa gawing kanan at lima sa gawing kaliwa sa harap ng Kabanal-banalang Lugar; ang mga bulaklak, mga ilawan at sipit ng mitsa na lantay na gintong lahat; 50 ang mga gintong kopa, mga panggupit ng mitsa, mga planggana, mga insensaryo, at mga lalagyan ng baga; ang mga gintong bisagra para sa mga pinto sa kaloob-looban ng Bahay na Kabanal-banalang Lugar, at para sa mga pinto sa bulwagan ng Templo.

51 Nang matapos na ang lahat ng ipinagawa
ni Haring Solomon para sa Bahay ni Yawe,
dinala niya ang mga kagamitang inihandog ng
kanyang amang si David – ang pilak, ang ginto
at ang mga kagamitan – at inilagay ang mga
iyon sa kabang-yaman ng Bahay ni Yawe.

**8** 1 Tinipon ni Solomon sa kanyang harap sa
Jerusalem ang mga matatanda ng Israel at
lahat ng pinuno ng mga tribu at ang mga ama ng
mga angkan ng mga Israelita para iahon ang
Kaban ng Tipan ni Yawe mula sa Sion na lunsod
ni David.

**Pagtatalaga sa Templo**

• 2 Nagtipon ang lahat ng Israelita kay
Haring Solomon sa panahon ng piyesta sa
buwan ng Etanim na ikapitong buwan.
3 Dumating ang lahat ng matatanda ng
Israel, binuhat naman ng mga pari ang
Kaban 4 at dinala itong kasama ng Tol-
dang Tagpuan at lahat ng sagradong ka-
gamitang narito. Dinala ng mga pari at
mga Levita ang mga iyon. 5 At si Haring
Solomon at ang buong pamayanan ng
Israel na nagtipon sa kanya sa harap ng
Kaban ay nag-alay ng mga tupa at baka
na hindi mabilang sa dami.

6 Inilapag ng mga pari ang Kaban ng
Tipan ni Yawe sa lugar nito sa santuwaryo
ng Bahay – sa Kabanal-banalang Lugar –
sa ilalim ng mga pakpak ng mga kerubin.
7 Nakabuka ang mga pakpak ng mga ke-
rubin sa lugar ng Kaban, at lumililim na-
man sa Kaban at sa mga pasanan nito.
8 Napakahaba ang mga pasanan kayat
makikita ang mga dulo niyon mula sa
Banal na Lugar sa harap ng Kabanal-
banalang Lugar ngunit hindi na kita sa
labas. Naroon pa rin ang mga iyon hang-
gang ngayon.

9 Walang nasa Kaban liban sa dalawang
tapyas na bato na inilagay dito ni Moises
sa Horeb nang makipagtipan si Yawe sa
mga Israelita sa paglabas nila mula sa
lupain ng Ehipto.

10 Pag lumalabas ang mga pari mula sa
Banal na Lugar, napupuno ng ulap ang
Bahay ni Yawe. 11 Kaya hindi naipagpapa-
tuloy ng mga pari ang kanilang pagli-
lingkod sapagkat napupuno ng luwalhati
ni Yawe ang kanyang Bahay.

12 At sinabi ni Solomon: "Sinabi ni Yawe
na mananahan siya sa makapal na ulap.
13 Itinayo ko ngayon para sa iyo ang Ba-
hay na tahanan mo, isang lugar na pana-
nahanan mo magpakailanman."

14 Humarap ang hari at binasbasan ang
buong pagtitipon ng Israel na nakatayo roon.
15 At sinabi niya: "Purihin si Yaweng Diyos ng
Israel. Tinupad niya sa pamamagitan ng kan-
yang kamay ang pangakong binitiwan niya kay
David na aking ama nang sabihin niyang:
16 Sapul sa araw na ilabas ko mula sa Ehipto ang
aking bayang Israel, wala na akong piniling
lunsod sa lahat ng tribu ng Israel para pagtayuan
ng bahay na tahanan ng aking Pangalan, ngunit
pinili ko ngayon ang Jerusalem upang doon
manahan ang aking Pangalan, tulad ng pagpili
ko kay David para mamuno sa aking bayang
Israel. 17 Balak ni David na aking ama na mag-
tayo ng isang bahay para sa Ngalan ni Yaweng
Diyos ng Israel, 18 ngunit sinabi ni Yawe kay
David na aking ama: Maganda ang balak mong
magtayo ng Bahay para sa aking Pangalan,
maganda ang iniisip mong ito; 19 pero hindi ikaw
kundi ang iyong anak na iyong dugo at laman
ang siyang magtatayo ng Bahay para sa aking
Pangalan.

20 Tinupad ni Yawe ang salitang binitiwan
niya sapagkat humalili ako kay David na aking
ama at nakaluklok ngayon sa trono ng Israel

---

• **8.**2 Sa araw ng pagpapasinaya sa Templo, ipinadarama ng Diyos ang kanyang presensya sa pamamagitan ng *ulap*. Sa Exodo, ito ang nakikitang tanda ng presensya ni Yawe sa Jerusalem.

Sa paglipas ng panahon, maraming di-gaanong disenteng bagay ang nangyari sa mga patyo ng Templo. Nagtayo pa sila ng mga altar sa mga diyus-diyusan at nagkaroon ng sagradong prostitusyon ayon sa kaugalian ng mga pagano (tingnan 2 Mga Hari 23:4-7). Ngunit hindi sinasabing iniwan ni Yawe ang kanyang Santuwaryo kung saan siya nanatili bunga ng katapatan niya sa kanyang Tipan.

Nang nalalapit na ang wakas ng Jerusalem, saka lamang nagkaroon ng pangitain si Propeta Ezekiel tungkol sa pag-alis ng ulap mula sa Templo: ang ibig sabihin nito'y mamumuhay na si Yawe sa piling ng kanyang mga tapat na idineport sa Babilonia (Ez 9:3).

Sa dakong huli naman, sa Pagbubunyag 15:8, makikita ni Apostol Juan ang ulap na ito sa makalangit na Templo matapos makita ito kay Jesus sa kanyang pagbabagong-anyo.

gaya ng ipinangako ni Yawe. Naitayo ko nga ang
Bahay na ito para sa Ngalan ni Yaweng Diyos ng
Israel. 21 Naglaan ako roon ng lugar para sa
Kabang naglalaman ng tipang ginawa ni Yawe
sa ating mga ninuno nang ilabas niya sila mula
sa lupain ng Ehipto."

**Panalangin ni Solomon**

• 22 Tumindig si Solomon sa harap ng altar ni
Yawe sa harap ng buong pagtitipon ng Israel.
Itinaas niya ang kanyang kamay sa langit, 23 at
sinabi:
"O Yaweng Diyos ng Israel, walang diyos na
tulad mo sa langit sa itaas o sa lupa sa ibaba.
Tinutupad mo ang iyong tipan at kagandahang-
loob sa iyong mga lingkod na buong pusong
lumalakad sa harap mo. 24 Tinupad mo ang
pangakong binitiwan mo sa iyong lingkod na si
David na aking ama. Bibig mo nga'y nangako at
tinupad naman ito ng iyong kamay gaya sa araw
na ito.
25 Ngayon, O Yaweng Diyos ng Israel, tuparin
mo ang pangakong ito kay David nang sabihin
mong: Hindi mawawalan ng inapong luluklok sa
harap ko sa trono ng Israel kung pagbubutihin
lamang ng iyong mga anak ang paggawa ng
tama para maglingkod sa akin gaya ng ginawa
mo. 26 Kayat ngayon, O Diyos ng Israel, magka-
totoo nawa ang salitang binitiwan mo kay David
na aking ama.
27 Ngunit totoo nga kayang maninirahan ang
Diyos sa lupa? Hindi ka nga kayang taglayin ng
langit, ng kataas-taasang langit, gaano pa ang
Bahay na ito na aking itinayo?
28 Ngunit pakinggan mo ang panalangin at
pagluhog ng iyong lingkod, O Yaweng aking
Diyos! Pakinggan mo ang daing at panalangin
ng iyong lingkod sa harap mo ngayon. 29 Ma-
buksan nawa ang iyong mga mata sa Bahay na
ito, araw at gabi, sa lugar na ito na ikaw mismo
ang nagsabing: Dito mananahan ang aking
Pangalan. Kayat pakikinggan mo ang dalangin
ng iyong lingkod sa lugar na ito.

• 30 Pakinggan mo ang pagluhog ng
iyong lingkod at ng iyong bayang Israel sa
pananalangin nila sa lugar na ito. Makinig
ka mula sa iyong tahanan sa Langit, at sa
iyong pagkarinig ay magpatawad.
31 Kung may maparatangang nagka-
sala sa kanyang kapwa at kailangang
manumpa kayat lumapit siya't nanumpa

---

• 22. *Tinupad ni Yawe ang salitang kanyang binitiwan* (20 at 25).

May dalawang pangako ang Diyos kay David. Sinasabi sa una na ang anak nito ang magtatayo ng templo; sa pangalawa nama'y nasasaad na sa kanyang mga inapo mananatili ang trono ng Israel.

*Mahalaga na bigyang-pansin kung paanong hangad ng Diyos, ang Diyos na di-nakikita at siyang Maykapal sa sanlibutan, na mapasaisang tiyak na lugar – ang Jerusalem – at makapiling ng partikular na mga tao – ang mga inapo ni David. Ang Iglesya ngayon ang siyang pagpapatunay ng nakikitang sentrong ito. Panlahat ang Kaharian ng Diyos. Ngunit nakikipag-ugnay ang Iglesya kay Kristo sa maayos at malinaw na pagkakasunud-sunod ng mga tao: ang mga obispo at ang papa.*

Ang panalanging ito ni Solomon, na kinatha marahil ng isang propeta sa panahon ng mga hari, ay nagbibigay-diin kapwa sa kahalagahan at limitasyon ng Templo. Doon nananahan ang "Pangalan" ng Diyos, doon diringgin ng Diyos ang mga panalangin ng kanyang bayan (8:30-53). Gayunpaman, ang Templong ito na gawa ng mga kamay ng tao "ay hindi mailalaman ang Diyos at ang kanyang Luwalhati," at lalong hindi ang makalupang tahanang ito.

Ang pananaw na ito tungkol sa Templo ay laging babanggitin sa aral ng mga propeta. Gaano man kadakila, ang Templo ay hindi magiging isang "anting-anting" para sa Israel. Ito ang tanda at alaala ng presensiya ng banal na Diyos.

Dahil dito, masesentro sa Templo ang buong teolohiya ng Israel. Sa Diyos ang lupa at langit, pero sa lupang ito, isang bansa ang inaangkin niya sa isang natatanging paraan – ito ang Lupa ng Pangako. Sa Lupang Pangakong ito, kanya ang lahat ng bayan, pero isa sa kanila ang pinakamamahal. At nasa lungsod na ito, sa puso ng lungsod na ito, ang banal na bundok na kinatatayuan ng tahanan ni Yawe.

Kaya sa Templo umiikot ang buong sanlibutan. At madaling maunawaan kung bakit ang pagkawasak nito nang taong 587 ay isang di-maisip na pagsubok para sa pananampalataya ng Israel: nang mawala ang Templo ng Jerusalem, nawala ang sentro ng sanlibutan.

Kung ang sanlibutan ay antas-antas na nakasentro at natipon sa Templo, sa Bagong Tipan naman, si Kristo – ang Bagong Templo – ang pinagmumulan ng paglaganap ng kaligtasan: "Kayo ang magiging mga saksi ko, sa Judea at sa Samaria hanggang sa dulo ng daigdig."

• 30. Matapos humiling para sa kanyang mga inapo, nakikiusap naman si Solomon para sa bayan. Bigyang-diin natin ang ilang mga bagay.

*Pawalang-sala ang matuwid.* Ayon sa isang kaugalian nang panahong iyon ang unang kahilingan (tingnan Blg 5:11). Sa oras na di mapagtibay ang katotohanan sa anumang krimen, kailangang manumpa ang nasasakdal na wala siyang kasalanan, at tinatanggap niya ang lahat ng parusa ng Diyos kung nagsinungaling siya sa kanyang pagsumpa. Kumbinsido ang mga tao na laging nakikialam ang Diyos at di niya pababayaang walang parusa ang sinungaling.

*Kung walang ulan sapagkat nagkasala sila sa*

sa harap ng iyong altar sa Bahay na ito,
32 makinig ka mula sa langit at igawad ang
katarungan. Parusahan ang masama at
papanagutin sa kasamaang kanyang gi-
nawa, ngunit pawalang-sala ang matuwid
at gantimpalaan siya ayon sa kanyang
pagkamatuwid.

33 Kung malupig ng kaaway ang iyong
bayang Israel dahil sa pagkakasala nila sa
iyo, at kapag nagbalik sila sa iyo at inamin
ang kanilang pagkakasala, na nananala-
ngin at lumuluhog sa iyo sa Bahay na ito,
34 makinig ka mula sa langit at patawarin
ang sala ng iyong bayang Israel. Ibalik sila
sa lupaing ibinigay mo sa kanilang mga
ninuno.

35 Kung nakapinid ang kalangitan at
walang ulan sapagkat nagkasala sila sa
iyo, at nanalangin sila sa lugar na ito at
inamin at tinalikuran ang kanilang kasa-
lanan dahil pinahirapan mo sila, 36 ma-
kinig ka mula sa langit at patawarin ang
sala ng iyong mga lingkod at ng iyong
bayang Israel. Ituro sa kanila ang mabu-
ting daan na dapat nilang tahakin, at mag-
paulan sa lupaing ipinamana mo sa iyong
bayan.

37 Kung may taggutom sa lupain, kung
may peste o salot ng trigo, o amag, balang
o tipaklong, kung kubkubin sila ng ka-
away sa alinman sa kanilang mga lunsod,
kung dapuan sila ng anumang salot o
sakit, 38 maging anuman ang panalangin
at pagluhog ng sinuman sa iyong bayang
Israel sa pagsisisi sa kanyang puso at
pag-uunat ng mga kamay tungo sa Bahay
na ito, 39 makinig ka mula sa iyong taha-
nan sa langit at magpatawad. Kumilos
ka't ibigay sa bawat isa ang marapat sa
lahat niyang gawa dahil alam mo ang
kanyang puso (dahil ikaw lamang ang
nakakakilala sa puso ng lahat ng tao)
40 upang matakot sila sa iyo habang sila'y
nabubuhay sa lupaing bigay mo sa aming
mga ninuno.

41 Tungkol naman sa dayuhang hindi
mula sa iyong bayang Israel, at galing sa
malayong lupain dahil sa iyong Pangalan
42 (dahil nabalitaan nila ang iyong daki-
lang Pangalan, ang malakas mong kamay
at nakaunat na bisig), at nanalangin sa
Bahay na ito, 43 makinig ka mula sa iyong
tahanan sa langit at gawin ang lahat ng
hinihingi sa iyo ng dayuhan upang maki-
lala ng lahat ng bansa sa lupa ang iyong
Pangalan at magkaroon ng pitagan sa iyo
tulad ng iyong bayang Israel. At malaman
nila na nasa Bahay na ito na aking itinayo
ang iyong Pangalan.

44 Sa paglabas ng iyong bayan para maki-
pagdigmaan sa kanilang kaaway, saan mo man
sila ipadala, at sa pananalangin nila kay Yawe
paharap sa lunsod na iyong pinili at sa Bahay na
itinayo ko para sa iyong Pangalan, 45 pakinggan
mo mula sa langit ang kanilang panalangin at
pagluhog at itaguyod ang kanilang simulain.

46 Kung magkasala sila sa iyo dahil walang
taong hindi nagkakasala, at magalit ka sa kanila
at ipaubaya mo sila sa kaaway at dalhin silang
bihag sa lupain ng kaaway, malayo man o
malapit, 47 at kung magbago ang kanilang puso
sa lupaing kinapipiitan nila at magsisi at lu-
muhog sa iyo sa lupain ng mga bumihag sa
kanila, at sabihing: Nagkasala kami at gumawa
ng mali at naging lapastangan – 48 kung buong
puso't kaluluwa silang magsisi sa lupain ng mga
kaaway na bumihag sa kanila at manalangin sa
iyo paharap sa lupaing bigay mo sa kanilang
mga ninuno sa lunsod na pinili mo at sa Bahay
na itinayo ko para sa iyong Pangalan, 49 paking-
gan mo mula sa iyong tahanan sa langit ang

---

*iyo...* Ang panalangin ay para sa mga taong makasalanan at alam ang kanilang pagkamakasalanan. May takot sila sa Diyos na nagpaparusa pero naniniwala silang nagpapatawad ang Diyos. Naniniwala silang hindi makukuha ang Diyos sa mga panalangin at mga seremonya kundi sa pagsisisi.

*Matakot sila sa iyo* (40). Sa Biblia, nangangahulugan ng pagsasaalang-alang at paggalang sa Diyos ang *matakot sa Diyos*. Pero totoo rin naman nang panahong iyon na hindi pa alam ang ganap na pagsamba "sa espiritu at sa katotohanan" (Jn 4:23) at takot ang mga tao sa Diyos at sa kanyang mga parusa.

*Mababalitaan ng mga dayuhan ang iyong nakaunat na bisig.* Isinulat ang panalanging ito pagkalipas ng mga dantaon nang magsimula ang pagmimisyon ng mga Judio na nakaakit sa maraming pagano sa kanilang pananampalataya sa iisang Diyos.

kanilang panalangin at pagluhog, at itaguyod
ang kanilang simulain. 50 Patawarin mo ang
iyong bayang nagkasala sa iyo, patawarin mo
ang lahat nilang paghihimagsik at kahabagan
nawa sila ng mga bumihag sa kanila. 51 (Sapag-
kat sila ang iyong bayan at sarili mong pag-aari
na inilabas mo mula sa Ehipto, mula sa gitna ng
tunawan ng bakal.)

52 Imulat mo ang iyong mga mata sa paglu-
hog ng iyong lingkod at ng iyong bayang Israel,
at pakinggan sila sa kanilang pagtawag sa iyo.
53 Sapagkat ibinukod mo sila mula sa lahat ng
bansa sa daigdig upang maging sarili mong pag-
aari gaya ng ipinahayag mo sa pamamagitan ni
Moises na iyong lingkod nang ilabas mo ang
aming mga ninuno mula sa Ehipto, O Yaweng
Panginoon!"

54 Pagkatapos ni Solomon sa lahat niyang
panalangin at pagluhog kay Yawe, tumindig siya
mula sa pagkakaluhod sa harap ng altar ni
Yawe, nakataas sa langit ang mga kamay. 55 Tu-
mayo siya at malakas na binasbasan ang pagti-
tipon ng Israel: 56 "Purihin si Yawe na nagbigay
ng pahinga sa kanyang bayang Israel tulad ng
kanyang ipinangako sapagkat hindi nagkabula
isa mang salita sa lahat ng magagandang pa-
ngakong binitiwan niya sa pamamagitan ni
Moises na kanyang lingkod. 57 Sumaamin nawa
si Yaweng Diyos namin kung paanong suma-
aming-mga-ninuno siya. Huwag niya nawa
kaming iwan o pabayaan. 58 Ibaling nawa niya
ang aming mga puso sa kanya upang maka-
lakad kami sa lahat niyang mga daan at matu-
pad ang lahat niyang mga utos, tuntunin at batas
na iniutos niya sa aming mga ninuno. 59 Ang
mga salita ko nawang ito sa aking pagdalangin
kay Yawe ay manatili araw-gabi kay Yaweng
aming Diyos. Itaguyod nawa niya ang kapa-
kanan ng kanyang lingkod at ng kanyang ba-
yang Israel ayon sa pang-araw-araw na panga-
ngailangan 60 upang malaman ng lahat ng bansa
sa daigdig na si Yawe ang Diyos at wala nang iba
pa. 61 Kayat maging buung-buo kay Yaweng
ating Diyos ang inyong mga puso, lumakad sa
kanyang mga tuntunin, at tuparin ang kanyang
utos gaya sa araw na ito."

62 Nag-alay ng mga handog sa harap ni Yawe
ang hari at ang buong Israel na kasama niya.
63 Naghandog si Solomon kay Yawe ng dala-
wampu't dalawang libong baka at sandaa't dala-
wampung libong tupa bilang hain sa mabuting
pagsasamahan. Kayat pinasinayaan ng hari at
lahat ng Israelita ang Bahay ni Yawe.

64 Nang araw ding iyon, pinabanal ng hari ang
loob ng patyong nasa harap ng Bahay ni Yawe
dahil doon niya inialay ang mga sinunog na
handog, ang mga handog na butil at ang taba ng
hain sa mabuting pagsasamahan. Sapagkat ang
altar na tanso sa harap ni Yawe ay napakaliit
para paglagyan ng sinunog na handog, ng han-
dog na butil at ng taba sa hain sa mabuting
pagsasamahan.

65 Ipinagdiwang ni Solomon ang piyesta sa
panahong ito kasama ng buong Israel. Napa-
kalaki ng pagtitipon mula sa bungad ng Hamat
hanggang sa batis ng Ehipto. Pitong araw silang
nagpiyesta kay Yaweng ating Diyos, nagkainan
sila't nag-inuman.

66 Sa ikawalong araw, pinauwi ni Solomon
ang bayan. Binasbasan nila ang hari at umuwi
silang nagdiriwang at masaya ang puso dahil sa
lahat ng kabutihang ginawa ni Yawe kay David
na kanyang lingkod at sa kanyang bayang Is-
rael.

**Mga gawa ni Solomon**

**9** 1 Pagkatapos maipatayo ni Solomon ang
Bahay ni Yawe at ang palasyo ng hari at
lahat ng gusto niyang ipagawa, 2 napakita sa
kanya si Yawe sa ikalawang pagkakataon tulad
nang magpakita siya sa kanya sa Gibeon. 3 Si-
nabi sa kanya ni Yawe: "Narinig ko ang iyong
panalangin at pagluhog sa harap ko. Pinabanal
ko ang Bahay na ito na itinayo mo, upang ilagay
dito ang aking Pangalan magpakailanman.
Lalagi rito ang aking mga mata at puso sa lahat
ng araw. 4 At kung paglilingkuran mo ako nang
buong katapatan ng puso at pagkamatuwid
tulad ni David na iyong ama, at gagawin ang
lahat kong iniutos sa iyo at tutuparin ang aking
mga tuntunin at mga batas, 5 itatatag ko mag-
pakailanman ang iyong trono sa Israel gaya ng
ipinangako ko kay David na iyong ama nang
sabihin kong: Hindi ka mawawalan ng inapo sa
trono ng Israel.

6 Ngunit kung kayo at ang inyong mga anak
ay lalayo sa akin at hindi ninyo tutuparin ang
aking mga utos at mga tuntuning inihaharap ko
sa inyo ngayon, at aalis para maglingkod sa
ibang mga diyos at sasamba sa kanila, 7 pa-
pawiin ko ang Israel sa balat ng lupaing bigay ko
sa kanila at itatakwil ko ang Bahay na pinabanal
ko para sa aking Pangalan. Magiging kasabihan
at paksa ng lokohan ang Israel sa lahat ng
bansa. Magiging bunton ng bato ang Bahay na
ito. 8 Manghihilakbot at magtataka ang lahat ng
mapapadaan dito at sasabihing: Ba't ganito ang
ginawa ni Yawe sa lupaing ito at sa Bahay na ito?
9 At sasagot sila: Sapagkat tinalikuran nila si
Yaweng kanilang Diyos na naglabas sa kani-
lang mga ninuno mula sa lupain ng Ehipto, at

niyakap nila ang ibang mga diyos, sinamba ang
mga iyon at pinaglingkuran. Kaya ibinagsak sa
kanila ni Yawe ang lahat ng kasamaang ito."

10 Sa loob ng dalawampung taong pagtatayo
ni Solomon sa dalawang bahay – ang Bahay ni
Yawe at ang palasyo ng hari – 11 si Hiram na hari
ng Tiro ang nagpadala kay Solomon ng lahat
nitong kailangang kahoy na sedro at sipres, at
ginto. Pagkatapos, binigyan naman ni Solomon
si Hiram ng dalawampung lunsod sa lupain ng
Galilea. 12 Ngunit pagkaalis ni Hiram sa Tiro para
dalawin ang mga lunsod na bigay sa kanya ni
Solomon, hindi siya nasiyahan, 13 at sinabi:
"Anong klase naman ng mga lunsod ang ibi-
nigay mo sa akin, kapatid?" Kaya tinawag iyong
Lupain ng Kabul hanggang sa araw na ito. 14 At
nagpadala si Hiram sa hari ng sandaa't dala-
wampung bareta ng ginto.

15 Narito ang ulat tungkol sa sapilitang pag-
gawa na iniutos ni Haring Solomon para ipatayo
ang Bahay ni Yawe at ang sarili niyang palasyo,
ang Milo, at ang pader ng Jerusalem, ang mga
lunsod ng Hasor, Megiddo at Gezer.

16 Sinalakay at binihag ni Paraong hari ng
Ehipto ang Gezer, sinunog iyon at pinatay ang
mga Kananeong naroon. Ibinigay naman niyang
dote ang lunsod sa kanyang anak na asawa ni
Solomon. 17 Kayat muling itinayo ni Solomon
ang Gezer, ang ibabang Bet-Horon, 18 ang Ba-
alat at Tamar sa disyerto sa lupain ng Juda,
19 ang lahat ng imbakang-lunsod ni Solomon,
ang mga lunsod para sa mga karwahe at mga
mangangabayo, at ang lahat ng gustong itayo ni
Solomon sa Jerusalem, sa Lebanon at sa buong
lupaing sakop niya.

20 Sa lahat ng nalabi sa mga Amorreo, Heteo,
Perezeo, Heveo at Hebuseo na hindi mga Is-
raelita – 21 ang kanilang mga inapong naiwan
nila sa lupain, na hindi lubusang nalipol ng mga
Israelita – sa kanila ipinataw ni Solomon ang
sapilitang paggawa hanggang sa araw na ito.
22 Ngunit walang ginawang alipin si Solomon sa
mga Israelita sapagkat sila ang kanyang mga
mandirigma, mga opisyal at mga pinuno, mga
kapitan, mga pinuno ng kanyang karwahe at
mga mangangabayo.

23 Limandaa't limampu ang mga kapatas na
nangangasiwa sa pagpapagawa ni Solomon,
sila ang namamahala sa mga trabahador.

24 Pagkaahon ng anak ni Paraon mula sa
lunsod ni David patungo sa sariling palasyong
ipinatayo ni Solomon, saka naman ipinatayo ni
Solomon ang Milo.

25 Nang mayari ang Bahay, tatlong beses
isang taon na nag-aalay si Solomon ng mga
sinunog na handog at ng mga hain sa mabuting
pagsasamahan sa altar na itinayo niya para kay
Yawe, at nagsusunog dito ng insenso sa harap ni
Yawe.

26 Nagtayo si Haring Solomon ng mga barko
sa Ezion-Geber na malapit sa Elat sa pampa-
ngin ng Dagat ng Mga Tambo sa lupain ng
Edom. 27 Ipinadala ni Hiram sa mga barko ang
kanyang mga tauhan na mga bihasang manda-
ragat kasama ang mga tauhan ni Solomon.
28 Naglayag sila pa-Ofir at nag-uwi ng apatna-
raa't dalawampung bareta ng ginto na dinala
nila kay Haring Solomon.

### Dinalaw si Solomon ng reyna ng Seba

**10** • 1 Nabalitaan ng reyna ng Seba ang
katanyagan ni Solomon, kayat pi-
nuntahan niya ito para subukin sa mabi-
bigat na katanungan. 2 Dumating siya sa
Jerusalem, napakarami niyang kasama at
may mga kamelyong may dalang mga

---

• **10.**1 Nagsimulang magnegosyo si Solomon. Bumili siya ng mga *barko ng Tarsis* para sa matagalang paglalayag at papaghahanapin niya ang mga ito ng ginto at pabango sa mga baybayin ng Africa. Nagbebenta siya ng mga karwahe ng Ehipto sa mga Heteo sa hilaga, at ng mga kabayong Heteo naman sa mga Ehipsiyo. Umabot hanggang sa reyna ng Seba sa timog ng Arabia ang katanyagan ng kanyang yaman at karunungan.

Sa totoo'y isang napakaliit na bayan ang Israel sa gitna ng dalawang malaking imperyo ng Ehipto at Babilonia. Nagkataon namang mapayapa at parang natutulog ang mga imperyong ito sa panahon nina David at Solomon. Naging sapat na ito para maisip ng mga Israelita na sila ang pangunahing bansa sa daigdig, at makita si Solomon bilang pinakadakilang hari sa lahat ng panahon.

*Dumating ang reyna ng Seba para subukin sa mabibigat na katanungan si Solomon.* Hindi aspektong komersiyal ng pagdalaw na ito ang binibigyan ng pangunahing lugar ng Biblia. Lilitaw lamang ang tungkol sa bagay na ito sa dakong huli ng barter o palitang sinasabi sa mga bersikulo 10 at 13.

Nagiging makasaysayang tagpo ang pakikipagkita ni Solomon sa reyna ng Seba:

– Nakikita ng pantas na si Solomon at ng kanyang bayan ang mga kayamanan at naiibang produkto ng ibang mga bansa. "Mas malaki pala ang mundo kaysa akala natin!" Kaya naman dapat silang magkaroon ng mas malawak na pananaw sa relihiyon bunga nito. Hindi lamang Diyos ng isang maliit na bansa si Yawe kundi panginoon ng napakalawak na sanlibutan.

– Mayamang babae ang reyna ng Seba pero hindi pa rin siya nasisiyahan. Walang binabanggit tungkol sa kanyang asawa. Naakit siya ng makalangit na karunungan na nakikita sa haring "Mahal ni Yawe" (2 S 12:29). Aalalahanin ni Jesus ang pagbisitang ito sa Mateo 12:42.

rekado at napakaraming ginto at mga
batong-hiyas.

Nang humarap siya kay Solomon,
sinabi niya ang lahat niyang iniisip 3 at
sinagot naman ni Solomon ang lahat ng
kanyang tanong. Walang hindi naipaliwa-
nag sa kanya ang hari.

4 At nang makita ng reyna ng Seba ang
lahat ng karunungan ni Solomon, ang
palasyong itinayo nito, 5 at ang pagkain sa
kanyang hapag, ang tirahan ng mga
opisyal, ang pagsisilbi ng mga lingkod at
ang kanilang mga suot, ang mga taga-
pagdulot niya ng inumin pati ang mga
sinunog na handog na inialay ng hari sa
Bahay ni Yawe, halos hindi siya maka-
hinga.

6 At sinabi niya sa hari: "Totoo ang na-
balitaan ko sa aking lupain tungkol sa
iyo at sa iyong karunungan. 7 Ngunit hindi
ko pinaniwalaan ang mga balitang ito
hanggang makarating ako rito at makita
mismo ng aking mga mata. At ni wala pa
pala sa kalahati ang naibalita sa akin!
Sapagkat higit pa sa nabalitaan ko ang
iyong karunungan at kayamanan. 8 Masu-
werte ang iyong mga asawa! Masuwerte
ang iyong mga lingkod na laging nasa
harap mo at nakaririnig sa iyong karunu-
ngan!

9 Purihin si Yaweng iyong Diyos na
nasisiyahan sa iyo at iniluklok ka sa trono
ng Israel! Dahil sa pag-ibig ni Yawe sa
Israel magpakailanman, ginawa ka ni-
yang hari upang maggawad ng kataru-
ngan at pagkamatuwid."

10 Binigyan niya ang hari ng sandaa't
dalawampung bareta ng ginto, napaka-
raming rekado at mga batong-hiyas. Wala
nang dinala pang gayong karaming re-
kado gaya ng ibinigay ng reyna ng Seba
kay Haring Solomon. 11 Bukod dito, ang
mga barko ni Hiram na nagdala ng ginto
mula sa Ofir ay nagdala rin ng napakara-
ming mabangong kahoy at mga batong-
hiyas.

12 Ginamit ng hari ang mga mabangong
kahoy na balustre sa Bahay ni Yawe at sa
palasyo ng hari, at para sa mga lira at alpa
ng mga mang-aawit. Wala nang dumating
o nakita pang muli na gayong mabangong
kahoy hanggang sa panahong ito.

13 Binigyan naman ni Haring Solomon
ang reyna ng Seba ng lahat ng gusto nito
bukod pa sa ibinigay sa kanya ng hari
bilang pagmamagandang-loob. At umalis
ang reyna at umuwi sa kanyang lupain
kasama ang kanyang mga tauhan.

14 Animnaraa't animnapu't anim na bareta
ang gintong tinatanggap ni Solomon taun-taon,
15 bukod pa sa mga buwis ng mga negosyante,
mangangalakal at ng lahat ng hari ng Arabia at
mga gobernador ng lupain.

16 Nagpagawa si Solomon ng dalawandaang
malalaking kalasag na yari sa pinanday na
tatlo't kalahating kilo ng ginto ang bawat isa.
17 Nagpagawa rin siya ng tatlundaang maliliit na
kalasag na pinanday na gintong isang kilo't
kalahati ang bawat isa. Inilagay ng hari ang mga
iyon sa palasyong Gubat ng Lebanon.

18 Nagpagawa rin ang hari ng malaking tro-
nong garing na may palamuting lantay na ginto.
19 May anim na baytang ang trono; pabilog ang
sandalan at may patungan ng braso sa mag-
kabilang tabi, at may nakatindig na leon sa tabi
ng bawat isa. 20 May labindalawang leon sa anim
na baytang, tig-isa sa magkabilang dulo bawat
baytang. Wala pang katulad nito ang naipagawa
sa alinmang kaharian.

21 Yari sa ginto ang lahat ng kopa at inuman
ni Haring Solomon, at yari naman sa lantay na
ginto ang lahat ng kagamitan sa palasyong
Gubat ng Lebanon; walang yari sa pilak sapag-
kat bale-wala ito sa kapanahunan ni Solomon.

22 May mga barko ng Tarsis sa dagat ang hari,
kasama ang mga barko ni Hiram. Tuwing ikat-
long taon, dumadaong ang mga barko ng Tarsis
na may dalang ginto, pilak, garing, unggoy at
pabo-real.

• 23 Nangunguna sa yaman at dunong si
Haring Solomon sa lahat ng hari sa daigdig.
24 At hangad ng buong daigdig na maka-

---

• 23. Nang panahong iyo'y kamangha-mangha na para sa mga Israelita ang yaman ni Solomon at ang dami ng mga karwahe at mga kabayong bumubuo ng kanyang hukbo. Pagkalipas ng ilang dantaon, mapagninilayan nilang napakakaunti ng naging silbi ng kapangyarihang ito sa napakalaking naging kabayaran

harap si Solomon para marinig ang kanyang karunungang bigay ng Diyos sa kanyang isipan. 25 Taun-taon, bawat isa'y nagdadala sa kanya ng regalo, mga bagay na yari sa pilak at ginto, mga damit, mga armas at mga rekado, mga kabayo at mola.

26 Tinipon ni Solomon ang mga karwahe at kabayo – sanlibo't apatnaraang karwahe at labindalawang libong kabayo na inilagay niya sa mga lunsod ng karwahe at sa Jerusalem kasama niya. 27 Parang bato lamang ang pilak sa Jerusalem para sa hari, at ang sedro ay parang sikomoro lamang sa kapatagan sa dami. 28 Galing Cilicia pa ang mga kabayo ni Solomon – binili iyon ng mga negosyante ng hari sa Cilicia. 29 Mula roo'y nakakuha sila ng karwahe sa halagang animnaraang pirasong pilak, at ng kabayo sa halagang sandaa't limampu. Ang mga negosyante ni Solomon ang nagbenta ng mga ito sa lahat ng hari ng mga Heteo at ng Aram.

**Mga asawa ni Solomon**

**11** • 1 Bukod sa anak ni Paraon, umibig din si Solomon sa maraming babaeng banyaga – mga Moabita, Edomita, Sidonia at Hetea, 2 mula sa mga bansang sinabi ni Yawe sa mga Israelita: "Huwag kayong mag-asawa sa kanila o sila sa inyo sapagkat ibabaling nila ang inyong puso sa kanilang mga diyos." Ngunit tinularan ni Solomon ang mga bansang ito dahil sa kanyang pag-ibig. 3 Naging asawa niya ang pitundaang prinsesa, at tatlundaang asawang-alipin; at sila ang nagligaw sa kanyang puso.

4 Sa katandaan ni Solomon, ibinaling ng kanyang mga asawa ang kanyang puso sa pagsunod sa ibang mga diyos. Hindi kasintapat ng puso ni David na kanyang ama ang kanyang puso kay Yaweng kanyang Diyos. 5 Sumunod siya kay Astarteng diyosa ng mga Sidonio at kay Milkom na diyus-diyusan ng mga Amonita. 6 Ginawa ni Solomon ang masama sa paningin ni Yawe, at hindi buongpusong sumunod kay Yawe gaya ni David na kanyang ama. 7 Nagtayo pa si Solomon ng isang altar sa burol sa silangan ng Jerusalem para kay Kemos na diyus-diyusan ng Moab pati kay Milkom na diyos ng mga Amonita. 8 Gayundin ang kanyang ginawa para sa lahat niyang

ng bansa. Ang pulitika ng pagpapasikat at ng naglalakihang patrabaho ay nangangailangan ng pagpapataw ng sapilitang pagpapatrabaho sa bayan. Isa ito sa mga dahilan ng pagkahati ng kaharian pagkamatay ni Solomon. Kaya naman hindi na nila inalala nang may pagmamalaki ang karangyaan ng kanyang paghahari at mas pinahalagahan ang katarungan.

Kahit na hangad nga ng mananampalatayang sumagana ang kanyang bansa, hindi siya nagpapasilaw sa mga pangarap ng mayabang na kadakilaan. Hindi tumitigil ang Iglesya sa paglalantad at pagtuligsa sa kasalanang napapaloob sa mga gastos ng militar o mga gastos para lamang tumanyag. Alam ng bawat isa na ang kabuuang badyet pangmilitar ng mundo ay makasasapat na para sa industriyalisasyon ng lahat ng bansa.

• **11.**1 Hindi na naiiskandalo ang Biblia sa pagkakaroon ni Solomon ng maraming asawa. Nang panahong iyon, patunay sa yaman ng lalaki ang maraming asawa. Pinagsasabihan siya ng Biblia dahil sa mga asawa niyang pagano. Pinarami niya ang mga asawang dayuhan at nakipagtipan din siya sa mga bayan ng mga iyon, na di nakakakilala sa Diyos, at tinularan niya sila sa kanilang materyalismo.

Pinapupurol ng luho ang karunungan. Ipinagmamalaki ni Solomon ang kanyang pagkalalaki nang di namamalayang inuutus-utusan lamang siya ng kanyang mga asawa. Kasamang dumating ng mga dayuhang babae ang kanilang mga pari at paganong kulto na magbubulid sa Israel sa pagsamba sa diyus-diyusan at materyalismo. Maging ang puso ni Solomon ay tatalikod sa Diyos.

Inakala ng bayan na kailangang mapalibutan ng luho at parangal ang haring pinagpapala ni Yawe. Ngunit paglipas ng mga panahon, aalalahanin ng mga propeta na nagpapamanhid sa puso ng isang pinuno ang kapangyarihan, kayamanan at luho (Dt 17:14). May parehong karanasan ang lahat ng bayan sa kabuuan ng kasaysayan. Gayundin naman sa Iglesya, inakala ng mga mananampalataya sa loob ng mga dantaon na angkop lamang na magmukhang maharlika ang kanilang mga obispo at papa. At pinagbabayaran naman natin hanggang ngayon ang mga bunga ng kanilang mga pagkakamali.

*Hindi mo tinupad ang aking Tipan*. Ang pag-oorganisa sa kanyang buhay at sa kanyang bansa nang hindi hinahanap ang kalooban ng Diyos ang talagang kasalanan ni Solomon. Nabuhay siyang gaya ng ibang mga hari at sariling ambisyon ang isinakatuparan. At inakala niyang sapat na ang humingi ng pagpapala kay Yawe.

asawang banyaga na nagsusunog ng
insenso at nag-aalay ng mga handog sa
kani-kanilang mga diyos.
9 Nagalit si Yawe kay Solomon sa-
pagkat lumayo ang puso nito kay Yaweng
Diyos ng Israel. Dalawang beses na na-
pakita si Yawe sa kanya 10 at inutusan
siyang huwag sumunod sa ibang mga
diyos. Ngunit hindi niya tinupad ang utos
ni Yawe.
11 Kaya sinabi ni Yawe kay Solomon:
"Dahil ganito ang iginawi mo at hindi mo
tinupad ang aking Tipan at ang aking mga
tuntunin na iniutos ko sa iyo, aagawin ko sa
iyo ang kaharian at ibibigay ito sa iyong
tagapaglingkod. 12 Alang-alang lamang
kay David na iyong ama kaya hindi ko ito
gagawin sa iyong panahon kundi sa ka-
may ng iyong anak ko ito aagawin. 13 Ngu-
nit hindi ko aagawin sa kanya ang buong
kaharian. Isang tribu ang ibibigay ko sa
iyong anak alang-alang kay David na
aking lingkod at sa Jerusalem na aking
pinili."

**Mga kaaway ni Solomon**

14 At nagpalitaw si Yawe ng isang kalaban ni
Solomon, si Hadad na Edomitang buhat sa isang
kilalang pamilya ng Edom. 15 Nang malupig ni
David ang Edom at pagkaahon ni Yoab na
heneral ng hukbo para ilibing ang mga patay,
pinatay niya ang lahat ng lalaki ng Edom.
16 Anim na buwan doon si Yoab at ang buong
Israel hanggang malipol ang lahat ng lalaki sa
Edom. 17 Pero nakatakas si Hadad pa-Ehipto
kasama ang ilang Edomitang mga tauhan ng
kanyang ama. Bata pa noon si Hadad. 18 Umalis
sila sa Madian at nagpunta sa Paran, at isinama
nila ang ilang lalaki mula sa Paran, at nagpunta
sila sa Ehipto kay Paraong hari ng Ehipto.
Binigyan nito si Hadad ng bahay, pagkain at
lupain. 19 Lubos na naging kasiya-siya si Hadad
kay Paraon kaya ibinigay nito sa kanya bilang
asawa ang kanyang hipag na kapatid ni Reyna
Tafanes na asawa nito. 20 Nagkaanak sa kanya
ng isang lalaki ang kapatid ni Tafanes, at pina-
ngalanan itong Genubat. At pinalaki ito ni
Tafanes sa bahay ni Paraon. Sa palasyo nga ni
Paraon tumira si Genubat, kapiling ng mga anak
ni Paraon.
21 Kayat nang mabalitaan ni Hadad sa Ehipto
na namayapa na si David sa piling ng kanyang
mga ninuno at patay na rin si Yoab na heneral ng
hukbo, sinabi niya kay Paraon: "Pahintulutan
ninyo akong makauwi sa aking lupain." 22 Tina-
nong siya ni Paraon: "Ano pa ang kulang sa iyo
sa piling ko at gusto mong umuwi sa iyong
lupain?" Ngunit sumagot siya: "Wala, pero pa-
alisin sana ninyo ako." Kayat umuwi si Hadad sa
kanyang lupain. At ito ang kasamaang ginawa
ni Hadad: napoot siya sa Israel at naghari sa
Edom.
23 Nagpalitaw rin ang Diyos ng isa pang ka-
laban ni Solomon, si Razon na anak ni Eliada.
Nakatakas ito sa kanyang among si Hadadezer
na hari ng Soba. 24 Tinipon ni Razon ang ilang
lalaki at pinamunuan niya ang isang pangkat ng
mga tulisan. Matapos patayin ni David ang ilan
sa kanila, nagpunta sila at nanirahan sa Da-
masco at pinagharian ito. 25 Naging kalaban siya
ng Israel habang nabubuhay si Solomon.

**Ipinagpauna ni Propeta Ahias ang pagkahati ng kaharian**

• 26 Naghimagsik din sa hari si Yero-
boam. Anak siya ni Nebat na Efrateong
taga-Zereda; biyuda na ang kanyang
inang si Zerva. Isa siya sa mga opisyal ni
Solomon.
27 Ito ang dahilan ng kanyang paghi-
himagsik sa hari. Itinatayo ni Solomon

---

• 26. *Naghimagsik din sa hari si Yeroboam.* Sa mga huling taon ni Solomon, marami sa kanyang mga kalaban ang naghimagsik. Narito ngayon ang lalaking aagaw sa malaking bahagi ng lupain mula sa anak ni Solomon at ganap na hahati sa sambayanan.

Sa tula tungkol sa Tore ng Babel (Gen 11), inilalahad ang pagkakawatak-watak ng mga bayan bilang pinakabunga at parusa sa mayabang na pamumulitika. Ganito rin ang makikita sa Kaharian ng Israel.

*Ibibigay ko sa iyo ang sampung tribu.* Bale labindalawang tribu ang Israel. Sa totoo'y puwede nating sabihing dalawa. Nasa timog ang Juda at ang karatig nitong Simeon na di gaanong malaki. Nasa hilaga naman ang Israel na namumuno sa iba pang siyam na di gaanong mahalaga. Mula pa man nang pag-isahin ni David ang mga ito, ginising na una ni Absalom at ng iba pang sumunod sa kanya ang pagnanais sa autonomiya ng hilaga. Ang diktadura ni Solomon na naging napakabigat sa mga tribu sa hilaga ang naghanda sa paghihiwalay.

Sinasabi ni Propeta Ahias na hahatiin ni Yawe ang kaharian para parusahan si Solomon. Isang paraan ito ng pagsasalita. Ang bawat tao mismo ang naghahanda ng kanyang kaparusahan. Sa mga pagkakamali mismo at mga kasalanan ng hari tuwirang nagmumula ang pagkakahati.

ang Milo at nasarhan na ang guwang sa
pader ng Lunsod ni David na kanyang
ama. 28 Si Yeroboam ay isang lalaking
malakas at magiting. Nakita ni Solomon
kung paano magtrabaho ang binatang ito
kayat ginawa niya itong tagapamahala sa
lahat ng kailangang magtrabaho mula sa
angkan ni Jose.

29 Nang minsang lumabas si Yeroboam
mula sa Jerusalem, nasalubong niya sa
daan ang propetang si Ahias na taga-Silo
na may suot na bagong kapa. Silang da-
lawa lamang ang nasa bukid.

30 Hinawakan ni Ahias ang bagong
kapang suot niya at pinunit sa labin-
dalawang piraso. 31 At sinabi nito kay
Yeroboam: "Kunin mo ang sampung pi-
raso sapagkat ito ang sinasabi ni Yaweng
Diyos ng Israel: Tingnan mo, malapit ko
nang agawin ang kaharian sa mga kamay
ni Solomon at ibibigay ko sa iyo ang
sampung tribu. 32 Isang tribu lamang ang
maiiwan sa kanya alang-alang sa aking
lingkod na si David at sa Jerusalem na
lunsod na pinili ko sa lahat ng tribu ng
Israel.

33 Gagawin ko ito dahil tinalikuran niya
ako at sinamba si Astarteng diyosa ng
mga Sidonio, si Kemos na diyos ng Moab
at si Milkom na diyos ng mga Amonita.
Hindi siya lumakad sa aking mga daan,
hindi niya ginawa ang tama sa aking pa-
ningin ni tinupad ang aking mga tuntunin
at mga atas, hindi gaya ng ginawa ni
David na kanyang ama.

34 Subalit hindi ko kukunin sa kanyang
kamay ang buong kaharian. Pababayaan ko pa
rin siyang makapaghari sa lahat ng araw ng
kanyang buhay alang-alang kay David na aking
lingkod na hinirang ko at siyang tumupad sa
aking mga utos at tuntunin. 35 Aagawin ko ang
kaharian sa kamay ng kanyang anak at ibibigay
ko sa iyo ang sampung tribu. 36 Isang tribu ang
ibibigay ko sa kanyang anak upang si David na
aking lingkod ay laging magkaroon ng isang
ilawan sa aking harap sa Jerusalem na lunsod
na pinili kong paglagyan ng aking Pangalan.
37 Kukunin kita at papaghahariin sa lahat ng
gusto mo: magiging hari ka ng Israel. 38 Ngayon,
kung makikinig ka sa lahat ng iniuutos ko, at
lalakad sa aking mga daan at gagawin ang tama
sa aking paningin sa pagtupad sa aking mga
tuntunin at mga utos, tulad ng ginawa ni David
na aking lingkod, sasaiyo ako at ipagtatayo kita
ng sambahayang sintatag ng sambahayang
itinayo ko para kay David. Ibibigay ko sa iyo ang
Israel, 39 sa ganito ko hahamakin ang lahi ni
David dahil dito, pero hindi sa lahat ng araw."

40 Tinangkang patayin ni Solomon si Yero-
boam, pero tumakas si Yeroboam pa-Ehipto,
kay Sisak na hari ng Ehipto. At doon siya nanatili
hanggang mamatay si Solomon.

41 Tungkol naman sa iba pang pangyayari sa
buhay ni Solomon, ang lahat niyang ginawa at
ang kanyang karunungan, ay nasusulat sa Aklat
ng mga Gawa ni Solomon. 42 Apatnapung taong
naghari si Solomon sa buong Israel sa Jeru-
salem. 43 At nahimlay siya sa piling ng kanyang
mga ninuno sa Lunsod ni David. Humalili sa
kanya si Rehoboam na kanyang anak.

**Ang pagkakahati ng kaharian**

**12** • 1 Nagpunta si Rehoboam sa Si-
kem sapagkat doon nagtipon ang
buong Israel upang gawin siyang hari.
2 Nang mabalitaan ito ni Yeroboam na
anak ni Nebat, nagbalik siya mula sa
Ehipto na pinagtaguan niya para maka-
takas kay Haring Solomon at kinaroroo-
nan pa rin niya.

---

• **12.**1 Nagkatotoo pagkamatay ni Solomon ang ipinahayag ni Propeta Ahias: nahati ang kaharian. Binibigyang-diin ng sumulat ang pananagutan at kahangalan ni Rehoboam. *Hindi pinakinggan ng hari ang bayan*. Maging si Solomon na nabuhay nang hiwalay sa kanila sa kanyang karangyaan ay hindi rin nakinig sa kanila.

Ngunit sa paghiwalay ng mga taga-Israel, nawala sa kanila ang pakinabang ng mga pangakong binitiwan ng Diyos kay David na di naman niya binawi sa mga inapo nito kahit na nagkamali at nagkasala ang mga ito. Magkakaroon sa kaharian sa hilaga (o kaharian ng Israel) ng panahon na lilitaw ang mga dakilang propeta: sina Elias, Osias. Pero hindi magkakaroon ng matagalang paghawak sa kapangyarihan, at maraming mangangamkam ang magiging hari, pero hindi mapananatili ang paghahari sa kanilang mga inapo. Waring tinatrato ng Diyos ang bawat isa sa kanila ayon sa kani-kaniyang kabutihan. Samantala'y wala namang pagkaputol ang pagkakahali-halili sa Juda ng mga haring inapo ni David, mabuti man o masama, sa loob ng apat na dantaon: ang kanilang kasaysayan ay pinatatakbo at sinasaklaw ng pangako ng Diyos.

*Sinasabi ni San Pablo na mga larawan ng nang-*

3 Ipinatawag siya ng mga taga-Israel at
dumating siyang kasama ang pagtitipon
ng Israel. Humarap sila kay Rehoboam at
hiningi: 4 "Mabigat ang pamatok na ipi-
napasan sa amin ng iyong ama. Kaya
ngayo'y pagaanin mo ang mahirap na
trabahong ipinataw sa amin ng iyong ama
pati ang mabigat na pamatok na ipi-
napasan niya sa amin, at maglilingkod
kami sa iyo." 5 Ngunit sinabi sa kanila ni
Rehoboam: "Umalis kayo ngayon at
bumalik sa ikatlong araw." At umalis nga
ang mga tao.

6 Sinangguni ni Haring Rehoboam ang
mga matatandang naglingkod sa kan-
yang amang si Solomon nang nabubuhay
pa ito, 7 at tinanong niya: "Ano ang mai-
papayo ninyo sa akin para isagot ko sa
bayang ito?" At sumagot sila: "Kung
magiging lingkod ka ng bayang ito nga-
yon at paglilingkuran sila at kakausapin
sila sa mabubuting salita, paglilingkuran
ka naman nila habampanahon." 8 Ngunit
binale-wala ni Rehoboam ang payong ibi-
nigay sa kanya ng mga matatanda at tina-
nong ang mga binatang kanyang mga
kababata na naglilingkod sa kanya. 9 Si-
nabi niya sa mga ito: "Ano sa palagay
ninyo ang dapat nating isagot sa bayang
ito na nagsabi sa aking pagaanin ko ang
pamatok na ipapasan sa kanila ng aking
ama?" 10 Sumagot ang mga binatang mga
kababata niya: "Dahil sinabi sa iyo ng
bayang ito na pinabigat ng iyong ama ang
kanilang pamatok kaya pagaanin mo
naman ito, ganito ang sabihin mo sa ka-
nila: Mas malapad ang aking kalingkingan
kaysa baywang ng aking ama. 11 Mabigat
nga ang pamatok na ipinapasan sa inyo
ng aking ama ngunit lalo ko pang pabibi-
gatin. Hinagupit kayo ng aking ama ng
latigo, ngunit kakabitan ko pa iyon ng
matutulis na bakal."

12 Sa ikatlong araw, nagbalik kay Reho-
boam si Yeroboam at ang buong bayan
ayon sa sinabi ng haring "Bumalik kayo
sa ikatlong araw." 13 Pero marahas na si-
nagot ng hari ang bayan, binale-wala niya
ang payo ng mga matatanda, 14 at ang
payo ng mga binata ang sinabi: "Pinabigat
nga ng aking ama ang inyong pamatok
pero lalo ko pa itong pabibigatin. Hina-
gupit kayo ng aking ama ng latigo ngunit
kakabitan ko pa iyon ng matutulis na
bakal." 15 Hindi pinakinggan ng hari ang
bayan. Sadyang niloob ni Yawe ang ga-
yong pangyayari, para matupad ang mga
salita ni Yawe na sinabi ni Ahias na taga-
Silo kay Yeroboam na anak ni Nebat.

16 Nakita ng buong Israel na ayaw si-
lang pakinggan ng hari kayat sinagot nila
ang hari: "Ano'ng mapapala namin kay
David? Katribo ba natin si Jese? Sa iyong
mga tolda, O Israel! Bahala ka sa buhay
mo, O David!"

Nagsiuwi nga ang mga Israelita sa
kani-kanilang mga tolda. 17 Ang mga

---

*yayari kay Jesus at sa kanyang Iglesya ang mga pangyayari sa Matandang Tipan (Heb 9). Makikita rito ang larawan ng paghihiwalay na humati sa iisang Iglesyang itinatag ni Kristo.*

*Sa ikalabinlimang dantaon, parang isang imperyo ang Iglesya at mas pinagkakaabalahan nito ang mga kapakanang pantao kaysa mapakumbabang paglilingkod sa Diyos. Inakala ng kanyang mga lider noon na mapararangalan nila si Kristo sa naggagandahan nilang mga templo. At para matustusan ang mga iyon, pinatawan nila ng mga buwis ang mga sumasampalataya at binale-wala ang mga hangarin ng mga ito at mga pangangailangang panrelihiyon. Naghimagsik ang mga ito sa ngalan ng isang ebanghelyong mas isinasabuhay at ito ang naging simula ng Protestantismo. Ngunit ang malaman ang lahat ng mabuti sa mga protestante at mga pentekostal ay hindi hadlang para makita na matapos silang humiwalay sa mga kahalili ng mga apostol ay nahaharap sila sa isang serye ng mga pagkakahati-hati at sa paghahanap sa pagkakaisa ng pananampalataya na hindi naman makamit-kamit. Marami nang krisis na pinagdaanan ang Iglesya Katolika na siya ang may pananagutan. Gayunpaman, waring tinatrato siya ng Diyos ayon sa mga pangako nito at hindi sa kabutihan niya, para mailagay siyang muli sa tamang landas. Kailangan siyempreng makilala ng iglesya ang mga aspetongito ng kanyang mga istruktura at kasalukuyang asal na napakalayo sa diwa ng Ebanghelyo, habang isinasaisip niyang makaaasa siya sa pangako ni Kristo. Ang Iglesya ang sentro, ang lugar ng pakikipag-isa, kung saan ang lahat, balang araw, ay muling magkakaisa (tingnan Ez 16:52-59 at Slm 87).*

Israelita lamang sa mga lunsod ng Juda
ang kumilala kay Rehoboam bilang hari
nila.

18 Pinapunta ni Haring Rehoboam si
Adoniram na tagapamahala sa sapilitang
paggawa ngunit binato siya ng buong Is-
rael hanggang mamatay. Kayat agad na
sumakay si Haring Rehoboam sa kanyang
karwahe para tumakas pa-Jerusalem.

19 Kayat naghimagsik ang Israel sa
angkan ni David hanggang sa panahong
ito.

20 Nang malaman ng buong Israel na nag-
balik na si Yeroboam, ipinatawag nila siya sa
pagtitipon at ginawa siyang hari ng buong Israel.
Wala nang iba pang natira sa angkan ni David
maliban sa tribu ng Juda. 21 Pagdating ni Reho-
boam sa Jerusalem, tinipon niya ang buong
sambahayan ng Juda at ang tribu ng Benjamin,
sandaa't walumpung libong bihasang mandi-
rigma, para makipaglaban sa sambahayan ng
Israel upang mabawi ang kaharian ni Rehoboam
na anak ni Solomon.

22 Ngunit dumating ang salita ng Diyos kay
Semayang tao ng Diyos:

23 "Sabihin mo kay Rehoboam na anak ni
Solomon, ang hari ng Juda, at sa buong sam-
bahayan ng Juda at Benjamin at sa buong bayan
24 na ganito ang sinasabi ni Yawe: Hindi kayo
aahon para makipaglaban sa inyong mga ka-
patid na Israelita. Magsiuwi na ang lahat dahil
ako ang may gawa nito." Pagkarinig nila sa
salita ni Yawe, nagsiuwi nga sila ayon sa sinabi
ni Yawe. 25 Pinaderan ni Yeroboam ang Sikem sa
kabundukan ng Efraim at doon siya nanira-
han. At nagpunta siya sa Penuel at pinaderan din
ito.

**Ang pagkakahati sa relihiyon**

• 26 Napag-isip ni Yeroboam: "Maaaring
mabalik ang kaharian sa angkan ni David.
27 Kung aahon ang bayang ito pa-Jerusa-
lem para maghain ng mga handog sa
Bahay ni Yawe, magbabalik-loob sila sa
kanilang panginoong si Rehoboam na hari
ng Juda. At papatayin nila ako at mag-
babalik kay Rehoboam na hari ng Juda.

28 Naghanap ng payo ang hari at gu-
mawa siya ng dalawang guyang ginto. At
sinabi niya sa sambahayan: "Tama na ang
pag-ahon ninyo sa Jerusalem. Narito ang
iyong mga diyos, O Israel, na naglabas sa
iyo mula sa lupain ng Ehipto." 29 Inilagay
niya ang isa sa Betel, at sa Dan ang isa pa.
30 Humantong sa kasalanan ang bagay na
ito. Inihatid ng sambayanan ang isang
guya hanggang Dan.

31 Nagtayo rin si Yeroboam ng mga al-
tar sa mga burol, at humirang ng mga pari
sa mga ordinaryong tao na hindi naman
mga Levita. 32 Itinakda rin ni Yeroboam
ang isang piyesta sa ikalabinlimang araw
ng ikawalong buwan gaya ng pagpipi-
yesta sa Juda. At nag-alay siya ng mga
handog sa altar. Ginawa niya ito sa Betel
kung saan siya naghandog sa mga
guyang ginawa niya. At humirang din siya
ng mga pari para sa mga altar sa burol na
kanyang itinayo. 33 Sa ikalabinlimang
araw ng ikawalong buwan na sarili niyang
pakana, itinakda niya ang isang piyesta
para sa mga Israelita at umahon sa altar
para magsunog ng insenso.

---

• 26. Pinagbubuklod ang labindalawang tribu ng iisang relihiyon. Ngunit nakikita ni Yeroboam na magiging mahina ang kanyang kapangyarihan habang patuloy sa pag-akyat sa Jerusalem ang mga Israelita para doon mag-alay ng kanilang mga handog. Pinagtitibay niya ang paghihiwalay na pulitikal sa pamamagitan ng isang *sisma* o paghihiwalay na panrelihiyon.

Nagtayo siya ng maraming santuwaryo sa kanyang kaharian. Lumikha siya ng mga paring itinatalaga ng hari (sa kabila ng itinatadhana ng Batas na dapat silang magmula sa tribu ng Levi at maging mga inapo ni Aaron). Gumawa siya ng mga guyang metal para ilarawan si Yawe gayong ipinagbabawal na isalarawan ang Diyos na di-nakikita, at ibinaba niya ito at ipinantay sa mga hayop.

Sa pagsasalaysay sa mga ginawa ng mga hari ng Israel o ng hilaga, laging inuulit ng Biblia: "Nagpatuloy sila sa pagkakasala ni Yeroboam." Kayat binibigyang-diin nito ang kahalagahan ng pananatiling kaisa sa sentrong itinatag ng Diyos sa Jerusalem. Hindi sapat na isiping "Pareho namang Diyos ang pinaglilingkuran namin" o kaya'y "Ayon sa aming paraan kami naglilingkod."

Si Yeroboam ang halimbawa ng iba pang mga gobyernong nagsikap magtayo ng mga pambansang iglesya nitong dakong huli: sa England sa panahon ng Repormasyon, sa France pagkatapos ng Rebolusyon, sa China at sa mga bansang sosyalista pagkatapos ng rebolusyong komunista. Maraming Katoliko ang pinag-usig at namatay dahil sa pananatiling tapat sa iisang Iglesya na kailangang maging *Katoliko* o panlahat.

**Istorya ng propeta ng Betel**

**13** • 1 Isang tao ng Diyos na galing-
Juda ang dumating sa Betel dahil
sa utos ni Yawe habang nakatayo si Yero-
boam sa tabi ng altar para magsunog ng
insenso. 2 Sumigaw ang lalaki sa ngalan ni
Yawe laban sa altar: "O altar, altar, ganito
ang sinasabi ni Yawe: Isang lalaki ang
isisilang sa angkan ni David, Yosias ang
kanyang pangalan. Sa iyo niya papatayin
ang mga pari ng mga altar sa burol na
nagsusunog ng insenso sa iyo, at sa iyo
rin nila susunugin ang mga buto ng tao."

3 At nang araw ding iyon, isang tanda
ang ibinigay ng lalaki. Sinabi niya: "Ito
ang tanda na si Yawe nga ang nagsalita.
Tingnan ninyo: biyak ang altar at bumu-
buhos ang abong narito!"

4 Nang marinig ng hari ang salita ng
Diyos at ang sinabi nito laban sa altar sa
Betel, iniunat niya ang kanyang kamay
mula sa altar at sinabi: "Dakpin siya!"
Ngunit natuyo ang kamay na iniunat niya
laban sa lalaki at hindi niya maiurong. 5 At
nabiyak ang altar at bumuhos ang abo
mula rito, ayon sa palatandaang ibinigay
ng tao ng Diyos dahil sa salita ni Yawe.

6 Sinabi ng hari sa tao ng Diyos: "Lu-
muhod ka kay Yaweng iyong Diyos at
ipanalangin ako upang manauli ang aking
kamay." Nanikluhod nga kay Yawe ang
tao ng Diyos, at nanauli sa dati ang kamay
ng hari. 7 At sinabi ng hari sa tao ng Diyos:
"Sumama ka sa akin pauwi at kumain ka
muna, para maregaluhan kita." 8 Ngunit
sinabi ng tao ng Diyos sa hari: "Hindi ako
sasama sa iyo, ibigay mo man sa akin ang
kalahati ng iyong bahay. Hindi rin ako
kakain o iinom sa lugar na ito 9 sapagkat
ganito ang iniutos sa akin ni Yawe, ang
kanyang salita sa akin: Huwag kang ka-
kain ng tinapay o iinom ng tubig, o uuwing
pabalik sa iyong dinaanan." 10 Kaya sa iba
siya dumaan pauwi, at hindi sa kanyang
dinaanan pa-Betel.

11 May matandang propeta naman sa
Betel. Nagsidating ang kanyang mga
anak at ikinuwento sa kanya ang lahat ng
ginawa nang araw na iyon sa Betel ng tao
ng Diyos. Sinabi nila sa kanilang ama ang
mga salitang sinabi nito sa hari. 12 At tina-
nong sila ng kanilang ama: "Saan siya
nagdaan?" at itinuro nila ang dinaanan ng
tao ng Diyos na galing-Juda. 13 At sinabi
niya sa kanyang mga anak: "Ihanda ninyo
ang aking asno." Inihanda nga nila ang
asno at sumakay siya rito.

14 Sinundan niya ang tao ng Diyos, at
natagpuan itong nakaupo sa lilim ng isang
puno. Tinanong niya ang lalaki: "Ikaw ba
ang tao ng Diyos na galing-Juda?" Suma-
got ito: "Ako nga." 15 At sinabi niya: "Su-
mama ka sa akin pauwi at kumain kahit
kaunti." 16 Sumagot ang lalaki: "Hindi ako
makababalik kasama ninyo para tumuloy
sa inyong tahanan. At hindi rin ako ma-
kakakain ng tinapay o makaiinom ng tu-
big kasalo ninyo sa lugar na ito. 17 Sapag-
kat ganito ang iniutos ni Yawe: Huwag
kang kakain ng tinapay o iinom ng tubig
doon, o uuwing pabalik sa iyong dina-
anan." 18 Ngunit sinabi sa kanya ng ma-
tanda: "Propeta rin akong tulad mo, at
sinabi sa akin ng isang anghel sa utos ni
Yawe: Isama mo siyang pabalik at dalhin
sa iyong bahay upang doon makakain ng
tinapay at makainom ng tubig." Ngunit
nagsisinungaling ang matandang pro-
peta. 19 At bumalik naman siyang kasama
ng matanda, at kumain at uminom sa
bahay nito.

20 Habang nakadulog sila sa hapag, du-
mating ang salita ni Yawe sa propetang
nagsama sa kanya. 21 At malakas niyang
sinabi sa tao ng Diyos na galing-Juda:
"Ganito ang sinasabi ni Yawe: Sinuway

---

• **13.1** *Mas mahalaga ang pagsunod kaysa mga sakripisyo* (1 S 15:22). Ganito ang salita ni Yawe sa pagtatakwil niya kay Saul sa kahawig na pangyayari.
Binibigyang-diin ng tekstong ito ang iba't ibang aspekto ng pagsunod na lubos na ikinalulugod ng Diyos.
Naging matatag dapat ang propeta, yamang alam niyang hindi binabago ng Diyos ang kanyang mga utos.

mo ang salita ni Yawe at hindi tinupad ang
ipinag-utos sa iyo ni Yaweng iyong Diyos.
22 Nagbalik ka at kumain ng tinapay at
uminom ng tubig sa lugar na sinabi ko sa
iyong huwag kakain o iinom. Kaya hindi
malilibing ang iyong bangkay sa libingan
ng iyong mga ninuno."

23 Pagkatapos niyang kumain at umi-
nom, inihanda ng propetang nagsama sa
kanya ang kanyang asno at umalis na siya.
24 Ngunit may nasalubong siyang leon sa
daan at pinatay siya. Sa daan bumagsak
ang kanyang bangkay, sa tabi ng asno at
leon. 25 Nakita ng mga taong nagdaraan ang
bangkay na nakabulagta sa daan sa tabi ng
leon. Ibinalita nila iyon sa lunsod na tinitir-
han ng matandang propeta.

26 Nang mabalitaan ito ng propetang
nagsama sa kanya, sinabi nito: "Ito ang tao
ng Diyos na sumuway sa salita ni Yawe.
Ipinaubaya siya ni Yawe sa leon na lumapa
at pumatay sa kanya, ayon sa salitang
sinabi sa kanya ni Yawe." 27 At sinabi niya
sa kanyang mga anak: "Ihanda ninyo ang
asno para sa akin." At inihanda nga nila ito.

28 Umalis siya at natagpuan niya ang
bangkay na nakahandusay sa daan, at
katabi ang asno at leon. Hindi kinain o
nilapa ng leon ang asno. 29 Kinuha ng
propeta ang bangkay ng tao ng Diyos at
isinakay sa asno at ibinalik sa lunsod
upang ipagluksa at ilibing. 30 Inilibing niya
iyon sa sarili niyang libingan, at nagluksa
sila: "O kapatid ko!"

31 Pagkatapos ng libing, sinabi ng ma-
tanda sa kanyang mga anak: "Pagkama-
tay ko, ilibing ninyo 'ko sa pinaglibingan
sa tao ng Diyos, ang aking mga buto sa
tabi ng kanyang mga buto. 32 Sapagkat
magkakatotoo ang lahat ng kanyang
sinabi sa utos ni Yawe laban sa altar sa
Betel at sa lahat ng altar sa burol sa mga
lunsod ng Samaria."

33 Pagkatapos nito, hindi pa rin lumayo
si Yeroboam sa kanyang masamang gawi.
Sa halip, muli siyang humirang ng mga
pari para sa mga altar sa burol mula sa
mga ordinaryong tao. Ginawa niyang pari
sa mga altar sa burol ang sinumang may
gustong magpari. 34 Ito ang kasalanan ng
angkan ni Yeroboam, kaya nilipol sila't
pinawi sa balat ng lupa.

### Propesiya ni Ahias laban kay Yeroboam

**14** • 1 Nang panahong iyon, nagka-
sakit si Abias na anak ni Yero-
boam. 2 Sinabi ni Yeroboam sa kanyang
asawa: "Hala, magbalatkayo ka para
hindi ka makilalang asawa ni Yeroboam.
Magpunta ka sa Silo, naroon ang prope-
tang si Ahias na nagsabi sa aking magi-
ging hari ako ng bayang ito. 3 Magdala ka
ng sampung tinapay, ilang kalamay at
isang garapong pulot-pukyutan. Punta-
han mo siya at sasabihin niya sa iyo ang
mangyayari sa bata."

4 Gayon nga ang ginawa ng asawa ni
Yeroboam. Tumindig siya at nagpunta sa
Silo. Tumuloy siya sa bahay ni Ahias.
Hindi na makakita si Ahias sapagkat wala
nang galaw ang kanyang mga mata dahil
sa katandaan. 5 Ngunit sinabi na ni Yawe
kay Ahias: "Parating ang asawa ni Yero-
boam para tanungin ka tungkol sa kan-
yang anak na may sakit. Ganito ang sasa-
bihin mo sa kanya... Darating siyang
nakabalatkayo." 6 Kayat nang marinig ni
Ahias ang kanyang mga yabag pagsapit
niya sa may pinto, sinabi niya: "Tuloy ka,
asawa ni Yeroboam. Ba't ka nakabalat-
kayo? Ipinahahatid sa akin para sa iyo
ang isang masamang balita.

7 Bumalik ka at sabihin kay Yeroboam
na ganito ang sinasabi ni Yaweng Diyos ng
Israel: 8 Itinampok kita sa gitna ng sam-
bayanan at hinirang na pinuno ng aking

---

• **14.**1 Ibinabalita ng mga salita ni Ahias ang unang kudeta sa kasaysayan ng Israel. Magkakaroon pa ng mas marami at sa bawat pagkakatao'y lilipulin ang mga kamag-anak at mga anak na lalaki ng naibagsak mula sa kapangyarihan. Pagkatapos ng kabanatang ito, patuloy ang kasaysayan ng dalawang kaharian sa loob ng unang limampung taon nila.

bayang Israel. Inagaw ko ang kaharian sa angkan ni David at ibinigay sa iyo. Pero hindi ka naging tulad ng aking lingkod na si David na tumupad sa aking mga utos at sumunod sa akin nang buo niyang puso sa paggawa lamang ng tama sa aking paningin. 9 Ngunit masama ang ginawa mo, mas masahol pa sa lahat ng nauna sa iyo. Sumige ka sa paggawa ng ibang mga diyos at mga imaheng metal. Ginalit mo ako at tinalikuran.

10 Kaya parurusahan ko ngayon ang angkan ni Yeroboam. Lilipulin ko ang lahat ng lalaki sa lipi ni Yeroboam sa Israel, alipin man o malaya. At papalisin ko ang matitira sa angkan ni Yeroboam, tulad sa pagwawalis sa dumi hanggang mawala ang lahat. 11 Lalamunin ng mga aso ang kay Yeroboam na mamamatay sa lunsod, at kakanin naman ng mga ibon sa langit ang mamamatay sa bukid. Ito ang sabi ni Yawe.

12 Sige, umuwi ka na. Pagtapak na pagtapak mo sa siyudad, mamamatay ang bata. 13 Ipagluluksa siya ng buong Israel at ililibing siya. Siya lamang sa lipi ni Yeroboam ang malilibing sapagkat sa buong angkan ni Yeroboam sa kanya lamang nakakita ng mabuti si Yaweng Diyos ng Israel. 14 Si Yawe mismo ang magpapalitaw ng isang hari sa Israel na pupuksa sa angkan ni Yeroboam.

15 Hahampasin ni Yawe ang Israel, gaya ng tambong hinahampas ng alon. Bubunutin niya ang Israel mula sa matabang lupang ito na ibinigay niya sa kanilang mga ninuno. At ikakalat sila sa kabilang ibayo ng Ilog Eufrates sapagkat ginalit nila si Yawe sa kanilang mga sagradong poste. 16 Pangangalatin ni Yawe ang Israel dahil sa mga kasalanang ginawa ni Yeroboam at sa pagbubulid niya sa Israel sa pagkakasala."

17 Umalis ang asawa ni Yeroboam. At pagdating niya sa Tirsa, pagtuntong niya sa may pintuan ng bahay, namatay ang bata. 18 Inilibing ang bata at nagluksa ang buong Israel gaya ng sinabi ni Yawe sa pamamagitan ng kanyang lingkod na si Ahias na propeta.

**Rehoboam, hari ng Juda**

19 Ang iba pa tungkol kay Yeroboam, ang kanyang pakikipagdigma at ang kanyang paghahari, ay nasa Mga Pangyayari sa mga Hari ng Israel. 20 Dalawampu't dalawang taong naghari si Yeroboam, at nahimlay siyang kasama ng kanyang mga ninuno. Nagharing kahalili niya si Nadab na kanyang anak.

21 Naghari naman sa Juda si Rehoboam na anak ni Solomon. Apatnapu't isang taon siya nang maging hari. Labimpitong taon siyang naghari sa Jerusalem na lunsod na pinili ni Yawe mula sa lahat ng tribu ng Israel para doon ilagay ang kanyang Pangalan. Si Naamang Amonita ang kanyang ina. 22 Gumawa rin ng masama sa paningin ni Yawe ang Juda. Lalo nilang ginalit si Yawe sa mga kasalanang ginawa nila na mas masahol pa sa lahat ng ginawa ng kanilang mga ninuno. 23 Nagtayo rin sila ng mga altar sa burol, mga sagradong bato at mga poste sa bawat taas ng burol at sa lilim ng bawat malabay na puno. 24 Nagkaroon pa sila ng mga lalaking nagbibili ng kanilang sarili sa lupain. Ginaya nila ang lahat ng kasuklam-suklam na gawi ng mga lahing pinalayas ni Yawe sa harap ng mga Israelita.

25 Sa ikalimang taon ni Haring Rehoboam, sinalakay ni Sisak na hari ng Ehipto ang Jerusalem 26 at tinangay ang mga kayamanan ng Bahay ni Yawe at ng palasyo ng hari. Tinangay niya ang lahat pati ang lahat ng gintong kalasag na ginawa ni Solomon. 27 Kayat pinalitan ni Rehoboam ang mga ito ng mga tansong kalasag at ipinagkatiwala sa mga pinuno ng tanod na nagbabantay sa pintuan ng palasyo ng hari. 28 Tuwing papasok ang hari sa Bahay ni Yawe, dinadala iyon ng mga tanod at ibinabalik naman sa silid ng mga tanod pagkatapos.

29 At iba pang tungkol sa paghahari ni Rehoboam at lahat niyang ginawa ay nasa Mga Pangyayari sa mga Hari ng Juda. 30 Nagpatuloy ang digmaan nina Rehoboam at Yeroboam. 31 Nahimlay si Rehoboam kasama ng kanyang mga ninuno at inilibing kasama nila sa Lunsod ni David. Si Naamang Amonita ang kanyang ina. Si Abiam na kanyang anak ang nagharing kahalili niya.

**Abiam, hari ng Juda**

**15** 1 Sa ikalabingwalong taon ni Haring Yeroboam na anak ni Nebat, naghari naman si Abiam sa Juda. 2 Tatlong taon siyang naghari sa Jerusalem. Maaka ang pangalan ng kanyang ina na anak ni Absalom. 3 Tinularan niya ang lahat ng kasalanang ginawa ng kanyang ama, at hindi buung-buo ang kanyang

puso kay Yaweng kanyang Diyos, hindi gaya ng puso ni David na kanyang ninuno. 4 Ngunit ipinangako ni Yaweng kanyang Diyos kay David na pananatilihin nitong may sindi ang kanyang ilawan sa Jerusalem, at papaghahariin ang kanyang mga anak pagkatapos niya at patatatagin ang Jerusalem. 5 Dahil ginawa ni David ang tama sa paningin ni Yawe at hindi lumihis mula sa lahat ng iniutos sa kanya ni Yawe sa buong buhay niya, maliban sa bagay tungkol kay Urias na Heteo.

7 Ang iba pang tungkol sa paghahari ni Abiam at lahat niyang ginawa ay nasa Mga Pangyayari sa mga Hari ng Juda. Nagdigmaan sina Abiam at Yeroboam. 8 Nahimlay si Abiam kasama ng kanyang mga ninuno, inilibing siya sa Lunsod ni David, at si Asa na kanyang anak ang nagharing kahalili niya.

**Asa, hari ng Juda**

9 Sa ikadalawampung taon ni Yeroboam na hari ng Israel, naghari naman si Asa sa Juda. 10 Apatnapu't isang taon siyang naghari sa Jerusalem. Lola niya si Maakang anak ni Absalom. 11 Ginawa ni Asa ang tama sa paningin ni Yawe, tulad ni David na kanyang ninuno. 12 Pinalayas niya sa lupain ang mga lalaking nagbibili ng kanilang sarili at inalis ang lahat ng diyus-diyusang ginawa ng kanyang mga ninuno. 13 Inalis din niya bilang inang-reyna ang kanyang lolang si Maaka dahil gumawa ito ng kasuklam-suklam na ukit kay Asera. Winasak ni Asa ang posteng ito at sinunog sa may Batis ng Kidron. 14 Hindi man niya inalis ang mga altar sa burol, pero buung-buo naman ang puso ni Asa kay Yawe sa buong buhay niya. 15 Dinala niya sa Bahay ni Yawe ang mga handog na itinalaga ng kanyang ama, pati ang sariling mga handog: pilak at ginto at mga kagamitan.

16 Nagdigmaan si Asa at si Baasa na hari ng Israel sa lahat ng araw ng kanilang buhay. 17 Sinalakay ni Baasang hari ng Israel ang Juda at nagtayo ng kuta sa Rama para hadlangan ang pagpaparoo't parito kay Asang hari ng Juda. 18 Kinuha naman ni Asa ang lahat ng pilak at gintong natitira pa sa mga kabang-yaman ng Bahay ni Yawe at ng palasyo ng hari, at ipinagkatiwala ang mga iyon sa kanyang mga lingkod na isinugo niya sa Damasco sa hari ng Aram na si Benhadad na anak ni Tabrimmon na anak naman ni Hezion. 19 At ipinasabi niya: "Gumawa tayo ng kasunduan tulad ng ginawa ng aking ama at ng iyong ama. Narito, may padala ako sa iyong pilak at ginto bilang regalo, kaya sirain mo na ang iyong kasunduan kay Baasang hari ng Israel para lumayo siya sa akin."

20 Pinakinggan ni Benhadad si Haring Asa at isinugo ang mga pinuno ng kanyang hukbo laban sa mga lunsod ng Israel at sinakop ang Ijon, Dan, Abel-Betmaaka, ang buong lupain ng Kinerot at ang buong lupain ng Neftali. 21 Nang mabalitaan ito ni Baasa, ipinatigil niya ang pagtatayo ng kuta sa Rama at umuwi sa Tirsa. 22 Kayat nagpalabas ng utos si Haring Asa sa buong Juda at walang itinanging sinuman. Ipinahakot nila mula sa Rama ang mga bato at kahoy na ginagamit ni Baasa sa pagtatayo ng kuta. Sa pamamagitan ng mga ito, itinayo ni Haring Asa ang kuta sa Geba ng Benjamin at Mizpa.

23 Ang iba pa tungkol sa paghahari ni Asa, ang kanyang kagitingan, ang lahat ng kanyang ginawa at ang mga lunsod na kanyang itinayo ay nasa Mga Pangyayari sa mga Hari ng Juda. Sa kanyang katandaan, nagkaroon siya ng karamdaman sa paa. 24 Nahimlay si Asa kasama ng kanyang mga ninuno at inilibing kasama nila sa Lunsod ni David na kanyang ninuno. Si Yosafat na kanyang anak ang nagharing kahalili niya.

**Nadab at Baasa, mga hari ng Israel**

25 Naghari naman sa Israel si Nadab na anak ni Yeroboam sa ikalawang taon ng paghahari ni Asa sa Juda. Dalawang taon siyang naghari sa Juda, 26 at ginawa niya ang masama sa paningin ni Yawe at sinundan ang mga yapak at kasalanan ng kanyang ama, at pinapagkasala ang Israel. 27 Nakipagsabwatan laban sa kanya si Baasang anak ni Ahias sa angkan ni Isacar at sinaksak niya ito sa Gibeton ng mga Pilisteo habang kinukubkob ni Nadab at ng buong Israel ang Gibeton. 28 Pinatay siya ni Baasa sa ikatlong taon ng paghahari ni Asa sa Juda, at siya ang nagharing kahalili nito.

29 Nang hari na siya, pinatay niya ang buong angkan ni Yeroboam at walang itinirang buhay hanggang malipol na lahat, ayon sa salitang binitiwan ni Yawe sa pamamagitan ng kanyang lingkod na si Ahias na taga-Silo. 30 Nangyari ito dahil sa mga kasalanang ginawa ni Yeroboam at sa pagbubulid niya sa Israel sa pagkakasala kaya naman ginalit niya si Yaweng Diyos ng Israel.

31 Ang iba pang tungkol sa paghahari ni Nadab at lahat ng kanyang ginawa ay nasa Mga Pangyayari sa mga Hari ng Israel. 32 Habambuhay na nagdidigmaan sina Asa at Baasang hari ng Israel.

33 Sa ikatlong taon ng paghahari ni Asa sa Juda, naghari naman sa buong Israel mula sa Tirsa si Baasang anak ni Ahias. Dalawampu't

apat na taon siyang naghari. 34 Gumawa siya ng
masama sa paningin ni Yawe at tinahak ang
daan ni Yeroboam at pinapagkasala ang Israel.

16 1 Dumating ang salita ni Yawe kay Yehu
na anak ni Hanani laban kay Baasa:
2 "Itinaas kita mula sa alabok at ginawang pi-
nuno ng aking bayang Israel ngunit sumunod ka
sa yapak ni Yeroboam at pinapagkasala ang
aking bayang Israel para galitin ako sa kanilang
mga kasalanan. 3 Kaya papalisin ko ang alaala
ni Baasa at ng kanyang angkan, itutulad ko ang
kanyang angkan sa angkan ni Yeroboam na
anak ni Nebat. 4 Lalamunin ng mga aso ang
mula sa lipi ni Baasa na mamamatay sa lunsod,
at kakanin naman ng mga ibon sa langit ang
mamamatay sa bukid."
5 Ang iba pang tungkol sa paghahari ni Baasa
at ang kanyang mga ginawa at kagitingan ay
nasa Mga Pangyayari sa mga Hari ng Israel.
6 Nahimlay si Baasa sa piling ng kanyang mga
ninuno at inilibing sa Tirsa. Si Ela na kanyang
anak ang nagharing kahalili niya.
7 Sa pamamagitan ng propetang si Jehu na
anak ni Hanani, dumating ang salita ni Yawe
laban kay Baasa at sa kanyang angkan dahil sa
lahat ng kasamaang ginawa nito sa paningin ni
Yawe. Ginalit niya si Yawe dahil sa gawa ng
kanyang mga kamay, sa pagiging tulad ng
angkan ni Yeroboam, at dahil pinatay din niya
ang angkan ni Yeroboam.

**Ela, hari ng Israel**

8 Sa ikadalawampu't anim na taong pag-
hahari ni Asa sa Juda, dalawang taon namang
naghari sa Israel mula sa Tirsa si Ela na anak ni
Baasa. 9 Ngunit nagpakana laban sa kanya ang
kanyang lingkod na si Zimri na pinuno ng kala-
hati sa mga karwahe. Naglalasing noon si Ela sa
bahay ni Arsa na gobernador ng Tirsa. 10 Du-
mating si Zimri, sinaksak siya at pinatay sa
ikadalawampu't pitong taon ng paghahari ni
Asa sa Juda. At siya ang nagharing kahalili nito.
11 Nang magsimula siyang maghari, pagkaluk-
lok niya sa trono, pinagpapatay niya ang buong
angkan ni Baasa at wala siyang itinirang lalaki,
kamag-anak man o kaibigan. 12 Nilipol ni Zimri
ang buong sambahayan ni Baasa gaya ng sinabi
ni Yawe laban kay Baasa sa pamamagitan ng
propetang si Jehu. 13 Naganap ito dahil sa lahat
ng kasalanan ni Baasa at ni Elang kanyang anak
na kanilang ginawa at ipinagawa sa Israel para
galitin si Yaweng Diyos ng Israel sa kanilang
mga diyus-diyusang walang kuwenta.
14 Ang iba pang tungkol sa paghahari ni Ela at
lahat ng kanyang ginawa ay nasa Mga Pang-
yayari sa Mga Hari ng Israel.

**Omri, hari ng Israel**

15 Sa ikadalawampu't pitong taon ng
paghahari ni Asa sa Juda, pitong araw
lamang na naghari si Zimri sa Tirsa. Sa-
pagkat kinukubkob noon ng hukbo ang
Gibeton ng mga Pilisteo 16 nang mabali-
taan ng mga nasa kampo ang pakana ni
Zimri at pinatay na nito ang hari. Kayat
nang araw ding iyon sa kampo, inihayag
nilang hari ng Israel si Omri na pinuno ng
hukbo.
17 Umahon si Omri at ang buong Israel
mula sa Gibeton at kinubkob ang Tirsa.
18 Nang makita ni Zimri na maaagaw na
ang lunsod, pumasok siya sa tore ng pa-
lasyo ng hari at sinunog ang palasyo, at
namatay. 19 Kaya namatay siya dahil sa
mga kasalanang ginawa niya sa paggawa
ng masama sa paningin ni Yawe at sa
pagsunod sa yapak ni Yeroboam at sa
kasalanang ginawa nito at nagbulid sa
Israel sa pagkakasala.
20 Ang iba pang tungkol kay Zimri at sa
kanyang pakana ay nasa *Mga Pangyayari
sa mga Hari ng Israel.*
21 Nahati ang bayang Israel: ang ka-
lahati ng sambayanan ay pumanig kay
Tibni na anak ni Ginat upang gawin itong
hari, at kay Omri naman ang kalahati.
22 Pero mas malakas ang mga kabig ni
Omri kaysa mga panig kay Tibni na anak
ni Ginat, kaya namatay si Tibni at naging
hari si Omri.
23 Sa ikatatlumpu't isang taon ng pag-
hahari ni Asa sa Juda, naghari naman si
Omri sa Israel. Labindalawang taon si-
yang naghari, anim na taon siyang nag-
hari mula sa Tirsa. 24 Binili niya ang burol
ng Samaria mula kay Shemer sa hala-
gang pitumpung kilong pilak. Gumawa
siya ng lunsod sa burol at tinawag na
Samaria mula sa pangalan ni Shemer na
may-ari ng burol.
25 Masama ang ginawa ni Omri sa pa-
ningin ni Yawe, at mas masahol pa sa
lahat ng nauna sa kanya. 26 Sumunod siya
sa mga yapak ni Yeroboam na anak ni

Nebat at sa kasalanan nito na nagbulid sa
Israel sa pagkakasala, kaya ginalit niya si
Yaweng Diyos ng Israel sa kanilang mga
diyus-diyusang walang kuwenta.
27 Ang iba pang tungkol kay Omri, ang
kanyang ginawa at kagitingan ay nasa *Mga
Pangyayari sa Hari ng Israel.* 28 Nahimlay si
Omri sa piling ng kanyang mga ninuno at
inilibing sa Samaria. At si Ahab na kanyang
anak ang nagharing kahalili niya.

**Ahab, hari ng Israel**

• 29 Naghari sa Israel si Ahab na anak ni
Omri sa ikatatlumpu't walong taon ng
paghahari ni Asa sa Juda. Dalawampu't
dalawang taong naghari sa Israel si Ahab
na anak ni Omri.
30 Ginawa ni Ahab na anak ni Omri ang
masama sa paningin ni Yawe, mas masa-
hol pa sa lahat ng nauna sa kanya. 31 Bale-
wala sa kanya ang pagtulad sa mga pag-
kakasala ni Yeroboam na anak ni Nebat.
Pinakasalan niya si Izebel na anak ni
Etbaal na hari ng mga Sidonio. Kayat
naglingkod siya at sumamba kay Baal.
32 Nagtayo siya ng altar para kay Baal
sa templo ni Baal na siya rin mismo ang
nagpatayo sa Samaria. 33 Nagpagawa pa
siya ng mga posteng sagrado. Kaya higit
pa ang ginawa ni Ahab para galitin si
Yaweng Diyos ng Israel kaysa lahat ng
hari ng Israel na nauna sa kanya.
34 Sa kanyang kapanahunan, ipinata-
yong muli ni Hiel ng Betel ang Jerico. Kay
Abiram na kanyang panganay niya iti-
nayo ang pundasyon nito. At kay Segub
na kanyang bunso naman niya itinayo
ang mga pintuan ng lunsod, ayon sa sali-
tang binitiwan ni Yawe sa pamamagitan ni
Josueng anak ni Nun.

**Si Propeta Elias**

**17** • 1 Nang panahong iyon, sinabi kay
Ahab ni Elias na taga-Tisbe ng
Galaad: "Kung paanong buhay si Yaweng
Diyos ng Israel na pinaglilingkuran ko, di

---

• **16.**29 *Higit pa ang ginawa ni Ahab para galitin si Yawe kaysa lahat ng naunang hari.* Mula sa tekstong ito at sa sumusunod na anim na kabanata, wala nang ibang isasalaysay kundi ang paghahari ni Ahab sa Israel. Sapagkat ito ang mismong sandali ng pagliligtas sa pananampalataya ng Israel ng pinakadakila sa mga propeta, si Elias at ng kanyang kahaliling si Eliseo.

*Pinakasalan niya si Izebel na anak ng hari ng mga Sidonio.* Isang matanda at masaganang bayan ang Tiro at Sidon. Nakatira sila sa mga pantalan sa hilaga ng Palestina, at tinatawag din silang Fenicia. Naging kakampi ni David ang kanilang haring si Hiram pero mula sa kanilang mga siyudad ay nakarating sa Israel ang mga impluwensiyang pagano. Mga taon ng kasaganaan at katanyagang militar ang hatid ng paghahari ni Ahab sa Israel, subalit umabot din sa sukdulan ang krisis ng pananampalataya.

*Dahil sa kanyang mga tagumpay, nagawang isanib ni David sa kanyang kaharian ang maraming grupo ng mga Kananeo. Ipinagpatuloy nila ang mga kaugalian nilang pagano na nagparumi sa pananampalataya ng Israel. Kitang-kitang nabawasan ang alab ng pananampalataya. Sa matinding pagpasok ng impluwensya ng mga taga-Tiro na karelihiyon ng mga Kananeo, biglang naging maliwanag na nalupig nito ang pananampalataya kay Yawe. Nagpadala ang mga Israelita sa mga pagsamba kay Baal at kay Astarte.*

Ang mga baal ay mga diyos na panginoon ng b*uhay at ng sex, ng ulan at ng mga panahon (tingnan ang Introduksyon sa Mga Hukom). Sa paniwalang ang mga ito ang may hawak sa pagiging mabunga, gumagawa ng mga panata sa kanila ang mga tao na makikipagtalik sila sa mga babaeng bayaran na nakatalaga sa kanila. Dahil dito kaya nangahulugan ang salitang prostitusyon sa Biblia ng kahalayan at ng pagtalikod kay Yawe para ipagbili ang sarili sa ibang mga diyos. Hindi naman lahat ay masama sa napakaluwag na relihiyong ito: hindi ito nagkamali sa pagdiriwang ng buhay. Ngunit pinanatili nito ang mga tao sa antas ng katutubong mga gawi lamang.*

Ginagamit ni Izebel ang kanyang kapangyarihan para sa isang madugong pag-uusig. Ang mga propeta ni Yawe ang unang ipinapatay. Sila ang samahan ng mga propeta na nabanggit na natin sa 1 S 19:18 at 2 H 2:19. Laban sa kanila ang mga komunidad ng mga propeta ni Baal.

*Isinakripisyo ni Hiel si Segub na kanyang bunsong anak.* Dahil sa impluwensiya ng mga pagsambang pagano, lumalaganap ang kaugalian ng pagsasakripisyo sa mga bata.

• **17.**1 Lumilitaw rito si Elias; ang pangalan niya ang mananatiling pinakadakila sa mga propeta. Sa pagbabagong-anyo ni Jesus (Mc 9:2), makakatabi niya si Elias.

May sagisag ang pangalan ni Elias: *Eli-ya* na ibig sabihi'y *Yaweng-aking-Diyos*. Taga-Tisbe siya, sa kabilang ibayo ng Jordan. Nanatiling tapat sa pananampalataya nito ang pobreng rehiyong iyon na napakalayo sa mga bagong impluwensya.

Sa harap ng apostasiya na ibig sabihi'y kataksilan ng buong bayan, mag-isa siyang tumitindig. Nadarama niyang responsable siya para sa simulain ng kanyang Diyos at kumikilos siya na di naghihintay na magsimula ang iba.

magkakahamog o uulan sa mga taong ito
malibang iutos ko."
2 Dumating kay Elias ang salita ni
Yawe: 3 "Umalis ka rito at magpunta ka
pasilangan. Magtago ka sa may batis ng
Kerit sa silangan ng Jordan. 4 Sa batis ka
iinom; at para sa iyong pagkain, inutusan
ko na ang mga uwak na pakanin ka roon."
5 At umalis nga siya at ginawa ang si-
nabi ni Yawe. Nagpunta siya at tumira sa
may batis ng Kerit sa silangan ng Jordan.
6 Dinalhan siya roon ng mga uwak ng tina-
pay sa umaga, at karne sa gabi; at sa batis
nga siya uminom.

**Si Elias at ang biyuda ng Sarepta**

• 7 Hindi nagtagal, natuyo ang batis
sapagkat hindi umuulan sa lupain. 8 Du-
mating sa kanya ang salita ni Yawe: 9 "Tu-
mindig ka at pumunta sa Sarepta ng
Sidon, at doon ka tumira. Inutusan ko na
ang isang biyuda roon para bigyan ka ng
pagkain."
10 At tumindig nga si Elias at nagpa-
Sarepta. Pagdating niya sa may pintuan
ng bayan, nakita niya ang isang biyudang
namumulot ng mga patpat. Tinawag niya
iyon at sinabi: "Dalhan mo naman ako ng
kaunting tubig sa sisidlan para makainom
ako."
11 Paalis na ang biyuda para kumuha ng
tubig nang tawagin siya ni Elias at sabi-
hing "Pakidalhan mo na rin ako ng kapi-
rasong tinapay." 12 Ngunit sumagot ang
biyuda: "Saksi ko si Yaweng iyong Diyos
na wala ako ni isang tinapay kundi isang
dakot na lamang ng harina sa garapon at
kaunting langis sa bote. At heto, namu-
mulot nga ako ng ilang patpat para iuwi at
makapaghanda ng makakain para sa akin
at sa aking anak na lalaki para makakain
kami – at pagkatapos ay mamatay."
13 Sinabi ni Elias sa biyuda: "Huwag
kang matakot. Umuwi ka at gawin mo ang
iyong sinabi, pero ipagluto mo muna ako
ng maliit na tinapay mula roon, at dalhin
mo sa akin. At saka ka magluto ng para sa
iyo at sa iyong anak. 14 Sapagkat ganito
ang sinasabi ni Yaweng Diyos ng Israel:
Hindi mauubos ang harina sa garapon at
hindi masasaid ang langis sa bote hang-
gang sa araw na paulanin ni Yawe sa lupa."
15 Umalis ang biyuda at ginawa ang
sinabi ni Elias. At nagkaroon ng pagkain
sa araw-araw para sa kanya, kay Elias at
sa kanyang anak.
16 Hindi naubos ang harina sa garapon
at hindi nasaid ang langis sa bote, gaya ng
salitang binitiwan ni Yawe sa pamamagi-
tan ni Elias.

---

*Di magkakahamog o uulan.* Alam ni Elias, ang taong may pananampalataya, na galing sa Diyos ang kanyang mga salita at magkakatotoo ang mga ito. Tingnan ang tungkol dito sa Jaime 5:17 kung saan inilalahad si Elias bilang modelo ng pananampalataya.

*Di magkakahamog o uulan sa mga taong ito.* Isang pangyayaring pangkalikasan siyempre ang tagtuyo. Bagamat hindi tuwirang gumagawa ang Diyos sa bawat pagkakataon, siya mismo ang nag-sasaayos sa mga pangyayari. Ang pananampalataya ng isang humihingi ay isang puwersa tulad ng mga batas pisikal ng sanlibutan. At kung hinihiling natin sa Diyos ang imposible, taglay ang pananalig na gusto niya mismo itong ibigay sa atin, marami siyang paraan upang mapapangyari ito.

May mga *baal* ang sambayanan bilang mga diyos ng ulan at ng kalikasan. Ipakikita sa kanila ng dumarating na tagtuyo na si Yaweng Diyos ng mga hukbo ay Diyos din ng sangkinapal.

Sinisimulan ni Elias ang kanyang misyon bilang propeta sa pag-atake sa pinakamalubhang kaguluhan: ang hindi ilagay ang Diyos nang higit sa lahat.

• 7. *Pumunta ka sa Sarepta.* Salot sa lahat ang tagtuyo, pati na kay Elias na siyang humiling ng tandang ito sa Diyos. Pero para sa sumasampalataya, ang pinakasalot din ang pagkakataon para madama niyang hindi siya pinababayaan ng Amang nasa langit.

*Inutusan ko na ang biyuda roon para bigyan ka ng pagkain.* Tatanggapin ng propeta ang kanyang pagkain. Ngunit makakatagpo rin siya ng ginhawa mula sa Diyos sa pagkakilala sa babaeng mananampalatayang iyon. May maibibigay sa dakilang propeta ang pobreng biyuda, at isang grasya ito para sa dalawa.

*Dalhan mo ako ng kaunting tubig* ang unang hakbang. *Dalhan mo na rin ako ng kapirasong tinapay.* Sinusubok ni Elias ang kanyang pananampalataya: "Igawa mo muna ako ng maliit na tinapay," at binigyan nga siya ng biyuda. Ang biyudang ito ay katulad ng biyudang pupurihin ni Jesus sa Mc 12:41.

*Hindi mauubos ang harina.* Ginagantimpalaan ng Diyos ang pananampalataya ng taong ipinakikipagsapalaran ang lahat ng meron siya.

**Binuhay ni Elias ang anak ng biyuda**

• [17] Pagkatapos nito, nagkasakit ang anak ng babaeng may-ari ng bahay. Napakalubha ng sakit nito hanggang malagutan ito ng hininga. [18] At sinabi ng babae kay Elias: "Ba't mo naman ako ginanito, O tao ng Diyos? Pinuntahan mo ba ako para ipaalala ang aking pagkakasala at patayin ang aking anak?" [19] Sumagot siya: "Akina ang iyong anak." Kinuha ni Elias ang bata sa kanyang kandungan at dinala sa kuwarto sa itaas na tinitigilan niya at inihiga ito sa kanyang higaan.

[20] Dumalangin siya kay Yawe: "O Yaweng aking Diyos, parurusahan mo rin ba ang biyudang ito na kumupkop sa akin at pababayaang mamatay ang kanyang anak?" [21] At tatlong beses niyang dinapaan ang bata, at tumawag kay Yawe: "O Yaweng aking Diyos, pabalikin mo nawa ang hininga ng batang ito."

[22] Dininig ni Yawe ang tinig ni Elias at nanumbalik ang hininga ng bata, at nabuhay. [23] Binuhat ni Elias ang bata at ibinaba sa bahay mula sa kuwarto sa itaas. Ibinigay ito ni Elias sa ina nito at sinabi: "Hayan, buhay ang anak mo!"

[24] At sinabi ng babae kay Elias: "Alam ko na ngayon na ikaw nga ay tao ng Diyos, at totoo ang salita ni Yawe sa iyong bibig."

**18** [1] Pagkalipas ng mahabampanahon, kinausap ni Yawe si Elias sa ikatlong taon, at sinabi: "Hala, makipagkita ka kay Ahab upang magpaulan ako sa lupa." [2] Kaya umalis si Elias para humarap kay Ahab.

Ngayon, matindi ang taggutom sa Samaria. [3] Kayat tinawag ni Ahab si Abdias na siyang tagapamahala sa palasyo. (Matapat na lingkod ni Yawe si Abdias, [4] at nang patayin nga ni Izebel ang mga propeta ni Yawe, kinuha mismo ni Abdias ang sandaang propeta at itinagong tiglilimampu sa dalawang yungib at pinakain niya ang mga ito ng tinapay at tubig.)

[5] Sinabi ni Ahab kay Abdias: "Sige, puntahan mo ang lahat ng bukal at lambak sa buong lupain. Baka sakaling may makita tayong damo para mapanatiling buhay ang mga kabayo't mola at nang walang mamatay sa mga hayop."

[6] Kaya pinaghatian nina Ahab at Abdias ang lupain, at nagkanya-kanya sila ng lakad. [7] Nasalubong ni Abdias sa daan si Elias. Pagkakilala ni Abdias kay Elias, nagpatirapa ito sa lupa at sinabi: "Kayo nga ba, panginoon kong Elias?" [8] Sumagot si Elias: "Ako nga. Sabihin mo sa iyong panginoon na narito si Elias." [9] Ngunit sinabi ni Abdias: "Anong kasalanan ang nagawa ko't ipinauubaya ninyo 'ko sa mga kamay ni Ahab para mamatay? [10] Isinusumpa ko kay Yaweng inyong Diyos na wala nang bansa o kaharian na hindi kayo pinaghanap ng aking panginoon. At kapag sinabi nilang – Wala rito si Elias – pasusumpain niya sila na hindi nga nila kayo nakita. [11] At ngayo'y pinapupunta ninyo ako sa aking panginoon para sabihing narito kayo!

[12] At paglayo ko mula sa inyo, at kung saan na naman kayo ipadpad ng Espiritu ni Yawe. At pinuntahan ko nga si Ahab para sabihin, pero hindi naman niya kayo matatagpuan, tiyak na papatayin niya ako. Ngunit pinaglingkuran ko na si Yawe mula sa aking kabataaan. [13] Hindi ba ninyo nabalitaan ang ginawa ko nang patayin ni Izebel ang mga propeta ni Yawe? Itinago ko ang sandaan sa kanila sa dalawang yungib, tiglilimampu sa bawat isa, at pinakain ko sila ng tinapay at tubig. [14] At ngayo'y gusto ninyong sabihin ko sa hari na narito si Elias. Tiyak na papatayin niya ako!"

---

• 17. Ito ang unang pagkabuhay na muli na natutunghayan natin sa Biblia.

Karaniwa'y pinamamahalaan ng Diyos ang mundo at ang kanyang Iglesya sa pamamagitan ng natural na proseso ng mga bagay-bagay sa bisa ng mga batas ng kalikasan na siya rin mismo ang nagtatag. Ngunit inirereserba rin niya sa kanyang sarili na pag minsa'y lampasan ang mga batas na ito: naging alak ang tubig, dumami ang tinapay.

*Ba't mo naman ako ginanito, O tao ng Diyos?* Sapat na ang pagkamatay ng kaisa-isang anak para panaigan ang pobreng babae ng walang-batayang takot na nadarama ng mga taong ang tingin sa Diyos ay isang tagapagparatang na nag-eespiya sa mga tao para maparusahan ang mga ito. Naniniwala siyang ang pagtigil ng propeta sa kanyang tahanan ang umakit sa tingin ni Yawe at pinarurusahan siya nito sa kapighatiang ito.

*Tatlong beses niyang dinapaan ang bata.* Sa kilos na ito ng propeta na nagbibigay ng buhay sa pamamagitan ng sarili niyang hininga, sino ang di makakakilala kay Kristo na dumarating para ibuklod nang buong-higpit ang sarili sa sangkatauhan upang ibigay rito ang puwersa ng kanyang muling pagkabuhay?

*Dininig ni Yawe ang tinig ni Elias.* Si Elias ang taong pinili para baligtarin ang isang sitwasyon ng

15 Ngunit sinabi sa kanya ni Elias: "Isinu-
sumpa ko kay Yawe ng mga Hukbo na pinag-
lilingkuran ko, haharap ako mismo sa kanya
ngayon." 16 Kaya lumakad na si Abdias para
sabihin kay Ahab ang mensaheng ito at du-
mating naman si Ahab para makipagkita kay
Elias.

**Ang pag-aalay sa Karmel**

• 17 Sinabi ni Ahab pagkakita nito kay
Elias: "Ikaw nga ba, salot ng Israel?" 18 Su-
magot si Elias: "Hindi ako ang salot ng
Israel kundi ikaw at ang sambahayan ng
iyong ama ang lumayo sa mga utos ni
Yawe at sumunod sa mga Baal! 19 Kaya
iutos mo ngayon sa lahat ng Israelita na
magtipon sa harap ko sa Bundok Karmel
kasama ang apatnaraa't limampung
propeta ni Baal na pinakakain ni Izebel."
20 At ipinatawag ni Ahab ang buong
bayan ng Israel at tinipon ang lahat ng
propeta sa Bundok Karmel. 21 Humarap
si Elias sa buong bayan at nagtanong:
"Hanggang kailan kayo magpapasayaw-
sayaw nang isang paa sa magkabilang
daan? Kung si Yawe ang Diyos, sa kanya
kayo sumunod; ngunit kung si Baal, siya
ang sundan ninyo." Hindi umimik ang
bayan.

22 Sinabi ni Elias sa bayan: "Ako na
lamang ang natitirang propeta ni Yawe pero
apatnaraa't limampu ang propeta ni Baal.
23 Bigyan ninyo kami ng dalawang batang
toro. Pumili sila ng isa para sa kanila, putul-
putulin iyon at ilagay sa ibabaw ng kahoy
pero huwag sindihan. Gayon din ang gaga-
win ko sa isa pang toro: ilalagay sa ibabaw
ng kahoy pero hindi sisindihan. 24 At tuma-
wag kayo sa ngalan ng inyong diyos, at
tatawag naman ako sa ngalan ni Yawe. Ang
diyos na tutugon sa pamamagitan ng apoy
ang siyang tunay na Diyos."

Sumagot ang buong bayan: "Maganda
ang sabi mo." 25 At sinabi ni Elias sa mga
propeta ni Baal: "Pumili kayo ng isang
toro para sa inyo at mauna kayong ihanda

---

kawalang-pag-asa at sirain ang mga inaakala ng tao. Ipinahihintulot ni Yawe na buhayin niya ang anak ng biyuda, at di magtatagal at loloobin naman nitong buhayin niya ang pananampalataya ng bayan sa bundok ng Karmel.

• **18.**17 Ang pag-aalay sa Bundok Karmel ang isa sa mga dakilang pagpapahayag ng Diyos sa Matandang Tipan. Si Yawe mismo ang nangunguna para gisingin ang isang bayang walang pakialam.

*Baal o Yawe.* Hindi malinaw sa bayan ang pagkakaiba ng dalawa. Itinuturing nila ang mga ito bilang dalawang kapangyarihan o may natatanging kalooban na may magkaibang kakayahan pero parehong kapaki-pakinabang. Si Yawe ang Diyos ng lahi, matatag na tulong sa labanan. Si Baal naman ay isang diyos sa kapakanan ng magsasaka: sa pamamagitan ng mga handog at mga piyesta, humihingi sila sa kanya ng ulan.

*Hanggang kailan kayo magpapasayaw-sayaw nang isang paa sa magkabilang daan?* Inoobliga ni Elias ang mga Israelita na talagang magpasya. Di dapat magkaroon ng dalawang panginoon ang mananampalataya:

– ang Diyos o ang pera (Mt 6:24),
– para o laban kay Kristo (Mt 12:30),
– aktibong miyembro ng Iglesya o matamlay na miron na isusuka ng Diyos balang araw (Pag 3:6).

*Ang diyos na tutugon sa pamamagitan ng apoy ang siyang tunay na Diyos.* Ito ang magiging palatandaan. Ang apoy na sumisira, dumadalisay, nagpapabago; ang apoy na nagpapahintulot na maitalaga sa Diyos ang hayop na susunuging-handog. Kailangan din ng Israel na mabago "ng apoy". At ihahayag naman ni Jesus na bibinyagan tayo o dadalisayin at babaguhin "ng apoy at ng Espiritu Santo" (tingnan Lc 3:16).

*Tumawag sila kay Baal ngunit walang sumagot.* Para sa ating nakabasa sa mga paglibak ni Elias kay Baal, kumbinsido kaya tayong sinasagot nga ng Diyos at pinakikinggan ang ating panalangin? Walang obligasyon ang Diyos na pagbigyan ang lahat ng gusto natin pero tayo ang may obligasyong humiling sa kanya sa paraan at pagtitiyaga na patutunayan niyang kapiling natin siya.

*Ikaw ang magpapabalik-loob sa kanila.* Walang ibang layunin ang apoy, ang milagro, ang ulan: Mahal ni Yawe ang Israel at gusto niyang gisinging muli ang kanilang pagmamahalan. Ayaw niya itong takutin o iwang namamangha kundi maipadiskubre niya sa mga taong iyon na buhay ang Diyos at pinagkakaabalahan niyang hanapin sila.

Tagumpay ni Yawe ang tagumpay sa Karmel. Tagumpay rin ito ni Elias. Kailangan ng Diyos ang mga propeta at nagliligtas siya sa pamamagitan ng mga ito. Nabibigla tayo sa kasunod na masaker, pero nabuhay si Elias sa isang marahas na daigdig. At sa daigdig na iyon, ang kamatayan ang ordinaryong kapalaran ng mga natalo at ayon sa kanyang panahon ang takbo ng kanyang pag-iisip.

Itinuturo pa rin sa atin ng brutal na masaker na ito na ang pagkawala ng buhay ay hindi kasinggrabe ng pagkasira ng sarili sa paglilingkod sa mga huwad na pagpapahalaga, habang niloloko ang sarili at kapwa.

iyon dahil marami kayo. At tumawag
kayo sa inyong diyos, pero huwag sin-
dihan ang apoy." 26 Kaya kinuha nila ang
toro at inihanda iyon, at tumawag sa nga-
lan ni Baal mula umaga hanggang tang-
haling-tapat: "Sagutin mo kami!" Ngunit
walang tinig na sumagot habang patuloy
silang sasayaw-sayaw sa isang paa sa
paligid ng altar na kanilang itinayo.

27 Kinatanghalian, nagsimula si Elias na
libakin sila: "Lakasan pa ninyo ang sigaw!
Diyos nga si Baal pero baka nalibang la-
mang siya, o baka naman umalis, o may
pinuntahan, o baka natutulog at kaila-
ngang gisingin." 28 At nilakasan nila ang
sigaw habang sinusugatan ang kanilang
sarili ng tabak at sibat ayon sa kanilang
kaugalian, hanggang dumugo. 29 Lampas
na ang tanghali at wala pa rin sila sa sarili
hanggang sa sandali ng panghapong pag-
hahandog. Ngunit wala pa ring tinig na
sumasagot o pumapansin.

30 At sinabi ni Elias sa buong bayan:
"Lumapit kayo sa akin." At nagsilapit nga
sa kanya ang buong bayan. At inayos niya
ang gibang altar ni Yawe. 31 Kumuha si
Elias ng labindalawang bato, sindami ng
mga tribu ng mga anak ni Jacob na kina-
usap ni Yawe at sinabihang "Israel ang
magiging pangalan mo." 32 Sa pamama-
gitan ng mga batong iyon, nagtayo siya
ng altar sa Ngalan ni Yawe at humukay ng
kanal sa paligid niyon na makapaglala-
man ng labinlimang litro. 33 Isinalansan
niya ang kahoy, hiniwa-hiwa ang toro at
saka ipinatong sa kahoy. Sinabi niya:
"Punuin ninyo ng tubig ang apat na tapa-
yan at ibuhos sa susunuging handog na
nasa ibabaw ng kahoy." 34 At sinabi niya:
"Ulitin ninyo!" At inulit nga nila. At sinabi
niya: "Isa pa." At pangatlong beses nga
nilang ginawa iyon. 35 Umagos ang tubig
sa paligid ng altar at napuno ang kanal.

36 Sa sandali ng panghapong pagha-
handog, lumapit ang propetang si Elias at
nanalangin:

"O Yaweng Diyos nina Abraham, Isaac
at Israel, mahayag sana ngayon na ikaw
ang Diyos sa Israel at ako ang iyong
lingkod, at dahil sa iyong utos ko gina-
gawa ang lahat ng ito. 37 Sagutin mo ako,
O Yawe, sagutin mo ako upang malaman
ng bayang ito na ikaw Yawe ang Diyos at
mapababalik mo ang kanilang puso."

38 At bumaba ang apoy ni Yawe at
tinupok ang susunuging handog pati na
ang kahoy, ang mga bato at alikabok, at
sinipsip pati ang tubig sa kanal. 39 Pag-
kakita rito ng buong bayan, nagpatirapa
sila at sinabi: "Si Yawe ang Diyos! Si Yawe
ang Diyos!" 40 At iniutos sa kanila ni Elias:
"Dakpin ninyo ang mga propeta ni Baal at
huwag bayaang makatakas isa man sa
kanila." At dinakip nga nila sila, at dinala
kay Elias sa lambak ng Kishon at doon
sila pinatay.

41 Sinabi ni Elias kay Ahab: "Umahon
ka na't kumain at uminom sapagkat na-
riririnig na ang buhos ng ulan." 42 Umahon
nga't uminom si Ahab. Umakyat naman si
Elias sa tuktok ng Karmel, yumuko sa
lupa na nasa pagitan ng mga tuhod ang
mukha. 43 At sinabi niya sa kanyang ala-
lay: "Umahon ka at tumanaw sa dagat."
Umahon ang lalaki at tumingin, at sinabi:
"Wala akong nakikita." At sinabi ni Elias:
"Pitong beses kang magpabalik-balik."
44 Sa ikapitong beses, sinabi niya: "Hayun,
may maliit na ulap na sinlaki ng kamay,
lumilitaw mula sa dagat."

Sinabi sa kanya ni Elias: "Umahon ka't
sabihin kay Ahab: Ihanda mo ang iyong
karwahe at lumusong ka agad bago ka
mahadlangan ng ulan."

45 Makaraan ang ilang sandali, nagdilim
ang langit sa ulap at umihip ang hangin, at
bumuhos ang malakas na ulan. Sumakay
si Ahab sa karwahe at nagpunta sa Yez-
rael.

46 Hinagip naman ng kamay ni Yawe si
Elias at nagsinturon siya, at patakbo ni-
yang inunahan si Ahab sa Yezrael.

**Tumakas si Elias pa-Horeb**

**19** • 1 Isinalaysay ni Ahab kay Izebel
ang lahat ng ginawa ni Elias at
kung paano niya pinatay sa tabak ang
lahat ng propeta. 2 Ipinasabi ni Izebel kay
Elias: "Gawin ito sa akin ng mga diyos at
mas masahol pa kung hindi ko pa naga-
gawa sa iyo ang ginawa mo sa kanila."

3 Natakot si Elias at tumakas para ilig-
tas ang kanyang buhay. Dumating siya sa
Berseba ng Juda at iniwan doon ang kan-
yang alalay. 4 Maghapon naman siyang
naglakbay pa-disyerto. Pagdating niya sa
may punong-walis, naupo siya sa lilim
niyon at nanalangin na mamatay na sana
siya: "Tama na, O Yawe. Kunin mo na ang
aking buhay sapagkat wala akong ipinag-
iba sa aking mga ninuno." 5 Nahiga siya at
nakatulog sa lilim ng puno.

At heto! Hinipo siya ng isang anghel, at
sinabi sa kanya: "Bumangon ka't ku-
main." 6 Tumingin si Elias at nakita niya sa
kanyang ulunan ang isang tinapay na
niluto sa mainit na bato at isang bangang
tubig. Kumain siya at uminom at muling
nahiga. 7 Dumating sa ikalawang pagka-
kataon ang anghel ni Yawe, hinipo siya at
sinabi sa kanya: "Bumangon ka't kumain
sapagkat napakahaba pa ng lalakbayin
mo."

8 Bumangon siya, kumain at uminom.
At bunga ng nakuha niyang lakas sa pag-
kaing iyon, apatnapung araw at apatna-
pung gabi siyang naglakad pa-Horeb na
Bundok ng Diyos. 9 Pagdating niya roon,
nagpunta siya sa yungib at doon nagpali-
pas ng magdamag. At dumating sa kanya
ang salita ni Yawe: "Ano ang ginagawa mo
rito, Elias?"

**Ang pagtatagpo nila ng Diyos**

• 10 Sumagot siya: "Tinutupok ako ng
maalab na pag-ibig kay Yaweng Diyos ng
mga Hukbo, sapagkat tinalikuran ng mga
Israelita ang iyong tipan, giniba ang iyong
mga altar, pinatay sa tabak ang iyong
mga propeta. At ako na lamang ang nati-

---

• **19.**1 *Natakot si Elias at tumakas para iligtas ang kanyang buhay.* Kaya nga hindi mahimalang nalulutas ng himala ang mga problema ng pananampalataya. Magiging matagal at mahirap na trabaho ang pagbabalik-loob ng bayan.

Makikita natin sa mapa kung paanong nilakbay ni Elias ang dalawang kaharian ng Israel at ng Juda mula hilaga pa-timog. Dalawandaa't limampung kilometro ang layo ng Karmel sa Berseba na pinakahuling bayan bago ang disyertong nasa timog ng Juda.

*Napakahaba pa ng lalakbayin mo.* Hanggang sa may bukana lamang ng disyerto ang pinupuntahan ni Elias para makaligtas pero dinadala siya ng Diyos sa mas malayo. Isang mahiwagang tinapay ang ibinibigay sa kanya na nagpapaalaala sa manna ng mga Hebreo sa disyerto at ng tinapay sa eukaristiya na ibibigay ni Jesus para sa ating espirituwal na paglalakbay (Jn 6:8).

*Apatnapung araw at apatnapung gabi siyang naglakad* (tingnan Ex 24:18). Pumupunta si Elias para makipagtagpo kay Yawe. Pupunta rin si Jesus sa disyerto bilang isang kinakailangang patunay, at kailangan din nating "pumunta sa disyerto" sa ilang mga pagkakataon. O kaya'y ang Diyos mismo ang puwersahang naglalagay sa atin sa disyerto. (Tingnan din Os 2:16.) Inihahayag ng mag-isang paglalakbay ni Elias ang lakbaying kailangang gawin ng mga naghahanap sa Diyos. Gaano man natin kailangan ang suporta ng asawa, mga kasamahan, ng Iglesya, sa sarili pa ring paglalakbay nagpapatuloy ang bawat isa. At tinatawag ng Diyos ang bawat isa na personal niyang hanapin ang pakikipagtagpong ito sa kanya.

• 10. At dumating *sa Horeb* si Elias: ito ang isa pang tawag sa Sinai kung saan nagpakilala si Yawe kay Moises apat na dantaon na ang nakalilipas.

*Lumabas ka't hintayin si Yawe.* Para sa kanya na nag-aalab sa selosong pag-ibig sa Diyos, nagpapakita ang Diyos ng kabaitang higit pa sa puwedeng isipin ng tao. Kaya mas nagpapakilala si Yawe sa banayad na ihip ng hangin kaysa bagyo o lindol.

*Ano ang ginagawa mo rito, Elias?* Tinatanong muna ng Diyos ang propeta at inoobligang madiskubre ang kaibuturan ng kanyang puso. Pero walang anumang na kay Elias liban sa selosong pag-ibig kay Yawe. Inihahayag naman ni Yawe ang kanyang mga planong walang pagkakamali.

*Hazael, Yehu, Eliseo.* Sinasabi ni Yawe kay Elias ang hinaharap ng Israel kasama ng mapait na katotohanan nito: nakatakdang maglaho ang Kahariang nagsimula sa luwalhati nina David at Solomon. Ito ang magiging bunga ng pagsuway ng bayan.

– Si Hazael na hari ng Siria ang kaaway na hari na lulupig at hihiya sa Israel.

– Pupuksain naman ni Yehu ang angkan ni Ahab at lilipulin ang lahat ng sumasamba kay Baal.

– Ihahayag ni Eliseo ang mga salita ng pagbabanta ni Yawe.

Ngunit hindi ganap na maglalaho ang Israel sapagkat may Labing inirereserba ang Diyos, na sinasabi sa matalinhagang paraan sa *7,000 lalaki na hindi lumuhod sa harap ni Baal.*

Nililinaw ng pagbubunyag na ito ang misyon ng mga propeta sa Biblia. Ang karamihan sa kanila at ang

tira, at pinagtatangkaan pa rin nila akong
patayin." 11 At sinabi ni Yawe: "Lumabas
ka't tumayo sa bundok, at hintayin si
Yawe." At hayan, dumaan si Yawe.

At may malakas at malaking hanging
makabiyak-bundok at makadurog-bato
sa harap ni Yawe, pero wala sa hangin si
Yawe. Pagkatapos ng hangin ay lumindol
pero wala sa lindol si Yawe. 12 Pagkatapos
ng lindol ay nagkaroon ng apoy pero wala
sa apoy si Yawe. Pagkatapos ng apoy, ang
tunog ng ba-nayad na ihip ng hangin.
13 Pagkarinig ni Elias dito, tinakpan niya
ng kanyang balabal ang kanyang mukha,
lumabas at tumayo sa may bungad ng
yungib.

At may tinig na nagsabi sa kanya: "Ano
ang ginagawa mo rito, Elias?" 14 Sumagot
siya: "Tinutupok ako ng maalab na pag-
ibig kay Yaweng Diyos ng mga Hukbo
sapagkat tinalikuran ng mga Israelita ang
iyong tipan, giniba ang iyong mga altar at
pinatay sa tabak ang iyong mga propeta.
At ako na lamang ang natitira, at pinagta-
tangkaan pa nila akong patayin."

15 Sinabi ni Yawe sa kanya: "Hala, bu-
malik ka sa iyong dinaanan sa disyerto at
maglakad pa-Damasco. Puntahan mo't
pahiran si Hazael bilang hari ng Siria.
16 Pahiran mo rin si Yehung anak ni Nimsi
bilang hari ng Israel, at si Eliseo na anak ni
Shafat na taga-Abel-mehola bilang pro-
petang hahalili sa iyo. 17 Kayat sinumang
makatakas sa tabak ni Hazael ay papa-
tayin ni Yehu, at sinumang makatakas sa
tabak ni Yehu ay papatayin naman ni
Eliseo. 18 Ngunit ililigtas ko ang pitong libo
sa Israel, ang lahat ng hindi lumuhod kay
Baal at hindi humalik sa kanya."

• 19 At umalis si Elias mula roon. Natag-
puan niya si Eliseong anak ni Shafat na
nag-aararo sa bukid na labindalawang
araw kung trabahuhin at nasa dulo na
siya. Pagdaan ni Elias sa tabi niya, ipina-
tong nito sa kanya ang balabal nito. 20 Ini-
wan ni Eliseo ang mga baka at hinabol si
Elias at sinabi: "Magpapaalam muna ako
sa aking ama't ina, at susunod ako sa
iyo." Sinabi ni Elias: "Bumalik ka kung
gusto mo. At huwag kang mag-alala,
bale-wala ang ginawa ko." 21 At tumalikod
si Eliseo, at kinuha ang pares ng baka at
kinatay ang mga iyon. Inihaw niya ang
karne ng mga iyon sa pira-pirasong pa-
matok at ibinigay sa kanyang mga tauhan
at kinain nila iyon. At saka siya umalis
para sumunod kay Elias, at naglingkod sa
kanya.

**Ang pagsalakay sa Samaria**

**20** 1 Tinipon ni Ben-Hadad na hari ng Aram
ang buo niyang hukbo kasama ang
tatlumpu't dalawang hari, mga kabayo at mga
karwahe. Umahon siya sa Samaria at kinubkob
at sinalakay iyon. 2 At nagsugo siya ng mga
tauhan sa lunsod para sabihin kay Ahab na hari
ng Israel: "Ito ang sinasabi ni Ben-Hadad: 3 Akin
ang iyong pilak at ginto, para sa akin ang
pinakamagaganda sa iyong mga asawa't mga
anak." 4 Sumagot ang hari ng Israel: "Gaya ng
iyong sinabi, aking panginoong hari, ako'y sa
iyo at lahat ng akin."

5 Muling pumunta ang mga sugo at sinabing:
"Ganito ang sinasabi ni Ben-Hadad: Ibigay mo
sa akin ang iyong pilak at ginto, mga asawa't
mga anak. 6 Ngunit papupuntahin ko sa iyo ang

---

pinakadakila sa mga ito ay nabuhay sa loob ng tatlong dantaon ng Israel mula sa luwalhati ni Solomon hanggang sa pagkabihag sa Pagkatapon:

– sinikap nilang pigilan ang kataksilan ng hinirang na bayan na pabulusok sa kanilang pagkawasak;

– nanawagan sila sa pagbabalik-loob, mula sa puso;

– itinuro nila ang kahanga-hangang kinabukasang inilaan ng Diyos sa "Labi" ng Israel matapos mawasak ang materyal na kaharian nila sa lupain ng Palestina.

• 19. *Pagdaan ni Elias sa tabi ni Eliseo, ipinatong nito sa kanya ang kanyang balabal.* Tinatawag niya ito gaya ng gagawing pagtawag ni Jesus sa kanyang mga apostol: "Sumunod kayo sa akin." Naiintindihan marahil ni Elias ang sagot na "Yayakapin ko muna ang aking mga magulang" bilang pagdadalawang-isip o pagkabalam ni Eliseo para iwan ang lahat-lahat kaya naman sumagot siya ng "*Umuwi ka kung gusto mo, wala naman itong halaga.*" Pero gusto lamang makapagpaalam nang maayos ni Eliseo sa kanyang mga kamag-anak. Tingnan Lc 9:61. Mula ngayo'y magiging alagad na ni Elias si Eliseo at kanyang kahalili sa Israel.

aking mga opisyal bukas sa ganito ring oras.
Hahalughugin nila ang iyong palasyo at ang
mga bahay ng iyong opisyal. At kukunin nila ang
anumang gusto nilang kunin at tangayin."

7 Ipinatawag naman ng hari ng Israel ang lahat
ng matatanda ng lupain at sinabi: "Tingnan ninyo
ang masamang balak ng lalaking ito. Nang hingin
niya ang aking mga asawa't mga anak, ang aking
pilak at ginto, hindi ako tumanggi." 8 Sinabi sa
kanya ng lahat ng matatanda at ng buong bayan:
"Huwag ninyo siyang pansinin ni sang-ayunan."

9 Kaya sinabi ng hari ng Israel sa mga sugo ni
Ben-Hadad: "Sabihin ninyo sa aking pangino-
ong hari na gagawin ko ang lahat ng una niyang
hiningi sa akin, pero hindi ko na masasang-
ayunan ang hinihingi niya ngayon." Sinabi nga
ito ng mga sugo 10 kay Ben-Hadad na nagpasabi
naman ng "Gawin nawa ito sa akin ng mga diyos
at mas masahol pa kung may sapat na alikabok
pang matira sa Samaria para bigyan ng tigsa-
sandakot ang lahat kong tauhan." 11 Ngunit su-
magot ang hari ng Israel: "Buladas! Huwag mag-
yabang ang nagsusuot pa lamang ng armor na
parang hinuhubad na ito." 12 Nakikipag-inuman
noon si Ben-Hadad sa mga hari sa kanyang
tolda nang makarating sa kanya ang mensa-
heng ito kaya sinabi niya sa kanyang mga
opisyal: "Humanda sa pagsalakay." At huma-
nay sila laban sa lunsod.

13 Isang propeta ang lumapit kay Ahab na
hari ng Israel at sinabi: "Ganito ang sinasabi ni
Yawe. Nakikita mo ba ang napakalaking huk-
bong ito? Ilalagay ko ito sa iyong mga kamay
ngayon at malalaman mong ako si Yawe."
14 Nagtanong si Ahab: "Sino ang tatalo sa kan-
ya?" Sumagot ang propeta: "Ito ang sinasabi ni
Yawe: ang mga kabataang sundalo ng iyong
mga gobernador sa mga probinsya." Itinanong
ni Ahab: "Sino ang magsisimula ng labanan?"
Sumagot ang propeta: "Ikaw!"

15 Inihanay nga ng hari ng Israel ang mga
kabataang kawal ng mga gobernador sa mga
probinsya, dalawandaa't tatlumpu't dalawa sila.
Pagkatapos nito, tinipon naman niya ang lahat
ng Israelita, pitong libong lahat. 16 Tanghaling-
tapat na nang lumabas sila habang nakikipag-
inuman naman si Ben-Hadad sa tolda sa tatlum-
pu't dalawang haring tumutulong sa kanya.
17 Unang lumabas ang mga batang opisyal ng
mga gobernador ng mga probinsya. May naka-
pagbalita naman kay Ben-Hadad na may mga
lalaking lumalabas galing Samaria. 18 Sinabi
niya: "Kung sa kapayapaan sila lumalabas, dak-
pin silang buhay; at kung para lumaban kaya
sila lumabas, dakpin din silang buhay."

19 Lumabas nga ang mga batang opisyal ng
mga gobernador ng mga probinsya, at kasunod
naman nila ang hukbo. 20 At lubos nilang nalupig
ang kaaway. Tumakas ang mga Arameo, at
hinabol sila ng mga Israelita. Si Ben-Hadad na
hari ng Aram ay nakatakas ding sakay sa kaba-
yo kasama ang mga mangangabayo. 21 At si-
namsam ng hari ng Israel ang mga kabayo at
karwahe, at lubos na nilupig ang mga Arameo.

22 Pumunta ang propeta sa hari ng Israel at
sinabi: "Lakasan mo ang iyong loob at tingnan at
isiping mabuti ang iyong gagawin. Sapagkat
sasalakayin ka uli ng hari ng Aram sa pagpapalit
ng taon."

23 Sinabi naman ng mga opisyal ng hari ng
Aram sa kanilang hari: "Mga diyos ng kabundu-
kan ang kanilang mga diyos kaya mas malakas
sila kaysa atin. 24 Subalit labanan natin sa ka-
patagan at tiyak na daig natin sila. At gawin din
ninyo ito: alisin ninyo ang mga hari sa kani-
lang mga puwesto at palitan ng ibang mga opis-
yal. 25 At kapag natipon na ninyo ang isang huk-
bong gaya ng nawala sa inyo na sindami sa
kabayo at karwahe, lalabanan natin sila sa kapa-
tagan, at tiyak na madadaig natin sila." Pinaking-
gan sila ni Ben-Hadad at gayon nga ang ginawa.

**Nalupig ang mga Arameo**

26 Sa pagpapalit ng taon, inihanay ni Ben-
Hadad ang mga Arameo at umahon pa-Afek
para lumaban sa Israel. 27 Humanay rin naman
ang mga Israelita at naghanda at lumabas para
makipagharap sa mga Arameo. Sa tapat nila
nagkampo ang mga Israelita na parang dala-
wang maliit na kawan ng kambing, samantalang
napuno naman ng mga Arameo ang buong
kapatagan. 28 Isang tao ng Diyos ang lumapit at
nakipag-usap sa hari ng Israel at sinabi sa
kanya: "Sinasabi ni Yawe: Dahil sinabi ng mga
Arameo na *Diyos ng kabundukan si Yawe at
hindi Diyos ng mga lambak*, kaya ilalagay ko sa
iyong mga kamay ang malaking hukbong ito at
malalaman ninyong ako si Yawe."

29 At pitong araw silang magkakatapatang
nakakampo. At sa ikapitong araw, nagsimula na
ang labanan. At sa loob lamang ng isang araw,
sandaanlibong kawal-Arameong lakad ang
pinatay ng mga Israelita. 30 Tumakas naman pa-
Afek ang mga natira, pero bumagsak ang pader
sa dalawampu't pitong libo sa mga natira.
Tumakas din si Ben-Hadad pa-lunsod at nag-
tago sa isang kuwarto sa loob. 31 Sinabi sa kanya
ng kanyang mga opisyal: "Nabalitaan namin
na maawain ang mga hari ng Israel. Magtatapi
kami ng sako at tatalian ang aming leeg at saka
namin pupuntahan ang hari ng Israel, at baka
sakaling iligtas niya ang inyong buhay."

32 Kaya nagtapi sila ng sako at nagtali ng
lubid sa kanilang mga leeg, at saka humarap sa
hari ng Israel at sinabi: "Ipinasasabi ng inyong
aliping si Ben-Hadad: Utang na loob, bayaan
ninyo akong mabuhay." At sumagot ito: "Buhay
pa ba siya? Kapatid ko siya." 33 Magandang
tanda ito para sa kanila kayat agad nilang sinalo
ang kanyang sinabi: "Oo, si Ben-Hadad na in-
yong kapatid." At sinabi ng hari: "Sige, dalhin
siya rito."
Humarap sa kanya si Ben-Hadad at pinasa-
kay naman niya sa kanyang karwahe. 34 Sinabi
ni Ben-Hadad sa kanya: "Isasauli ko ang mga
lunsod na inagaw ng aking ama sa iyong ama, at
makapagnenegosyo ka para sa iyong sarili sa
Damasco gaya ng ginawa ng aking ama sa
Samaria." Kayat sinabi ni Ahab: "Gawin mo ang
kasunduang ito at palalayain kita." Nakipag-
kasunduan nga siya kay Ben-Hadad at pinalaya
niya ito.
35 Dumating naman ang salita ni Yawe sa
isang kasamahan ng mga propeta, at sinabi nito
sa isa niyang kasamang propeta: "Tagain mo
ako." Ngunit ayaw niya itong tagain. 36 At sinabi
niya: "Dahil hindi mo dininig ang tinig ni Yawe,
pagkaalis mo rito'y papatayin ka ng leon." Uma-
lis nga ang propeta at may nasalubong siyang
leon, at pinatay siya niyon.
37 Nakakita ng isa pang kasamahan ang
propeta at sinabi niya rito: "Sige na, tagain mo
ako." Tinaga nga siya ng lalaking ito, at nasuga-
tan siya. 38 At umalis ang propeta at nagbalat-
kayo – may benda sa mga mata – tumayo sa
daan at hinintay ang hari. 39 Pagdaan ng hari,
sumigaw siya: "Mahal na hari! Ako na inyong
lingkod ay sumugod sa gitna ng labanan nang
may isang kawal na lumapit sa akin at dala ang
isang lalaki, at sinabing bantayan ko ang lala-
king iyon. At kapag nakatakas siya, buhay ko
ang magiging kapalit o magbabayad ako ng
isang baretang pilak. 40 Naging abala ako dito at
doon, at nawala ang lalaki." Sinabi sa kanya ng
hari ng Israel: "Ikaw na rin mismo ang nagsabi ng
hatol sa iyo."
41 Bigla nitong inalis ang benda sa kanyang
mga mata, at nakilala siya ng hari ng Israel na isa
pala siya sa mga propeta. 42 Sinabi ng propeta:
"Ito ang sinasabi ni Yawe. Dahil pinakawalan mo
ang lalaking ipinasya kong mamatay, buhay mo
ang kapalit ng kanyang buhay at bayan mo
naman ang kapalit ng kanyang bayan." 43 At
umuwi ang hari ng Israel sa kanyang palasyo sa
Samaria – galit at mabigat ang loob.

**Ubasan ni Nabot**

**21** • 1 May ubasan naman sa tabi ng
palasyo ni Ahab na hari ng Sa-
maria si Nabot na taga-Jezrael. 2 Sinabi ni
Ahab kay Nabot: "Ibigay mo sa akin ang
iyong ubasang katabi ng aking palasyo
para magawa kong taniman ng gulay.
At bibigyan kita ng mas mainam na uba-
san bilang kapalit nito. O kung gusto mo
naman, babayaran ko sa iyo ang halaga
nito."
3 Ngunit sinabi ni Nabot kay Ahab:
"Huwag nawang itulot ni Yawe na ibigay
ko sa iyo ang pamana ng aking mga ni-
nuno."
4 Kaya umuwi si Ahab na galit at ma-
bigat ang loob dahil sa sinabi sa kanya ni
Nabot na taga-Jezrael na hindi nito mai-
bibigay sa kanya ang pamana ng mga
ninuno nito. Kayat nahiga siyang naka-
harap sa pader at ayaw kumain. 5 Nilapi-
tan siya ni Izebel at sinabi: "Bakit mabigat
ang loob mo at ayaw mong kumain?"
6 Sumagot siya: "Kinausap ko si Nabot na
taga-Jezrael at hiniling kong ipagbili niya
sa akin ang kanyang ubasan o kung gusto
niya'y papalitan ko ng ibang ubasan. Pero
sinabi niyang hindi niya ibibigay sa akin
ang kanyang ubasan."
7 Sinabi naman ni Izebel na kanyang
asawa: "At ikaw pa naman ang hari ng
Israel! Bumangon ka't kumain at mag-
saya, ako ang magbibigay sa iyo ng uba-
san ni Nabot ng Jezrael."

---

• **21.**1 Iniingatan ni Nabot ang kanyang ubasan bilang paggalang sa pamana ng kanyang mga ninuno kaysa pansariling kaluwagan.

*Ideklara ninyo ang araw ng pag-aayuno* (b. 9). Tiyak na sinasamantala ni Izebel ang isang sakuna ng panahong iyon, tagtuyo o salot. Kailangang tawagin ng Matatanda ng lunsod ang lahat ng tao para sa isang solemneng pag-aayuno at pagtitipon. Doon nila hahanapin "kung sino ang nagdala ng parusang ito ng Diyos." Si Nabot ang dapat lumabas na may sala, kayat maipapapatay siya ni Izebel nang ayon sa batas.

*Pumatay ka't pagkatapos ay nangamkam.* Magkasinsama lamang ang krimen ni Ahab at ang ginawang pagpatay ni David kay Urias para makuha ang asawa nito (2 S 12). Pinupuntahan ni Elias si Ahab gaya ng ginawang pagpunta ni Natan para pagsabihan si David. At inilalahad din naman ang pagsisisi ni

8 Sumulat ng mga liham si Izebel sa
ngalan ni Ahab at tinatakan ang mga iyon
ng pantatak ni Ahab. Ipinadala niya ang
mga ito sa mga matatanda at mga kila-
lang tao sa lunsod ni Nabot. 9 Ito ang isi-
nulat ni Izebel sa mga liham: "Ideklara
ninyo ang araw ng pag-aayuno at litisin si
Nabot. 10 Kumuha kayo ng dalawang pa-
tapon na magpaparatang sa kanya sa ga-
nitong paraan: Sinumpa mo ang Diyos at
ang hari. At ilabas ninyo siya at batuhin
hanggang mamatay."

11 Gayon nga ang ginawa ng mga ma-
mamayan, mga matatanda at mga kila-
lang tao sa kanyang lunsod ayon sa itina-
gubilin sa kanila ni Izebel sa mga liham na
ipinadala niya sa kanila. 12 Nagdeklara
sila ng araw ng pag-aayuno at pinaupo si
Nabot sa harap ng bayan. 13 Dumating
ang dalawang patapon at naupong kaha-
rap ni Nabot, at pinaratangan ito sa harap
ng bayan: "Sinumpa ni Nabot ang Diyos
at ang hari!" Kayat dinala nila si Nabot sa
labas ng lunsod at doon binato hanggang
mamatay.

14 At ipinasabi nila kay Izebel na binato
na si Nabot at namatay. 15 Nang mabali-
taan ni Izebel na binato na si Nabot at
patay na, sinabi niya kay Ahab: "Tumin-
dig ka't angkinin na ang ubasang ayaw
ipagbili sa iyo ni Nabot na taga-Jezrael
sapagkat patay na siya ngayon." 16 Pag-
karinig ni Ahab na patay na si Nabot,
tumindig siya't nagpunta sa ubasan ni
Nabot na taga-Jezrael at inangkin iyon.

17 Dumating naman kay Elias ng Tisbe
ang salita ni Yawe. 18 "Tumindig ka't salu-
bungin si Ahab na hari ng Israel sa Sama-
ria. Nasa ubasan siya ngayon ni Nabot na
pinuntahan niya para angkinin. 19 Sabihin
mo sa kanya na ito ang sinasabi ni Yawe:
Pumatay ka't pagkatapos ay nangam-
kam. At sabihin mo ring ganito ang sina-
sabi ni Yawe: Hihimurin ng mga aso ang
dugo mo sa mismong lugar na ito kung
saan hinimod ng mga aso ang dugo ni
Nabot."

20 Sinabi ni Ahab kay Elias: "Naabutan
mo ako rito, kaaway ko." Sumagot si
Elias: "Inabutan kita sapagkat ginawa mo
ang masama sa paningin ni Yawe. Ito ang
salita ni Yawe: Kapahamakan ang hatid
ko sa iyo. 21 Uubusin ko ang iyong inapo
at lilipulin ko ang lahat ng lalaki sa iyong
angkan, alipin man o malaya sa Israel.

22 Maglalaho ang iyong angkan gaya ng
angkan ni Yeroboam na anak ni Nebat at
ng angkan ni Baasang anak ni Ahias
sapagkat ginalit mo ako at pinapagkasala
ang Israel. 24 Lalamunin ng mga aso ang
sinuman sa lipi ni Ahab na mamatay sa
lunsod, at kakanin naman ng mga ibon sa
langit ang mamamatay sa bukid. 23 May
salita rin si Yawe kay Izebel: Lalamunin ng
mga aso si Izebel sa may pader ng
Jezrael."

25 Walang katulad si Ahab na ipinagbili ang
sarili sa paggawa ng masama sa paningin ni
Yawe sa sulsol ng kanyang asawang si Izebel.
26 Kasuklam-suklam ang kanyang iginawi sa
pagsunod sa mga diyus-diyusan tulad ng mga
Amorreong pinalayas ni Yawe sa harap ng mga
Israelita.

27 Pagkarinig ni Ahab sa mga salitang ito,
winarak niya ang kanyang damit at nagsuot ng
sako. Nag-ayuno siya at nakasako kahit na sa
pagtulog, at laging nakatungo. 28 At dumating
ang salita ni Yawe kay Elias ng Tisbe: 29 "Nakita
mo bang nagpakababa si Ahab sa harap ko?
Dahil nagpakababa siya sa aking harap, hindi
ko ihahatid ang kapahamakan sa kapanahunan
niya. Sa panahon ng kanyang anak ko ihahatid
ang kapahamakan ng kanyang angkan."

**22** • 1 Tatlong taong walang digmaan ang
Aram at Israel. 2 Ngunit sa ikatlong taon,
dumalaw sa hari ng Israel si Yosafat na hari ng

---

Ahab. Ngunit tanging kay David lamang nangako ang Diyos na kailanma'y hindi "mapapalis" ang kanyang angkan.

• **22.**1 Ordinaryo na ang digmaan nang mga panahong iyon. Walang bayang puwedeng mabuhay kung hindi patuloy na makikipaglaban sa iba. Mga palatandaan lamang ng buhay ang lumaban, pumatay at mapatay (tingnan 2 S 11:1).

Sa isang pagkakataon ay nagkakaisa ang mga hari ng Juda at Israel. Magkaibang-magkaiba ang sinasabi ng salaysay tungkol sa dalawa.

Juda. 3 At sinabi ng hari ng Israel sa kanyang
mga opisyal: "Hindi ba ninyo alam na atin ang
Ramot ng Galaad? Ngunit wala tayong gina-
gawa para mabawi iyon mula sa kamay ng hari
ng Aram." 4 At tinanong niya si Yosafat: "Sa-
sama ka ba sa akin para lumaban sa Ramot ng
Galaad?" Sinabi ni Yosafat sa hari ng Israel:
"Kasama mo ako, ang aking bayan ng iyong
bayan, ang aking mga kabayo ng iyong mga
kabayo."

**Si Mikeas at ang mga bulaang propeta**

• 5 Sinabi ni Yosafat na hari ng Juda sa
hari ng Israel: "Sumangguni muna sana
tayo ngayon kay Yawe." 6 Kaya tinipon ng
hari ng Israel ang mga propeta, mga apat-
naraang lalaki, at tinanong sila: "Makiki-
pagdigma ba ako sa Ramot ng Galaad o
hindi muna?" Sumagot sila: "Sumalakay
kayo sapagkat ibibigay ito ni Yawe sa
inyong mga kamay."

7 At sinabi ni Yosafat: "Wala bang pro-
peta rito si Yawe na masasangguni natin?"
8 Sumagot ang hari ng Israel: "May isa
pang tao na matatanong natin hinggil sa
payo ni Yawe pero namumuhi ako sa
kanya sapagkat hindi na siya nakapag-
propesiya nang mabuti tungkol sa akin
kundi pawang masama. Siya si Mikeas na
anak ni Imla." Sinabi naman ni Yosafat:
"Huwag kang magsalita nang ganyan."

9 Kayat tinawag ng hari ng Israel ang
isang opisyal at sinabi rito: "Dalhin mo
dito kaagad si Mikeas na anak ni Imla."

10 Nakaupo sa kanya-kanyang trono
ang hari ng Israel at si Yosafat na hari ng
Juda, at nakadamit-hari sa giikang nasa
may pasukan ng Samaria. Nasa harap
nila ang mga propetang wala sa kanilang
mga sarili. 11 At si Sedekias na anak ni
Kenaana ay gumawa ng mga sungay na
bakal at sinabi: "Ito ang sinasabi ni Yawe:
Sa pamamagitan ng mga ito'y susuwagin
ninyo ang mga Arameo hanggang ma-
puksa."

12 Gayon din ang sinabi ng lahat ng
propeta: "Umahon kayo sa Ramot ng Ga-
laad at magtagumpay pagkat ibibigay
iyon ni Yawe sa mga kamay ng hari."

13 Sinabi naman ng sugong umalis para
tawagin si Mikeas: "Tingnan mo't nagka-
kaisa ang mga propeta sa pagsasabing
mapapabuti ang hari. Matulad nawa sa
kanilang salita ang sasabihin mo at mag-
salita nang mabuti." 14 Ngunit sumagot si
Mikeas: "Buhay si Yawe, at ang ipinasa-
sabi lamang sa akin ni Yawe ang sasabihin
ko."

15 Nang humarap siya sa hari, tinanong
siya nito: "Mikeas, makikipagdigma ba
kami sa Ramot ng Galaad o hindi?" At
sumagot si Mikeas: "Umahon ka't mag-

---

• 5. Hindi dapat ipagkamali ang Mikeas na ito sa isa pang propetang si Mikeas naman ng Morasti (tingnan Mikeas 1:1). Nakaupo sa may pintuan ng siyudad ang mga hari. Sa mga bayang iyon, ang pasukan ng siyudad ang kadalasa'y siya ring pintuan ng pader na nakapalibot sa bayan. Ito ang lugar na pinagtitipunan ng mga tao, gaya ng plasa sa ngayon. Doon din humahatol ang mga hukuman at dinidinig ang mga usapin. Doon nauupo nang kung ilang oras ang Matatanda sa kanilang pag-uusap.

Dalawang bagay ang gustong ituro ng tekstong ito:

– Walang pagkakamaling nagkakatotoo ang salita ng Diyos na nagbibigay-hatol sa angkan ni Ahab. Ang mga kasinungalingan ng mga propeta, ang estratehiya ng hari at ang mga pangyayaring di inaasahan – nagtutulung-tulong ang mga ito para magkatotoo ang ipinahayag: mamamatay si Ahab at hihimurin ng mga aso ang kanyang dugo.

– Ang paglalaban ng mga tunay at mga bulaang propeta.

Karaniwan nang miyembro ng mga pagsasama-sama ang mga propeta. Sinasagot nila ang mga sumasangguni sa kanila tungkol sa hinaharap at pinasisigla nila ang relihiyon ng sambayanan. Mahirap ang kanilang propesyon. Sapagkat kailangang sagutin ng nanghuhula ang itinatanong sa kanya, at magandang sagot lagi ang dapat niyang ibigay sa kanyang kliyente. Subalit ang Espiritu ni Yawe lamang ang tanging makakadiskubre sa hinaharap nang may katiyakan. Nangungusap siya kung kailan niya nais at madalas ay 'yong ayaw nating marinig ang kanyang sinasabi. Kaya naman maraming propeta ang hindi nagsasalita sa ngalan ng Diyos.

*Ang ipasasabi lamang sa akin ni Yawe ang sasabihin ko*. Katangian ng tunay na propeta ang maharap sa mga laban sa kanya.

*Nakita ko si Yawe* (b. 19). Maliwanag na sinasabi ng pangitain ni Mikeas na hindi dapat manalig ang sinuman sa mga pangarap at imahinasyon ng kanyang espiritu. Ni hindi rin siya dapat maniwala nang basta na lamang sa mga nagpapanggap na inspirado raw sila ng espiritu, gaya ng mga pulitiko, mga manunulat, mga negosyante at lahat ng nangangakong paliligayahin tayo.

tagumpay! Ibibigay iyon ni Yawe sa mga
kamay ng hari!" 16 Ngunit sinabi ng hari:
"Ilang beses ko bang sasabihin sa iyong
magsabi ka akin ng totoo sa ngalan ni
Yawe?"

17 At sinabi ni Mikeas: "Nakita ko ang
buong Israel na nakakalat sa mga bun-
dok, parang mga tupang walang pastol.
At sinabi ni Yawe: Wala nang amo ang
mga ito kayat pauwiin silang mapayapa."

18 Sinabi ng hari ng Israel kay Yosafat:
"Di ba't sinabi ko na sa iyong hindi siya
magpopropesiya nang mabuti tungkol sa
akin kundi kasamaan lamang?" 19 Suma-
got si Mikeas: "Pakinggan ninyo ang salita
ni Yawe. Nakita ko si Yaweng nakaupo sa
kanyang trono, kasama ang buong hukbo
ng langit na nakatayo sa kanyang kanan
at kaliwa. 20 At sinabi ni Yawe: Sino ang
eengganyo kay Ahab para umahon pa-
Ramot ng Galaad at nang mabuwal? Ga-
nito ang sinabi ng isa, at ganoon naman
ang sinabi ng isa pa. 21 At isang espiritu
ang lumapit at tumindig sa harap ni Yawe,
at sinabi: Ako ang eengganyo sa kanya.
22 Sinabi naman ni Yawe: Sa anong pa-
raan? At sinabi niya: Aalis ako't magiging
espiritu ng kabulaanan sa labi ng lahat
niyang propeta. At sinabi ni Yawe: Mae-
engganyo mo nga siya. Sige, gawin mo
ito!

23 At ngayo'y inilagay ni Yawe ang
espiritu ng kabulaanan sa labi ng lahat
mong propetang ito sapagkat niloob ni-
yang mapasama ka."

24 Nilapitan ni Sedekias na anak ni
Kenaana si Mikeas at sinampal ito at si-
nabi: "Paano umalis sa akin ang Espiritu
ni Yawe para magsalita sa iyo?" 25 Suma-
got si Mikeas: "Makikita mo sa araw na
magpalipat-lipat ka sa mga kuwarto para
magtago."

26 At iniutos ng hari ng Israel: "Dakpin si
Mikeas at ibalik kay Amon na pinuno ng
lunsod at kay Yoas na anak ng hari. 27 Sa-
bihin sa kanilang ganito ang sinasabi ng
hari: Ibilanggo ang lalaking ito, at tinapay
lamang at tubig ang ipakain sa kanya
hanggang sa matagumpay kong pagba-
balik."

28 At sinabi ni Mikeas: "Kung babalik
kang matagumpay, hindi nga nagsalita si
Yawe sa pamamagitan ko."

**Pagkamatay ng hari ng Israel**

29 Umahon sa Ramot ng Galaad ang
hari ng Israel at si Yosafat na hari ng Juda.
30 Sinabi ng hari ng Israel kay Yosafat:
"Magbabalatkayo ako bago magsimula
ang labanan, pero isuot mo ang iyong
damit-hari." Nagbalatkayo nga ang hari
ng Israel saka pumunta sa labanan.

31 Samantala, iniutos naman ng hari ng
Aram sa tatlumpu't dalawang kapitan ng
kanyang mga karwahe: "Huwag kayong
makikipaglaban kaninuman, maliit man o
malaki, kundi sa hari ng Israel lamang."
32 Nang makita ng mga kapitan ng mga
karwahe si Yosafat, naisip nilang "Tiyak
na siya ang hari ng Israel." Kayat siya ang
hinarap nila para salakayin. Pero nang
sabihin ni Yosafat ang sigaw-pandigma,
33 nalaman ng mga kapitan ng mga kar-
wahe na hindi siya ang hari ng Israel kayat
hindi na nila siya hinabol.

34 Isang Arameo naman ang basta na
lamang pumana, at tinamaan nito ang
hari ng Israel sa pinaghuhugpungan ng
kanyang armor. Sinabi ng hari sa nagpa-
patakbo ng kanyang karwahe: "Bumalik
ka't ilabas ako sa labanan pagkat nasu-
gatan ako."

35 Tumindi ang labanan nang araw na
iyon. Nakasandal ang hari sa kanyang
karwahe paharap sa mga Arameo. Uma-
gos ang dugo mula sa sugat niya hang-
gang sa sahig ng kanyang karwahe. At
namatay siya kinahapunan.

36 Pagkalubog ng araw, umalingaw-
ngaw ang sigaw sa buong hukbo: "Bawat
isa sa kanyang lunsod, bawat isa sa kan-
yang bayan! 37 Patay na ang hari!"

Patay nang iniuwi ang hari sa Samaria
at doon inilibing. 38 Nilinis nila ang kar-

wahe sa tangke ng tubig sa Samaria. At
hinimod ng mga aso ang kanyang dugo,
samantalang naliligo roon ang mga ba-
baeng bayaran, ayon sa salitang binigkas
ni Yawe.

• 39 Ang iba pang tungkol kay Ahab at lahat
niyang ginawa, ang tungkol sa bahay na garing
at ang lahat ng lunsod na kanyang itinayo ay
nasa Mga Pangyayari sa mga Hari ng Israel. 40 At
nahimlay si Ahab sa piling ng kanyang mga
ninuno at ang kanyang anak na si Ocozias ang
nagharing kahalili niya.

41 Nagsimulang maghari sa Juda si Yosafat
na anak ni Asa sa ikapat na taon ng paghahari
ni Ahab sa Israel. 42 Tatlumpu't limang taon siya
nang magsimulang maghari, at dalawampu't
limang taon siyang naghari sa Jerusalem. Si
Azubang anak ni Silhi ang kanyang ina. 43 Si-
nundan niya ang yapak ni Asang kanyang ama,
at hindi lumayo rito sa paggawa ng tama sa
paningin ni Yawe. Ngunit hindi pa rin nawala ang
mga altar sa burol, at nag-aalay pa rin at nag-
susunog ng insenso roon ang sambayanan.
44 Nagkaroon ng kapayapaan sa pagitan nina
Yosafat at ng hari ng Israel.

45 Ang iba pang tungkol kay Yosafat, ang
kanyang kagitingan at ang kanyang pakikipag-
digma ay nasa *Mga Pangyayari sa mga Hari ng
Juda.*

46 Pinalayas din niya sa lupain ang mga lala-
king nagbibili ng kanilang sarili sa mga samba-
han na nalabi nang nabubuhay pa si Asa na
kanyang ama. 47 Walang hari noon sa Edom
kundi isang gobernador ang siyang namamaha-
la roon. 48 Gumawa si Yosafat ng mga barkong-
Tarsis para maglayag pa-Ofir sa paghanap ng
ginto pero hindi sila nakarating dahil nawasak
ang mga barko sa Ezion-Geber. 49 Noo'y sinabi
kay Yosafat ni Ocozias na anak ni Ahab: "Pasa-
mahin mo sa mga barko ang aking mga tauhan
sa iyong mga tauhan." Pero umayaw ni Yosafat.

50 Nang mahimlay si Yosafat sa piling ng
kanyang mga ninuno, inilibing siya sa lunsod ni
David na kanyang ama, at si Yoram ang nagha-
ring kahalili niya.

51 Sa ikalabimpitong taon ng paghahari ni
Yosafat sa Juda, nagsimula namang maghari sa
Israel mula sa Samaria si Ocozias na anak ni
Ahab. Dalawang taon siyang naghari sa Israel.

52 Ginawa niya ang masama sa paningin ni
Yawe, at sinundan ang mga yapak ng kanyang
ama't ina at ni Yeroboam na anak ni Nebat na
siyang nagbulid sa Israel sa pagkakasala. 53 Pi-
naglingkuran niya't sinamba si Baal, at ginalit si
Yaweng Diyos ng Israel gaya ng ginawa ng
kanyang ama.

---

• 39. Nagbibigay-daan ang balitang ito tungkol kay Ahab para isipin nating namatay siya nang gayon na lamang. Mapapansin na ang lahat ng naunang salaysay ay tungkol sa *hari ng Israel* at minsan lamang binanggit si Ahab sa 22:20. Tiyak na si Yoram na anak ni Ahab (2 H 9:14-26) ang tinutukoy ng salaysay na ito sa simula. At sa kanya natupad ang propesiya ni Elias sa 1 H 21:21.